Strengthened Senior High School

Lesson Exemplars for Filipino 1 (Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino)

ACADEMIC ELECTIVE

Government Property
NOT FOR SALE

Modelong Banghay-Aralin sa Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng ***Strengthened Senior High School Curriculum***. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Sigrid F. Tibordo, Niel Orven A. Talavera, Gloria C. Sabanal, Mc. Gay M. Sanggayan, Jennifer V. Marangi, Ignacio L. Jubahib Jr., Joshua A. Ballon, Lorenz C. Almendras, Aldimar B. Uy, Gesselle S. Cambia, at Hazel O. Malto

Tagasuri ng Nilalaman: Modem O. Demua, Lyn Vincent J. Balatero, Romulo N. Peralta, Evelyn P. Pasana, Reynald P. Arnado, Rose C. Cox, at Marvin R. Palima

Konsultant: **Benita Balla-Hugo**
Bicol University

Learning Area Specialist: **Jefferson V. Torres**
Senior Education Program Specialist

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/sshsfeedbackform** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Kahulugan, Kahalagan, at Katangian ng Wika **1**

Gamit at Tungkulin ng Wika **23**

Barayti ng Wika at Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo **46**

Pag-unlad ng Wikang Filipino, Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas **66**

Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento **84**

Konseptong Pangkomunikasyon **110**

Mga Kakayahang Komunikatibo **132**

Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't ibang Disiplina **155**

Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng Diskurso **174**

Kritikal na Pagtalakay Sa mga Napapanahong Isyung Panlipunan **206**

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Kahulugan, Kahalagan, at Katangian ng Wika**	**Modelong Banghay-Aralin**	1
Manunulat	Joshua A. Ballon at Lorenz C. Almendras, PhD		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa: *Mga konsepto ng komunikasyon at mga praktikal na aplikasyon nito sa kanilang mga magiging propesyon.* Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang: **Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, at katangian ng wika sa komunikasyon at ang papel nito sa lipunan**.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	*Selected writings of Edward Sapir in language, culture, and personality.* 1949.https://doi.org/10.1525/9780520324077. *Halpern, A. M., Benjamin Lee Whorf, John B. Carroll, and Stuart Chase. 1956a. "Language, Thought, and Reality." American Sociological Review 21 (5): 643. https://doi.org/10.2307/2089121.* *Sledd, James, and H. A. Gleason. Linguistics and English Grammar. Language 42, no. 4 (1966): 797–809. https://doi.org/10.2307/411833.* ***Aklat*** *Almario at ng Komisyon sa Wikang Filipino (2015). KWF Manwal sa Masinop na* *Pagsulat. Gusali Watson, 1610 JP Laurel St., Malacañang Palace Complex, 1005 San Miguel, Maynila. p. 1-3.* *Black, M. (1962) ayon sa katalogo, si Max Black ang may akda ng The Importance of Language, Prentice-Hall.* *Henry Allan Gleason, kilala bilang H. A. Gleason, Jr. (1961 ang taon ng muling*

<table>
<tr><td></td><td colspan="2">paglathala ng kanyang aklat), An Introduction to Descriptive Linguistics, Rinehart & Winston.
Santos, L. K. (1939). Balarila ng Wikang Pambansa. Surian ng Wikang Pambansa.
Mabilin, et.al. (2012). Transpormatibong Komunikasyon sa Akademikong Filipino.
Mutya Publishing House, Inc. 105 Engineering Roadd, Araneta University Village, potrero, Malabon City. p. 3-15.
Mabilin, E.R., Mendillo, B.M. Jr., at Cruz, M.F. (2011). Pilosopiya ng Pagbasa at Pagsulat para sa Esensiyal na Pananaliksik. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.

Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://drive.google.com/file/d/11U84eDMGBPwzbNCqU0kRIMhhT9LqHOga/view?usp=sharing</td></tr>
<tr><td>III. NILALAMAN</td><td colspan="2">A. Kahulugan, Kahalagan, at Katangian ng Wika
B. Katangian ng Wika</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td colspan="2">Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan at katangian ng wika sa komunikasyon at ang papel nito sa lipunan.
1. Nakikilala ang kahulugan at kahalagahan ng wika sa komunikasyon batay sa mga isinagawang pananaliksik ng mga lingguwista at iskolar
2. Naipaliliwanag ang katangian ng wika sa komunikasyon at ang papel nito sa lipunan
3. Nakasusulat ng isang maikling talata hinggil sa kahalagahan at katangian ng wikang Filipino sa papel nito sa lipunan.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman
Opsiyon A: Linguistic Landscape Tour
Panuto: Hatiin ang klase sa mabilisang talakayan at ipasagot ang sumusunod para sa bawat karatula (signs):
1. Sino ang kinakausap? (Sino ang target audience?)
2. Ano ang mensahe? (Direkta ba o may tono?)
3. Bakit iyon ang wikang ginamit? (Bakit Ingles sa mall pero Tagalog sa babala ng kalsada?)
4. Magpakita ng apat (4) na karatula o sign ng iba’t ibang karatula (signs) na makikita sa Pilipinas.</td><td>Para sa Opsiyon A:
Linguistic Landscape Tour
● Pagkatapos ang gawain, sabihin (o gumawa ng sarili) *segue upang mapasok ang layunin sa klase.
Ang gawaing ito ay kabilang sa Analysis at Development ng ADDIE dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na suriin at unawain ang paggamit ng wika sa mga karatula sa pamamagitan ng pagtukoy sa</td></tr>
</table>

	Exclusive Sale: Up to 50% Off **Tapsilog 50 petot, Extra Rice 10** **Pambansang Museo ng Pilipinas** **Bawal Pumarada Rito. Hihilahin ang Sasakyan.** Pamprosesong Tanong: 5. Bakit kapag 'sosyal' o 'pangmayaman' ang lugar, Ingles ang madalas na wika? Ano ang sinasabi nito tungkol sa tingin natin sa ating sariling wika?" 6. Bakit mas nakakatakot o mas sinusunod ang babala kapag nakasulat sa Filipino (hal. Bawal Umihi Rito) kaysa sa Ingles (hal. No Urinating)?" 7. May nakikita ba kayong karatula na nakasulat na nasa katutubong wika mula sa inyong lugar? Kung wala, bakit kaya? sa tingin niyo? Opsiyon B: **Ang Huling Katutubo** **Panuto:** 8. Paganahin ang iyong imahinasyon, gawing gabay ang pahayag na naka-aytalisado: *“Ikaw ang huling tao sa buong mundo na nakakaalam ng wikang Tagalog (o inyong mother tongue). Lahat ng tao sa paligid mo ay marunong mag-Ingles, pero walang nakakaintindi sa iyo kapag sinabi mong 'Mahal kita,' 'Sayang,' o 'Tadhana.' Walang*	target na awdyens, mensahe, at dahilan ng pagpili ng wika. Kasabay nito, ito rin ay bahagi ng Development dahil dito isinasagawa ang aktibong pagpoproseso ng pagkatuto gamit ang konkretong halimbawa (mga karatula) upang mapalalim ang pag-unawa sa gamit ng wika sa tunay na konteksto ng lipunan. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 1* *"Ang tawag sa nakita ninyo ay Linguistic Landscape. Ang wika ay hindi lang nakatira sa libro; nakatira ito sa pader, sa kalsada, at sa mga tindahan.* Para sa Opsiyon B: **Ang Huling Katutubo** • Maaaring mag-isip ng iba pang mga salita. • Kung may internet, ipakita ang isang maikling clip o balita tungkol sa "The Last Speaker of Bo" o ang pagkamatay ng isang katutubong wika sa Pilipinas (gaya ng mga *endangered languages* sa Palawan o Sierra Madre). Ang gawaing ito ay kabilang sa **Analysis** at **Evaluation** ng ADDIE dahil hinihikayat nito

	translation ang sakit o saya na nararamdaman mo sa paraang alam mo." 9. Magbigay ng tatlong (3) salitang Filipino na walang direktang katumbas sa Ingles at ipaliwanag ito sa kanila. Mga Halimbawa: gigil, bayanihan, liwayway 10. Itanong sa klase: "Kung mawawala ang salitang 'Gigil' sa mundo, mawawala rin ba ang pakiramdam na iyon? Paano mo ito ipaliliwanag sa iba kung wala ka nang tawag dito?" **Pamprosesong Tanong:** 11. Kapag namatay ang wika ng isang komunidad, namamatay din ba ang kanilang kasaysayan at tradisyon? 12. Bakit sa tingin ninyo mas pinipili ng mga kabataan ngayon na mag-Ingles o gumamit ng ibang wika kaysa sa sariling dayalekto?" 13. Ano ang mawawala sa Pilipinas kung isang araw ay magising tayo na puro Ingles na lang ang alam natin?" 2. Paglalahad ng Layunin Opsiyon A: **MisyoNatin** Panuto: Sundan ang mga gabay upang mailahad ng malinaw ang mga layunin. 1. Ang Layunin ng "Pag-unawa" (The Scholar's Goal) **Paano sabihin:** *"Hindi sapat na alam nating wika iyon. Ang unang misyon natin ay tingnan ang wika sa mata ng mga eksperto. Bakit nga ba sabi ng mga lingwista ay 'masistemang balangkas' ito? Sa dulo, dapat kaya ninyong ipaliwanag ang wika gaya ng isang iskolar."*	ang mga mag-aaral na gamitin ang imahinasyon, magbigay ng halimbawa ng mga salitang Filipino na may malalim na kahulugan, at magsuri ng ugnayan ng wika, damdamin, at kultura sa pamamagitan ng pamprosesong tanong. Para sa Opsiyon A: **MisyoNation** Sabihin ito sa klase: *"Class, mahusay ang inyong naging pagsusuri sa ating paligid. Ngunit ang ating paglalakbay ay hindi nagtatapos sa pagtingin lang sa mga karatula. Ngayong araw, mayroon tayong tatlong misyong dapat matupad:"* Sa **Analysis**, dahil hinihikayat nito ang pag-unawa at pagsusuri sa mga katangian ng wika Sa **Development**, dahil inaasahang ginagamit na ang konseptong ito bilang bahagi ng pagbuo ng talakayan o instruksyong magpapalalim sa pagkatuto Maaaring mong palawakin ang iba't ibang mga kahalagahan mula sa pag-aaral ng lingguwistika at iskolar. Ang gawaing ito ay pangunahing kabilang sa **Analysis at Evaluation** ng

	Target: Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan batay sa pananaliksik ng mga lingguwista at iskolar. 2. Ang Layunin ng "Pagsusuri" (The Social Critic's Goal) **Paano sabihin:** *"Pangalawa, aalamin natin ang mga 'hidden features' o katangian ng wika. Bakit ito nagbabago? Bakit ito arbitraryo? At higit sa lahat, ano ang papel nito sa ating lipunan bakit ito ang ginagamit nating 'pandikit' para magkaintindihan?"* Batay sa pangkabuoang kahalagahan ng wika sinasabing ang wika ay mahalaga dahil ito ang pangunahing paraan ng tao upang magpahayag ng iniisip, nadarama, at makipag-ugnayan sa iba. Sa pamamagitan ng wika, naipapasa ang kaalaman, kultura, at pagkakakilanlan ng isang lipunan. Bilang mag-aaral magbigay kapa ng ilang mga kahalagahan: 1. Kahalagahan ng Wika Sarili • Pagpapahayag ng damdamin at saloobin ____________________________ ____________________________ 2. Kahalagahan ng Wika sa Kapuwa • Nagpapalalim ng ugnayan ____________________________ ____________________________ 3. Kahalagahan ng Wika sa Paaralan bilang Komunidad • Kasangkapan sa Pagkatuto ____________________________ ____________________________ 14. Kahalagahan ng Wika sa mga Usaping Panlipunan • Nagpapahayag ng Opinyon at Paninindigan ____________________________ ____________________________ 5. Kahalagahan ng Wika sa Pagpapaunlad ng Bansa • Nagpapalakas ng Pambansang Identidad ____________________________	ADDIE. Sa **Analysis**, hinihikayat ang mga mag-aaral na unawain at suriin ang kahalagahan ng wika bilang midyum ng pagpapahayag, pakikipag-ugnayan, at pagpapasa ng kultura at kaalaman. Sa **Evaluation**, inaasahan silang makapagbigay ng sariling pag-unawa at paglalapat ng mga kahalagahang ito bilang paraan ng pagtataya sa lalim ng kanilang pagkatuto at pagninilay sa papel ng wika sa lipunan. Para sa Opsiyon B: **Tradisyonal na Paglalahad** Sa gawaing ito ng paglikha, nalilinang dito ang **communication skills, metacognition (pagmumuni-muni sa sariling pagkatuto), at civic awareness**, dahil inuugnay nila ang wika sa tunay na kalagayan ng lipunang Pilipino. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto dahil naiaangkop nila ang konsepto ng wika sa kanilang sariling karanasan at pananaw bilang kabataan.

	___________________________ **Target:** Nakasusulat ng isang maikling talata hinggil sa kahalagahan at katangian ng wikang Filipino sa papel nito sa mga sitwasyong pangwika. 3. Ang Layunin ng "Paglikha" (The Writer's Goal) **Paano sabihin:** *"Ang huling misyon ay ang pinakamahalaga: Ang boses ninyo. Pagkatapos nating matutuhan ang lahat, susulat kayo ng sarili ninyong pagsusuri. Bilang mga kabataang Pilipino, ano na nga ba ang lagay ng ating wika ngayon? Kayo ang gagawa ng status report."* **Target:** Nakasusulat ng maikling talata hinggil sa sitwasyon ng wikang Filipino. Opsiyon B: **Tradisyonal na Paglalahad** Ipabasa sa klase ang mga layunin para sa aralin: 1. Nakikilala ang kahulugan at kahalagahan ng wika sa komunikasyon batay sa mga isinagawang pananaliksik ng mga lingguwista at iskolar 2. Naipaliliwanag ang katangian ng wika sa komunikasyon at ang papel nito sa lipunan 3. Nakasusulat ng isang maikling talata hinggil sa kahalagahan at katangian ng wikang Filipino sa papel nito sa lipunan.	
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa Opsiyon A: **Laboratoryo ng Sariling Unawa** Panuto: Bigyan ng malalim na pagpapakahulugan at pagpapaliwanag ang wika batay sa iyong sariling pagkakaunawa. Ilagay sa kahon ang iyong sagot.	Para sa Opsiyon A: **Laboratoryo ng Sariling Unawa** *Tala: Sa gawaing ito ay malalaman kung ano ang paunang kaalaman tungkol sa wika. Maaaring ang guro ay lumikha ng sarili niyag bersyon ayon sa konteksto ng mag-aaral.*

	 Pamprosesong Tanong: 1. Paano mo mailalarawan ang wika bilang kasangkapan sa pakikipag-ugnayan at pagpapahayag ng damdamin at kaisipan? ____ ____ 2. Sa anong paraan nakaaapekto ang wika sa pagbuo ng iyong pagkakakilanlan at pakikipagkapwa sa lipunan? ____ ____ 3. Bakit mahalaga ang wika sa pag-unawa at pagpapanatili ng kultura at kaalaman ng isang komunidad? ____ ____ Opsiyon B**: Wik-Ebolusyon** Panuto: Magbigay ng mga salitang ginagamit sa kasalukuyang panahon. Ipakita ang ebolusyon ng pagpapahayag ng isang damdamin o bagay sa lipunang Pilipino. 1. Noon: Irog/Sinta (Pormal/Tradisyunal) 2. Naging: Boyfriend/Girlfriend / Kasintahan (Hiram na salita)	Ang gawaing ito ay nabibilang sa bahagi ng **Analysis** at **Evaluation** ng ADDIE dahil hinihikayat nito na magbigay ng sariling pagpapakahulugan sa wika Malinaw para sa guro na malilinang sa mga mag-aaral mga kasanayang: (1) **Self-awareness at Personal Development** pag-unawa sa sariling identidad; (2) **Collaboration and Interpersonal Skills** pakikipag-ugnayan sa kapwa; (3) **Cultural Awareness** pagkilala sa papel ng wika sa lipunan at kultura; at (4) **Critical Thinking** pagsusuri sa impluwensiya ng wika sa sarili at sa iba. Para sa Opsiyon B: **Wik-Ebolusyon** Hihikayatin ng guro ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga salitang ginagamit nila sa kasalukuyan, lalo na sa pagpapahayag ng damdamin, at ihahambing ito sa mga salitang ginamit noon at sa mga hiram na salita sa paglipas ng panahon. Mula sa kanilang pagbabahagi, gagabayan sila ng guro na maunawaan na ang wika ay dinamiko at sumasalamin sa kultura, panahon, at

	3. Ngayon: MU/Situationship/Jowa/Forda Person (Dinamiko/Millennial-Gen Z Slang) Pagsusuri: ● Hatiin ang klase sa mabilisang *brainstorming*. Hingian sila ng iba pang halimbawa ng mga salitang nagbago ang anyo o kahulugan (hal. Bongga, Petmalu, Lodi). ● Itanong sa mag-aaral kung bakit nagbabago ang mga salitang ito? Ano ang sinasabi nito tungkol sa ating Kultura at Lipunan ngayon? 2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **I. Kahulugan ng Wika sa Lente ng Lingguwista** Binanggit ni **Sapir (1921**) na ang wika ay pantao at likas ang paggamit ng tao sa wika. Ginagamit niya ang wika bilang kasangkapan sa sosyalisasyon na kung walang wika, walang iiral na relasyong sosyal. Ayon kay **Whorf (1956**), ang wika ay binubuo ng mga payak na salitang nalilikha dahil sa pagtugon ng tao sa kaniyang kapaligiran. Binigyang-diin din ni **Gleason (1988**) na ang wika ay isang masistemang balangkas ng mga sinasasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong kabilang sa isang kultura. "Ang wika ay binubuo ng mga salitang nagbibigay kamalayan at ideya batay sa kultura at paniniwala…" **(Mabilin, 2010)** Ang wika ay naglalaman ng mga salitang nagpapahayag ng kaalaman at ideya ng tao. Nakabatay ang kahulugan ng mga salitang ito sa kultura at paniniwala ng isang lipunan. Kaya't sa pamamagitan ng wika, naipapasa at naipapakita ang paraan ng pamumuhay at pag-iisip ng isang grupo ng tao.	pagkakakilanlan ng mga gumagamit nito. Sa bahaging ito ng pagtatalakay sa bagong konsepto inaasahang umunlad ang mga mag-aaral sa malalim na pag-unawa sa kalikasan at kahalagahan ng wika batay sa iba't ibang pananaw ng mga iskolar. Magagabayan mo ang mga mag-aaral hindi lamang simpleng kasangkapan sa komunikasyon, kundi isang pantao, sistematiko, arbitraryo, at nakaugat sa kultura at lipunan. Gagabayan ang mga mag-aaral sa Matututuhan nilang kilalanin ang papel ng wika sa pagbuo ng ugnayang panlipunan, sa pagpapahayag ng kaalaman at paniniwala, at sa pagpapanatili ng identidad ng isang lahi. Sa huli, ang pag-unlad na ito ay magtutulak sa kanila na maging mas mapanuri at responsableng gumagamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng kanilang buhay. Sa pagtatalakay ng katangian ng Wika ay maaaring gamitin ang grapikong pantulong bling pagpapalawak ng talakayan. *Matatamo sa bahaging ito ang inunpack kasanayang pampagkatuto na:* 1. Nakikilala ang kahulugan at kahalagahan ng wika

"Ang wika ay kumakatawan sa kung ano ang sinasabi ng isang tao at kung ano ang kanyang pagkatao." **(Almario, 2011)**

"Ang wika ay pinagkasunduan ng bawat isa upang lumikha ng katawagan at kahulugang sumasagisag sa pinagmulang lahi." **(Lope K. Santos, 1965)**

II. Katangian ng Wika Batay kay Gleason



May masistemang balangkas. Konsistent at sistematikong nakaayos sa isang tiyak na balangkas. Hal. bisita maaga kasalan dumating hindi mahuli (Dumating nang maaga ang mga bisita upang hindi mahuli sa kasalan)

Binubuo ng mga tunog. Ang mga tunog ay nagagawa sa pamamagitan ng mga sangkap sa pagsasalita

Arbitraryo. Lahat ng wika ay napagkakasunduan ng mga gumagamit nito.

Pinipili at isinasaayos. Mahalaga sa isang nakikipagtalastasan na piliing mabuti at isaayos ang mga salitang gagamitin upang makapagbigay ito ng malinaw na mensahe sa kausap. Sa lahat ng pagkakataon, pinipili natin ang wikang ating gagamitin.

May Kakanyahan. Lahat ng wika ay may sariling set ng palatunugan, leksikon at estrukturang panggramatika. May

sa komunikasyon batay sa mga isinagawang pananaliksik ng mga lingguwista at iskolar

2. Naipaliliwanag ang katangian ng wika sa komunikasyon at ang papel nito sa lipunan

Tala: Ang guro ay maaaring gumamit ng mga halimbawa batay sa wikaing tanyag sa kanilang konteskto.

Para sa Opsiyon A:
Ang Hatol ng Dalubwika
Sa bahaging ito ng paglinang ng kabihasaan tinutukoy sa gawaing ito ay nakapaloob sa **Development** at **Implementation** ng ADDIE at naglalayong malinang ang iba't ibang kasanayan ng mga mag-aaral tulad ng critical thinking at analytical skills sa paglalapat ng teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason sa mga sitwasyon, pati na rin ang conceptual understanding ng wika. Kasabay nito, napauunlad din ang communication skills, collaboration, at problem-solving skills dahil sa pangkatang talakayan at

	katangian ang isang wika na komon sa ibang wika samantalang may katangian namang natatangi sa bawat wika. **Dinamiko.** Patuloy na nagbabago_at yumayaman ang wika. Nagbabago-bago ang kahulugan ng isang salita na dumaragdag naman sa leksikon ng wika. **Ginagamit.** Ang wika ay kasangkapan sa komunikasyon at katulad ng iba pang kasangkapan, kailangang patuloy itong ginagamit. Ang isang kasangkapang hindi ginagamit ay nawawalan ng saysay. **Nakabuhol sa Kultura**. Maraming salita na hindi maisalin sapagkat wala silang katumbas sa ibang wika. Dahil sa ganitong pagkakataon, napipilitang humiram ng salita mula sa isang wika sapagkat hindi komon ang salita sa kultura ng wikang patutunguhan. **III. Kahalagahan ng Wika sa Lipunan** **Pansarili.** Nakapaloob dito ang indibiduwal na kapakinabangan. Halos lahat ng teorya ng pinagmulan ng wika ay nag-ugat sa sariling kapakinabangan: pagpapahayag ng damdamin, iniisip at maging ng mismong pagkatao. **Panlipunan.** Wika ang dahilan kung bakit minamahal ng sinumang nilalang ang kaniyang sariling kultura. Ayon kay San Buenaventura (sa aklat nina Resuma at Semorlan, 2002). Sa madaling salita, ang wika ang kaisipan ng isang bansa kaya't kailanman, ito'y tapat sa pangangailangan at mithiin ng sambayanan. Bawat salitang ipinahahayag sa isang lipunan ay katumbas ng kanilang mga tanging pakahulugan sa buhay. Taglay nito ang mga haka-haka at katiyakan ng isang bansa. **Global Interaksiyonal.** Ang kahalagahang ito ay kailan lamang ganap na napag-uukulan ng pansin. Naging mainit ang isyung ito nang magkaroon ng 2001 Revisyon ng Alfabeto. Maraming nagtaas ng kilay sa mga letrang F, J, at Z bilang mga letrang	pagbabahagi ng ideya, kaya't nagiging mas makabuluhan ang pagkatuto at pag-unawa sa ugnayan ng wika at lipunan. Para sa Opsiyon A: **Wika-Bihasaan** Ang gawaing ito ay kabilang sa **Development** at **Evaluation** ng ADDIE dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na hindi lamang unawain ang mga konsepto kundi ilapat ang mga ito sa tunay na sitwasyon sa pamamagitan ng paggawa ng Concept Matrix Table. Sa prosesong ito, nalilinang ang critical thinking, information literacy, at analytical skills habang naghahanap sila ng ebidensiya mula sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino, at kasabay nito ay napauunlad din ang communication at synthesis skills sa maayos na pag-oorganisa at pagpapaliwanag ng kanilang mga ideya bilang anyo ng pagtataya sa kanilang pagkatuto. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 2*

	maaari nang gamiting sa pagbaybay ng mga karaniwang salitang hiram. Malinaw na nakasaad sa Konstituyon ng 1987 na ang Wikang Filipino ay ang wikang pambansa at ang Ingles ang wikang internasyunal. Dahil sa nangyaring rebisiyon, lumilitaw na "lumalapit" ang baybay ng maraming salitang Filipino sa mga salitang Ingles at iba pang banyagang wika. 3. Paglinang ng Kabihasaan Opsiyon A: **Ang Hatol ng Dalubwika** Panuto: a. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat (Pangkat Sapir, Whorf, at Gleason). b. Bigyan ang bawat pangkat ng isang "Case Card" o senaryo. c. Kailangan nilang ipaliwanag ang senaryo gamit ang teorya ng lingguwistang nakatalaga sa kanila. Mga Posibleng Senaryo: Senaryo A (Para kay Sapir): Isang Pilipinong lumaki sa ibang bansa na hindi marunong mag-Filipino ang nahihirapang makisalamuha sa kaniyang mga pinsan sa probinsiya. *Inaasahang Sagot: Ipapaliwanag ng mag-aaral na ayon kay Sapir, ang wika ay kasangkapan sa sosyalisasyon; dahil walang wika, walang relasyong sosyal na nabubuo.* Senaryo B (Para kay Whorf): Bakit ang mga Eskimo ay may maraming salita para sa "snow" samantalang ang mga Pilipino naman ay maraming salita para sa "kanin" (palay, bigas, kanin, bahaw, tutong)? *Inaasahang Sagot: Ayon kay Whorf, ang wika ay nilikha bilang pagtugon ng tao sa kanyang kapaligiran.* Senaryo C (Para kay Gleason)**:** Isang dayuhan ang naguguluhan kung bakit ang "aso" sa Pilipinas ay "dog" sa Ingles at "perro" sa Kastila (kung lalake at “perra” kung babae).	

Inaasahang Sagot: Gagamitin ang konsepto ni Gleason na ang wika ay arbitraryo o pinagkasunduan ng isang kultura.

Opsiyon B: **Wika-Bihasaan**
Panuto:

a. Ang bawat mag-aaral o kapareha ay gagawa ng isang "Concept Matrix Table".
b. Hindi lamang nila ibibigay ang kahulugan, kundi kailangang magbigay ng ebidensiya mula sa totoong mga pangyayari batay sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino.

Narito ang sample ng *Concept Matrix Table*.

Konsepto	**Real-World Evidence (Halimbawa sa kasalukuyan)**	**Bakit ito mahalaga sa lipunan?**
Dinamiko	Hal. Paggamit ng *"Forda Person"*, *"Lods"*, o *"Awit"* sa social media.	Hal. Ipinapakita nito na ang wika ay yumayaman at hindi namamatay (Global Interaksiyonal).
Nakabuhol sa Kultura	Hal. Ang salitang *"Pamaso"* o *"Panghi"* na walang direktang katumbas sa Ingles.	Hal. Nagpapanatili ito ng pagmamahal sa sariling kultura (Panlipunan).
Pinipili at Isinasaayos	Hal. Pagpili ng pormal na salita kapag nag-a-*apply* ng trabaho kaysa sa pakikipag-*chat* sa kaibigan.	Hal. Upang makapagbigay ng malinaw na mensahe at maiwasan ang maling interpretasyon (Pansarili).
Global Interaksyunal	Hal. Ang pagbaybay ng *"Fajita"*, *"Zamboanga"*,	Hal. Pinapadali nito ang pakikipag-

<table>
<tr>
<td></td>
<td><table><tr><td></td><td>o "Journal" gamit ang mga letrang F, J, at Z.</td><td>ugnayan ng Filipino sa internasyonal na komunidad (1987 Konstitusyon).</td></tr></table></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan</td>
<td>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon
Opsiyon A: Wika-Saysay (Pagbasa ng Sanaysay)
Panuto: Basahin ang nilalaman ng maikling sanaysay tungkol sa katangian ng wika. Matapos basahin ay bigyang pagpapaliwanag ang bawat aytem. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Ang wika ay isang mahalagang bahagi ng buhay ng tao. Isa ito sa mga pangunahing kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kapuwa. Taglay ng wika ang ilang mga katangiang nagiging dahilan kung bakit ito ay buhay, dinamiko, at mahalaga sa lipunan.

Una sa lahat, ang wika ay masistemang balangkas. Ibig sabihin, may ayos at kaayusan ito, may tamang pagkakasunod-sunod ng mga tunog, salita, at pangungusap upang maunawaan ang mensahe. Isa pa, ang wika ay arbitraryo, dahil napagkakasunduan lamang ng mga tao kung ano ang ibig-sabihin ng isang salita.

Ikalawa, ang wika ay buhay at nagbabago. Habang lumilipas ang panahon, nadaragdagan ito ng mga bagong salita at nalilimutan naman ang iba. Halimbawa, maraming salitang banyaga at teknolohikal ang pumapasok ngayon sa ating wikang Filipino.

Ikatlo, ang wika ay kabuhol ng kultura. Ipinakikita nito ang ating pagkakakilanlan bilang isang lahi. Sa wika, naipapahayag natin ang ating mga saloobin, tradisyon, paniniwala, at kasaysayan.</td>
<td>Para sa Opsiyon A:
Wika-Saysay (Pagbasa ng Sanaysay)
Tala:
Layunin nito na ipakita na ang wika ay parang "kasuotan" binabago natin ito depende sa kung saan tayo pupunta at kung sino ang ating kaharap upang maging matagumpay ang ating pakikipag-ugnayan (Socialization).

Ang mga tanong na ito ay naglalayong malinang ang iba't ibang mahahalagang kasanayan ng mga mag-aaral na nakaugnay sa ADDIE, partikular sa Analysis at Evaluation. Sa pagsagot sa mga ito, nahuhubog ang critical thinking at analytical skills dahil sinusuri nila ang katangian ng wika bilang sistematiko, dinamiko, at kaugnay ng kultura. Nalilinang din ang reflective thinking at personal connection sa pag-uugnay ng konsepto sa sariling karanasan at komunidad, gayundin ang communication skills sa malinaw at lohikal na pagpapaliwanag ng kanilang mga ideya. Bukod dito, napauunlad ang cultural</td>
</tr>
</table>

	1. Ipaliwanag kung bakit sinasabing ang wika ay masistemang balangkas. Magbigay ng halimbawa upang mapatibay ang iyong paliwanag. ____ ____ 2. Sa sanaysay na ang wika ay buhay at nagbabago? Maglahad ng mga karanasang nagpapakita ng pagbabagong ito sa kasalukuyang panahon. ____ ____ 3. Bakit mahalagang maunawaan na ang wika ay kabuhol ng kultura? Iugnay ito sa iyong karanasan bilang bahagi ng isang komunidad o pangkat. ____ ____ 4. Ayon sa sanaysay, paano nakatutulong ang wika sa paghubog ng pagkakakilanlan ng isang bansa? Ipaliwanag gamit ang sariling pananaw at kaalaman. ____ ____ 5. Sa iyong palagay, bakit dapat pahalagahan at gamitin nang wasto ang wika? Gamitin ang mga ideya mula sa sanaysay upang suportahan ang iyong sagot. ____ ____ Opsiyon B: **Wika-Lapat** Panuto: Isipin ng mga mag-aaral na sila ay mga *Marketing Consultants*. May isang dayuhang produkto (halimbawa: Isang "Winter Coat" o isang "Software o Application" mula sa Amerika) na gustong pumasok sa merkado ng Pilipinas. **Ang Hamon:** Kailangan nilang bigyan ng *Filipino Brand Name* at *Slogan* ang produkto na angkop sa kulturang Pilipino. **Ang Problema:** May mga salitang Ingles na walang direktang katumbas (hal. Self-love, Resilience, Cozy).	awareness at civic consciousness dahil nauunawaan nila ang papel ng wika sa paghubog ng identidad ng bansa at ang kahalagahan ng wastong paggamit nito sa lipunan. Para sa Opsiyon B: **Wika-Lapat** Ang **Wika-Lapat** ay isang gawaing pagkatuto kung saan ginagampanan ng mga mag-aaral ang papel bilang Marketing Consultants na naglalayong iangkop ang dayuhang produkto sa kulturang Pilipino sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng wika. Sa gawaing ito, binibigyan sila ng hamon na lumikha ng angkop na Filipino brand name at slogan para sa isang produkto mula sa ibang bansa, gayundin ang pagbuo ng maikling product pitch na magpapaliwanag ng kanilang pagpili at kung paano ito tumutugon sa konteksto. Para sa Opsiyon A: **Ulat-Wika: Estratehiyang 3-2-1** Ang **Ulat-Wika: Estratehiyang 3-2-1** ay isang gawaing pagkatuto na naglalayong malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pagsasama-sama, at pagbuo

	Output: Gagawa sila ng isang maikling *Product Pitch* (3-5 pangungusap) kung saan ipapaliwanag nila: ● Bakit ito ang piniling pangalan? ● Paano ito tumutugon sa kapaligiran ng mga Pilipino? Pamprosesong Tanong: 1. Bakit hindi pwedeng i-*Google Translate* lang ang mga slogan mula Ingles patungong Filipino? 2. Paano nakatutulong ang pagiging Dinamiko ng wika sa paggawa ng mga makabagong patalastas? 2. Paglalahat Opsiyon A: **Ulat-Wika: Estratehiyang 3-2-1** Panuto: Sa kanilang mga kwaderno, magsasagawa ng ulat ang mag-aaral hinggil sa kanilang mga natutuhan **3. Konsepto ng Lingguwista:** Paghambingin sa isang pangungusap ang pananaw nina Sapir, Whorf, at Gleason. (Halimbawa: *"Para kay Sapir ito ay sosyal, kay Whorf ito ay kapaligiran, at kay Gleason ito ay sistema."*) **2. Patunay ng Katangian:** Pumili ng dalawang katangian ni Gleason (hal. *Dinamiko* at *Nakabuhol sa Kultura*). Ipaliwanag kung paano ito nagpapatakbo sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan. **1. Malaking Kaisipan (The Big Idea):** Bumuo ng sariling depinisyon ng wika na nagsasama-sama ng lahat ng tinalakay. **Gabay na Tanong para sa Paglalahat:** 1. Paano binabago ng wika ang paraan ng ating pag-iisip tungkol sa ating kapaligiran (Whorf) at pakikipagkapwa (Sapir)?" ______________________________ ______________________________	ng sariling pag-unawa sa konsepto ng wika batay sa mga teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason. Sa bahaging 3, hinihikayat ang paghahambing ng mga pananaw ng mga lingguwista upang malinang ang critical thinking at comparative analysis; sa bahaging 2, napauunlad ang application at analytical skills sa pag-uugnay ng mga katangian ng wika sa lipunang Pilipino; at sa bahaging 1, nalilinang ang higher-order thinking skills (synthesis at conceptualization) sa pagbuo ng sariling depinisyon ng wika. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 3* Para sa Opsiyon B: **Wi-Kompleto: Ang *Concept Map* ng Katotohanan** Ang **Wi-Kompleto: Ang Concept Map ng Katotohanan** ay isang gawaing pagkatuto na nakatuon sa pagbuo ng organisado at biswal na representasyon ng mga konsepto tungkol sa wika sa pamamagitan ng word-skeleton at paglalagay ng mga keyword sa tamang bahagi ng concept map.

2. Kung ang wika ay *arbitraryo* at *dinamiko*, mayroon pa bang 'maling' wika sa lipunan?"

____

____

Opsiyon B: **Wi-Kompleto: Ang *Concept Map* ng Katotohanan**
Panuto: Gumawa ng isang *Word-Skeleton* at magbigay ng mga mga piraso ng papel na may nakasulat na keywords. Ididikit nila ito sa tamang bahagi ng mapa.



Larawan mula sa Google Gemini.

Mga Susing Salita: *Arbitraryo*, *Dinamiko*, *Sapir*, *Gleason*, *Sosyalisasyon*, *Kultura*, *Masistemang Balangkas*.

Gabay na Tanong para sa Paglalahat:
Sino ang lingguwistang nagsabing ang wika ay para sa "sosyalisasyon"?
Ano ang tawag sa katangian ng wika na patuloy na nagbabago (hal. *Lodi, Petmalu*)?
Sa isang pangungusap, bakit mahalaga ang wika sa iyong sarili?
Layunin: Matiyak na ang mga *basic terms* nina Sapir, Whorf, at Gleason ay pamilyar sa kanila sa tulong ng biswal na representasyon.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 4

Tala:
- *Ang grupong ito ay nangangailangan ng mas maraming scaffolding o gabay. Gumamit tayo ng Visual Organizer upang hindi sila malunod sa dami ng teksto.*
- *Maaaring dagdagan ang mga susing salita.*

Para sa sample ng Word-Skeleton sundan sa Kalakip Blg. 1B

Para sa Opsiyon A:
Wi-Konsulta
Ang gawaing **Wi-Konsultant** ay pangunahing nakapaloob sa **Development**, **Implementation,** at **Evaluation** ng ADDIE. Sa Development, nalilinang ang critical thinking, analytical skills, at conceptual understanding dahil kinakailangan ng mga mag-aaral na gamitin ang mga teorya nina Sapir at Whorf at ang katangian ni Gleason upang makabuo ng lohikal at batayang paliwanag tungkol sa pagbabago ng wika. Sa Implementation, naipapakita ang communication at writing skills sa pamamagitan ng

	3. Pagtataya Opsiyon A: **Wi-Konsultant** Senaryo**:** Sa ilalim ng *Revised 2001 Alfabeto* at *1987 Konstitusyon*, binuksan ang Filipino sa mga letrang F, J, at Z upang maging "Global Interaksiyonal." Gayunpaman, marami ang natatakot na baka mawala ang "purong" identidad ng wikang Filipino dahil sa sobrang panghihiram sa Ingles. Panuto: Sumulat ng isang Position Paper o Kritikal na Sanaysay (150-200 salita) na sumasagot sa tanong na: *"Paano mapapanatili ang kahalagahang 'Panlipunan' at 'Kultural' ng Wikang Filipino habang tinatanggap ang katangiang 'Dinamiko' at 'Global Interaksyunal' nito?"* *Dapat makita sa iyong isinulat ang sumusunod:* 1. Paglalapat ng Teorya: Gamitin ang pananaw ni Whorf (pagtugon sa kapaligiran) o Sapir (relasyong sosyal) upang ipaliwanag kung bakit natural lang ang pagbabago sa wika. 2. Katangian ni Gleason: Talakayin kung paano nagagamit ang pagiging Arbitraryo at Pinipili/Isinasaayos sa pagbuo ng mga bagong salitang teknikal. 3. Konklusyon: Magbigay ng sariling mungkahi kung paano magiging "Global" ang Filipino nang hindi nawawala ang sariling "Kakanyahan." **Pamantayan** / **Deskripsyon** / **Puntos**: Lalim ng Pagsusuri — Nailapat nang wasto ang mga teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason sa isyung ibinigay. — 10 Organisasyon — Lohikal ang pagkakaayos ng mga ideya at gumamit ng tamang istruktura (Masistemang Balangkas). — 5	pagbuo ng isang position paper o kritikal na sanaysay na malinaw na nagpapahayag ng sariling pananaw at argumento. Gagamitin ng guro ang pamantayang pagmamarka na inilanda, ngunit maaaring gumamit dependi sa kung ano ang pangangailangan ng mga mag-aaral. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 5* Tala: *Para sa rubrik ng gawain sundan sa Kalakip Blg. 1C* Para sa Opsiyon B: **Wika-Taya (Tradisyonal na Pagsusulit)** Ang gawaing **Wika-Taya (Tradisyonal na Pagsusulit)** ay pangunahing nakapaloob sa Evaluation na bahagi ng ADDIE dahil ito ay sumusukat sa antas ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa mga dalubwika at katangian ng wika. Sa pamamagitan ng pagsagot sa mga item, nalilinang ang kanilang **recall at recognition skills,** gayundin ang **cognitive accuracy** sa pagtukoy ng

Kabatiran sa Paksa	Naipakita ang malinaw na pag-unawa sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino.	5
Kabuoan		20

Opsiyon B: **Wika-Taya (Tradisyonal na Pagsusulit)**
Panuto; Isulat ang dalubwika o katangiang tinutukoy sa bawat bilang.

Sapir	Arbitraryo	Personal
Whorf	Dinamiko	May Kakanyahan

1. Siya ang naniniwala na ang wika ay kasangkapan sa sosyalisasyon at pagbuo ng relasyong sosyal. __________
2. Katangian ng wika na nagsasabing ang mga simbolo at tunog ay pinagkasunduan ng mga pangkat ng tao. __________
3. Ayon sa kanya, ang wika ay nalilikha bilang pagtugon ng tao sa kanyang kapaligiran. __________
4. Ang wika ay patuloy na nagbabago at yumayaman sa paglipas ng panahon. __________
5. Ito ang kahalagahan ng wika na nakatuon sa pagpapahayag ng sariling damdamin at iniisip. __________

4. Karagdagang Gawain
Opsiyon A: **Puno ng Ideya**
Panuto: Sa isang pirasong cartolina o Manila paper, guguhit ang mga mag-aaral ng isang katawan ng tao o isang puno.

- **Ang Ugat:**
  Isusulat ang mga pangalan nina Sapir, Whorf, at Gleason bilang pundasyon.
- **Ang Sanga:**
  Isusulat ang mga Katangian (Dinamiko, Arbitraryo, etc.).
- **Ang mga Dahon:**

tamang konsepto, teorya, at kahulugan ng wika.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 6

Para sa Opsiyon A:
Puno ng Ideya
Ang mga gawaing **Puno ng Ideya at Wika-Imbestigasyon** ay pangunahing nakapaloob sa **Development** at **Implementation** ng ADDIE model. Sa pamamagitan ng concept mapping (ugat, sanga, at dahon), nalilinang ang critical thinking, analytical skills.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 1) Gawain Bilang 7

Para sa Opsiyon B:
Wika-Imbestigasyon
Ang gawaing ito ay praktikal na aplikasyon ng katangiang Dinamiko at integrasyon ng 2001 Revisyon ng Alfabeto.

Layunin**:** Masuri ang pagpasok ng mga banyagang salita sa wikang Filipino at kung paano ito "inaangkin" ng ating kultura.

	Magbibigay sila ng mga Halimbawa ng salita na nagpapatunay sa katangiang iyon (hal. "Lodi" para sa Dinamiko). **Paglalapat:** Kailangang ipaliwanag ng grupo kung bakit kapag pinutol ang isang bahagi (halimbawa, ang pagiging *Sistematiko*), guguho ang buong komunikasyon. **Opsiyon B**: **Wika-Imbestigasyon** Panuto: Hatiin ang klase sa mga mga pangkat. Kailangan nilang maghanap ng limang (5) salitang hiram na may mga letrang F, J, o Z na madalas na nating ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. **Format ng Report:** • **Salitang Hiram:** (Hal. *Journal*) • **Pinagmulang Wika:** (Hal. *Ingles/Pranses*) • **Filipino Context:** Paano ito ginagamit ng mga Pilipino sa sariling pangungusap? • **Koneksiyon sa Teorya:** Ipaliwanag kung paano ito nagpapatunay sa sinabi ni Whorf na ang wika ay tugon sa ating kapaligiran (dahil kailangan natin ang salitang ito para sa ating propesyon o teknolohiya).	
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	Panuto: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. 1. Ayon kay Sapir (1921), ano ang pangunahing silbi ng wika sa tao? A. Upang makabuo ng mga komplikadong tunog. B. Bilang kasangkapan sa sosyalisasyon at pagbuo ng relasyong sosyal. C. Para magamit sa pagsusulat ng mga pananaliksik. D. Upang maipakita ang galing sa pakikipagtalo. 2. Aling teorya ni Whorf (1956) ang nagpapaliwanag kung bakit may mga salita ang mga Pilipino na wala sa ibang wika? A. Ang wika ay isang masistemang balangkas. B. Ang wika ay likas na kakayahan ng tao mula pagkapanganak.	**Mga Susing Kasagutan:** 1. **B** 2. **C** 3. **B** 4. **B** 5. **C** 6. **B** 7. **C** 8. **B** 9. **C** 10. **A**

	C. Ang wika ay nalilikha dahil sa pagtugon ng tao sa kanyang kapaligiran. D. Ang wika ay hindi nagbabago kahit lumipas ang panahon. 3. "Ang wika ay masistemang balangkas ng mga sinasalitang tunog." Kaninong depinisyon ito nagmula? A. Edward Sapir C. Benjamin Lee Whorf B. Henry Gleason D. San Buenaventura 4. Bakit itinuturing na "Arbitraryo" ang wika ayon sa katangian nito? A. Ito ay may sinusunod na mahigpit na balarila. B. Ang mga simbolo at tunog ay pinagkasunduan ng mga gumagamit nito. C. Ito ay nagbabago-bago bawat oras. D. Ito ay hiram lamang mula sa mga banyaga. 5. Aling katangian ng wika ang tinutukoy kapag ang isang salita ay nagbabago ang kahulugan o nadaragdagan ang leksikon sa paglipas ng panahon? A. Nakabuhol sa Kultura C. Dinamiko B. Pinipili at Isinasaayos D. May Kakanyahan 6. Batay sa katangian ni Gleason, ano ang ibig sabihin ng "Masistemang Balangkas"? A. Ang wika ay binubuo ng mga tunog lamang. B. Ang wika ay konsistent at nakaayos sa isang tiyak na estruktura. C. Ang wika ay nakabatay sa kung sino ang nagsasalita. D. Ang wika ay walang sinusunod na tuntunin. 7. Ang pagkakaroon ng mga salitang gaya ng "Gigil" at "Panghi" na walang direktang salin sa Ingles ay patunay na ang wika ay: A. Ginagamit sa komunikasyon. B. Binubuo ng mga tunog. C. Nakabuhol sa Kultura. D. May sariling set ng palatunugan.	

	8. Ayon sa 1987 Konstitusyon, bakit mahalaga ang paggamit ng mga letrang F, J, at Z sa Wikang Filipino? A. Upang maging mas maganda pakinggan ang wika. B. Para sa layuning Global Interaksyunal at pakikipag-ugnayan sa mundo. C. Upang tuluyan nang palitan ang mga titik ng Alibata. D. Dahil ito ang gusto ng mga lingguwista. 9. Anong uri ng kahalagahan ng wika ang tinutukoy ni San Buenaventura kapag sinabing ang wika ay "kaisipan ng isang bansa"? A. Pansarili B. Global C. Panlipunan D. Teknikal 10. "Ang isang kasangkapang hindi ginagamit ay nawawalan ng saysay." Anong katangian ng wika ang binibigyang-diin dito? A. Ang wika ay ginagamit. D. Ang wika ay pinipili. B. Ang wika ay arbitraryo. C. Ang wika ay may kakanyahan.	
VII. PAGNINILAY	(see table below)	

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto?	
2. Anong mga estratehiya sa mga pagsusuri ng mga tekstong may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

	1. *Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.* ____________________ 2. *Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan[36.1] ng iba pang gawain para sa remediation.* ____________________ 3. *Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nauunawa[37.1] sa aralin.* ____________________ 4. *Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.* ____________________ 5. *Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?* ____________________ 6. *Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?* ____________________

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Gamit at Tungkulin ng Wika**	**Modelong Banghay-Aralin**	2
Manunulat	Mc. Gay M. Sanggayan/ Aldimaer B. Uy		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa kahulugan, kahalagahan, at katangian ng wika. Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang: ***LC 1: Nasusuri ang gamit at tungkulin ng wika sa sarili, pamilya, lipunan, bansa, at daigdig*** ***LC 2: Naibabahagi ang mga halimbawang sitwasyon na nagpapakita ng mga gamit at tungkulin ng wika***
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	*Ampil, R. D., et. al. (2010). Akademikong Filipino sa Komunikasyong Global. Manila: UST Publishing House.* *Taylan, Dolores R., Jayson D. Petras, at Jonathan V. Geronimo. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Manila: Rex Bookstore, 2019.* *Vecteezy.https://www.vecteezy.com/vector-art/71256156-thinking-boy-silhouette-thought-bubble-cartoon* *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://drive.google.com/file/d/1fetRCrkRFafkTUSqV5ulCXuuw2pmR52g/view?usp=sharing*
III. NILALAMAN	***Gamit at Tungkulin ng Wika*** *1. Interaksyunal* *2. Instrumental* *3. Regulatoryo* *4. Heuristiko*

<table>
<tr><td></td><td colspan="2">5. Impormatibo
6. Personal
7. Imahinatibo</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td colspan="2">1. Nasusuri ang gamit at tungkulin ng wika sa sarili, pamilya, lipunan, bansa, at daigdig.
2. Naibabahagi ang mga halimbawang sitwasyon na nagpapakita ng gamit at tungkulin ng wika.
a. Natutukoy ang iba't ibang tungkulin ng wika batay sa teorya ni MAK Halliday (Interaksyunal, Instrumental, Regulatoryo, atbp.) mula sa mga binasang teksto.
b. Naipaliliwanag ang kaugnayan ng gamit ng wika sa konteksto ng personal na ugnayan sa pamilya at sa malawakang konteksto ng lipunan, bansa at daigdig.
c. Nasusuri ang isang napakinggang pahayag o napanood na dokumentaryo kung anong tungkulin ng wika ang namayani at kung paano ito nakatulong sa paglutas ng suliranin o pagpapahayag ng damdamin.
d. Nakabubuo ng sariling diyalogo o skit na hindi bababa sa tatlong magkakaibang gamit at tungkulin ng wika.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman
Opsiyon A: Know-What-Learn
Panuto: Ibibigay sa mga mag- aaral ang tsart na may tatlong kolum. Ipaisa-isa sa mga mag-aaral ang kanilang Alam tungkol sa gamit ng wika at kung ano ang nais nilang Malaman.

Gabay na Tanong:
1. Ano-ano ang mga dahilan kung bakit tayo nagsasalita? Ano ang pumapasok sa isip ko kapag naririnig ko ang salitang wika?</td><td>Opsiyon A: Know-What-Learn
Ilabas ang dating kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa gamit at tungkulin ng wika. Tukuyin ang mga bagay na nais pa nilang matutuhan upang magabayan ang guro sa pagtutok ng talakayan. Magsilbing batayan para sa pagtataya kung may natutuhan ba ang mga mag-aaral pagkatapos ng aralin (sa kolum na "L" na sasagutan sa huling bahagi ng klase).

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 1

Opsiyon B: Word Association</td></tr>
</table>

2. Ano pa ang hindi ko lubos na nauunawaan tungkol sa wika? Ano ang gusto kong malaman sa araw na ito?

Opsiyon B: Word Association

Panuto: Kumuha ng isang malinis na papel o buksan ang inyong kuwaderno sa isang bagong pahina at ihanda ang inyong panulat. Isulat sa itaas ng inyong papel ang salitang: WIKA. Sa loob ng dalawang (2) minuto, Isusulat ninyo ang lahat ng pumapasok sa inyong isipan kaugnay ng salitang "WIKA". Maaaring ito ay salita (hal. Filipino, ingles, usapan), parirala (hal. pagkakaisa ng bansa), pangungusap (hal. Mahalaga ang wika sa pakikipagtalastasan), o tanong (hal. Bakit magkaiba ang Tagalog at Filipino?). Huwag mag-alala sa gramatika, baybay, o kung magkakaugnay ba ang inyong mga idea ang mahalaga: "Ituloy lamang ang pagsulat. Kapag napahinto, bumalik kaagad sa pagsulat."

W	
I	
K	
A	

2. Paglalahad ng Layunin

Opsiyon A: Pakikinig ng Musika / Tula

Panuto: Pumili ng awit o tula na angkop sa baitang ng mga mag-aaral at may temang madali nilang mauunawaan at maiuugnay sa kanilang sarili.

Mungkahing awitin:

a. "Ako'y Isang Mabuting Pilipino" (tradisyonal)

Ang Word Association ay isang gawain na may layunin na pukawin ang dating kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa konsepto ng wika nang hindi sila nalilimitahan ng estruktura ng tanong. Hayaang malayang dumaloy ang kanilang mga idea at koneksiyong pangkaisipan kaugnay ng salitang "WIKA." Lumikha ng isang koleksiyon ng mga salita o pahayag na magsisilbing panimulang punto para sa mas malalim na talakayan tungkol sa gamit at tungkulin ng wika.

Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:

- *Naipaliliwanag ang kaugnayan ng gamit ng wika sa konteksto ng personal na ugnayan (pamilya) at sa malawakang konteksto ng bansa at daigdig*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 2

Opsiyon A: Pakikinig ng Musika/ Tula

Ang gawaing Pakikinig ng Musika / Tula ay isang gawaing magpapahusay sa iyong kasanayan sa kritikal at mapanuring pakikinig (critical listening). Sa pamamagitan ng

	b. "Handog" ni Florante c. "Para Sa'yo" ng Parokya ni Edgar d. "Tatsulok" ni Bamboo (maaaring gamitin sa mas matataas na baitang) e. "Kanlungan" ni Noel Cabangon f. "Masdan Mo Ang Kapaligiran" ng Asin g. Makabagong awitin ng Ben&Ben o iba pang OPM artists na may malalim na mensahe **Mungkahing tula:** Pumili ng maikli ngunit makahulugan. Maaaring sariling likha o likha ng mga sikat na makata (hal. "Ang Aking Pag-ibig" ni Elizabeth Barrett Browning na salin sa Filipino, o bahagi ng "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay"). **Mga Gabay na Tanong:** 1. Ano ang inyong naramdaman habang pinakikinggan ang awit/tula? 2. Ano sa palagay ninyo ang pangunahing mensahe o nais iparating ng awit/tula? 3. Paano ginamit ang wika sa awit/tula upang maiparating ang mensaheng ito? 4. Kung kayo ang susulat ng isang awit/tula tungkol sa inyong sarili, ano ang gusto ninyong sabihin at paano ninyo gagamitin ang wika? **Opsiyon B: Larawan-Suri (Image Analysis)** **Panuto:** Susuriin ang iba't ibang larawan upang matukoy ang usapang nagaganap sa bawat isa. Gamitin ang talahanayan sa ibaba upang itala ang inyong mga obserbasyon. Pumili ng larawan na nagpapakita ng iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon. **Mungkahing larawan:** ● Tawiran – may taong tumatawid, pulis trapiko, o pedestrian lane ● Silid-aralan – guro na nagtuturo, mag-aaral na nagtataas ng kamay	pag-aanalisa ng isang awitin o tula, matututuhan mong tukuyin kung paano ginagamit ang wika hindi lamang sa literal na pagpapahayag kundi maging sa masining at madamdaming paraan—isang mahalagang kakayahan sa pag-unawa ng iba't ibang uri ng teksto at diskurso. Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: • *Natutukoy ang iba't ibang tungkulin ng wika batay sa teorya ni MAK Halliday (Interaksyunal, Instrumental, Regulatoryo, atbp.) mula sa mga binasang teksto.* Opsiyon B: Larawan- Suri Ang gawaing Larawan- Suri ay magpapaunlad ng kasanayang biswal na pagsusuri (visual analysis) sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa mga larawang nagpapakita ng iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon, kung saan matututuhan mong tukuyin ang kaugnayan ng konteksto sa gamit ng wika. Sa gawaing ito, mahahasa ang iyong kasanayan sa pagmamasid (observation) at pagbuo ng hinuha (inference) habang sinusuri mo ang mga larawan at inilalarawan ang posibleng

● Palengke – tindera at mamimili na nag-uusap, tawaran
● Simbahan – misa, nagdarasal na mga tao
● Rally/Protesta – mga taong may karatula, nagsisigawan
● Family Dinner – pamilyang kumakain at nag-uusap
● Opisina – empleyadong nag-uulat sa boss (opsiyonal)
● Parke – magkaibigang nagkukuwentuhan (opsiyonal)



LARAWAN- SURI

Sitwasyon/ Lugar	Sino-sino ang taong nasa larawan?	Ano kaya ang pinag-uusapan nila?	Anong uri ng usapan ito? (Pormal ba? Di-pormal? Personal? Propesyonal?)
Tawiran			
Silid-aklatan			
Palengke			
Simbahan			
Family-dinner			

usapang nagaganap batay sa mga nakikitang pahiwatig tulad ng ekspresyon ng mukha, kilos, at kapaligiran.

Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:

- *Natutukoy ang iba't ibang tungkulin ng wika batay sa teorya ni MAK Halliday (Interaksyunal, Instrumental, Regulatoryo, atbp.) mula sa mga binasang teksto*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 3

B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman

1. Paglalahad ng Halimbawa

Opsiyon A: Video Clip Analysis

Panuto: Susuriin ang isang video clip batay sa gamit at tungkulin ng wika. Panoorin nang mabuti ang video at sagutan ang sumusunod na bahagi.

Mungkahing video clip:

● **Dokumentaryo:** Bahagi ng "I-Witness" o "Reel Time" na may interbyu at salaysay (hal. episode tungkol sa kahirapan,

Opsiyon A: Video Clip Analysis

Sa pamamagitan ng pagsusuri ng video clip, malilinang ang kasanayan sa pagtukoy at pag-uuri ng mga tungkulin ng wika batay sa mga linyang ginamit sa isang dokumentaryo, pelikula, o patalastas—isang mahalagang hakbang upang masuri mo kung paano nagiging mabisa o

	kalikasan, o kultura). Makikita rito ang Impormatibo, Personal, at Heuristiko. ● **Patalastas (Commercial):** Isang patalastas ng Jollibee (hal. "Karen" episode o "Family Reunion" - Interaksyunal at Personal). Patalastas ng isang produkto (Instrumental). ● **Pelikula:** Eksena mula sa "Heneral Luna" (debate sa mga opisyal - Regulatoryo at Interaksyunal), "Seven Sundays" (pag-uusap ng mag-ama - Personal at Interaksyunal), o "That Thing Called Tadhana" (pag-uusap sa eroplano - Personal at Heuristiko). ● **Maikling Pelikula:** Mula sa YouTube, pumili ng isang maikling pelikulang may simpleng istorya ngunit malalim ang diyalogo. ● **Balita:** Isang bahagi ng TV Patrol o 24 Oras na may ulat at interbyu (Impormatibo at Heuristiko). Mga gabay na tanong para sa pangkatang talakayan: 1. Nagkakaisa ba ang inyong pangkat sa mga tungkuling inyong natukoy? Saan kayo nagkaisa at saan kayo nagkaroon ng pagtatalo? 2. Ano ang pinakamahalagang realisasyon ng inyong pangkat tungkol sa gamit ng wika sa video na ito? **Opsiyon B: Pagsusuri sa Ulat ng Balita** **Panuto:** Suriin ang isang balita upang matukoy ang mga pangungusap na nagbibigay-impormasyon (Impormatibo) at ang mga pangungusap na nagpapahayag ng opinyon o damdamin (Personal). Pagkatapos, iuugnay natin ang balitang ito sa kalagayan ng ating bansa. **Mungkahing balita:** ● **Ekonomiya:** Balita tungkol sa *inflation*, presyo ng bilihin, o sahod ng manggagawa. ● **Edukasyon:** Balita tungkol sa bagong kurikulum, pasukan, o estado ng mga paaralan. **Kalusugan:** Balita tungkol sa dengue,o mental health.	hindi ang paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon. Ang gawaing ito ay magpapaunlad ng iyong kasanayan sa mapanuring panonood (critical viewing) sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang video clip, kung saan matutukoy mo ang mga linyang nagpapakita ng iba't ibang tungkulin ng wika at kung paano nakatulong ang mga ito sa pagbuo ng mensahe ng video. Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: • *Natutukoy ang iba't ibang tungkulin ng wika batay sa teorya ni MAK Halliday (Interaksyunal, Instrumental, Regulatoryo, atbp.) mula* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 4* Opsiyon B: Pagsusuri sa Ulat ng Balita Ang pagsusuri sa Ulat ng Balita ay magpapahusay sa kakayahang tukuyin ang pagkakaiba ng Impormatibo at Personal na tungkulin ng wika at maunawaan kung paano ginagamit ang mga ito sa pag-uulat ng katotohanan at pagpapahayag ng damdamin sa mga napapanahong isyu ng bansa.

	● **Pulitika:** Balita tungkol sa isang bagong batas, panukala, o pahayag ng isang politiko. ● **Kalamidad:** Balita tungkol sa bagyo, lindol, o pagbaha at ang tugon ng pamahalaan. ● **Isyung Panlipunan:** Balita tungkol sa diskriminasyon, karapatang pantao, o krimen. **Pagpapaliwanag sa Gawain:** Ipaliwanag nang malinaw ang layunin ng gawain: "Sa gawaing ito, susuriin natin ang isang balita upang matukoy ang pagkakaiba ng Impormatibo at Personal na tungkulin ng wika. Iuugnay rin natin ito sa kalagayan ng ating bansa." **Mga gabay na tanong sa Pag-uugnay sa Konteksto ng Bansa:** 1. Ano ang pangunahing isyung panlipunan ang tinatalakay sa balitang ito? (Hal., kahirapan, edukasyon, kalusugan, krimen, kalamidad) 2. Paano nakaaapekto ang isyung ito sa pang-araw-araw na buhay ng mga Pilipino? Magbigay ng tiyak na halimbawa. 3. Kung susuriin ang mga pahayag na Impormatibo, ano ang kalagayan ng bansa pagdating sa isyung ito? (Hal., *Ayon sa PSA, tumaas ang bilang ng mahihirap na Pilipino.*) 4. Kung susuriin naman ang mga pahayag na Personal, ano ang damdamin o pananaw ng mga taong naapektuhan o ng mga eksperto tungkol sa isyung ito? (Hal., *"Nalulungkot ako dahil hindi sapat ang aming kita," ayon sa isang magulang.*) 5. Sa iyong sariling pananaw, ano ang dapat gawin upang masolusyunan ang isyung ito? Kung ikaw ang gagawa ng isang pahayag tungkol dito, anong tungkulin ng wika ang iyong gagamitin at bakit?	Ang gawaing ito ay magpapaunlad ng iyong kasanayan sa kritikal na pagsusuri ng balita sa pamamagitan ng pagtukoy sa Impormatibo at Personal na tungkulin ng wika at pag-uugnay ng mga ito sa kalagayan ng lipunang Pilipino. Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *a. Naipaliliwanag ang kaugnayan ng gamit ng wika sa konteksto ng personal na ugnayan (pamilya) at sa malawakang konteksto ng bansa at daigdig.* *b. Natutukoy ang iba't ibang tungkulin ng wika batay sa teorya ni MAK Halliday (Interaksyunal, Instrumental, Regulatoryo, atbp.) mula sa mga binasang teksto.*

3. Pagtalakay ng Bagong Konsepto

WIKA
(Batay sa Teorya ni M.A.K. Halliday)

Panimula

Sa nakaraang aralin, natutuhan natin na ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa komunikasyon. May kakayahan itong magbago, malikhain, at arbitraryo. Ngayon, palalawakin natin ang ating pang-unawa sa wika sa pamamagitan ng pagtalakay sa gamit at tungkulin nito—hindi lamang bilang simpleng usapan kundi bilang behikulo upang maisakatuparan ang iba't ibang layunin ng tao sa lipunan.

Ayon sa kilalang lingguwistang si M.A.K. Halliday (1973) , ang wika ay hindi lamang basta binubuo ng mga salita at gramatika. Ito ay may gamit na panlipunan (social function). Sa madaling salita, ang wika ay laging may layunin. Sa bawat pagkakataong tayo ay nagsasalita, nagsusulat, o nakikinig, may tungkulin ang wikang ating ginagamit.

Ang Pitong Tungkulin ng Wika ayon kay Halliday
Narito ang pitong tungkulin ng wika na mahalagang maunawaan upang masuri natin ang iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon sa ating paligid—mula sa tahanan, paaralan, pamahalaan, hanggang sa mas malawak na lipunan at bansa.

1. INTERAKSYUNAL (Interpersonal)
Kahulugan: Ang tungkuling ito ay nakatuon sa pagpapanatili ng ugnayang panlipunan. Ito ang gamit ng wika upang makipag-ugnayan, makipagkaibigan, at magkaroon ng magandang relasyon sa kapuwa.

- Halimbawang Sitwasyon:
    - Pagbati: *"Kumusta ka na? Matagal tayong hindi nagkita!"*

Sa pagtalakay ng bagong konsepto, malilinang ang iyong kasanayan sa kritikal na pag-iisip (critical thinking) habang sinusuri mo ang ugnayan ng wika sa iba't ibang antas ng lipunan—mula sa sarili hanggang sa bansa at daigdig. Ang gawaing ito ay magpapaunlad ng iyong kasanayan sa pag-unawa at pagsusuri ng bagong konsepto sa pamamagitan ng malalimang talakayan tungkol sa pitong tungkulin ng wika batay sa teorya ni Halliday.

Para sa Opsiyon A: **Wikang Buhay: Hula at Hirit**
Ang gawaing "Wikang Buhay: Hula at Hirit" ay nagtuturo sa mga mag-aaral na gamitin ang iba't ibang tungkulin ng wika sa pamamagitan ng malikhaing skit. Kaugnay ito sa **IDF** dahil malinaw ang layunin, nakatutok sa kakayahan ng mag-aaral, at may formative assessment sa paghuhula ng ibang pares. Sa **ADDIE model**, nasasaklaw nito ang *Analyze, Design, Develop, Implement,* at *Evaluate* sa aktibidad. Sa kabuuan, ang gawain ay learner-centered, napalalakas ang kolaborasyon, at napalalalim ang pag-unawa sa wika.

	• Pakikipagkuwentuhan: *"Uy, musta na ang pamilya ninyo?"*
	• Pagpapakilala: *"Ako si Juan, ikaw?"*
	Pagsusuri: Sa tungkuling ito, hindi mahalaga ang lalim ng impormasyon kundi ang pakikipagkapuwa-tao mismo. Ito ang nagpapatibay ng samahan at nagbubuklod ng mga tao sa isang komunidad.
	
	Kaugnayan sa Lipunan: Sa ating kultura, kilala ang mga Pilipino sa pagiging palakaibigan. Ang *"Mano po"* at *"Kumain ka na ba?"* ay halimbawa ng Interaksyunal na wika na nagpapakita ng pagmamalasakit at paggalang.
	
	2. INSTRUMENTAL (Instrumental)
	Kahulugan: Ang tungkuling ito ay ang paggamit ng wika upang matugunan ang pangangailangan. Ito ang wika ng paghingi, pag-uutos, at pagkuha ng bagay na nais o kailangan.
	• Halimbawang Sitwasyon:
	  • Paghingi ng pagkain: *"Pahingi naman ng kanin."*
	  • Pagbili: *"Isa pong kilong manok, please."*
	  • Pag-uutos: *"Pakiabot naman ng ballpen."*
	Pagsusuri: Direkta at karaniwang transaksyunal ang tungkuling ito. May tiyak na resulta o produkto ang gamit ng wika—nakukuha ang gusto, natutugunan ang pangangailangan.
	
	Kaugnayan sa Lipunan: Sa pang-araw-araw na buhay, sa palengke, tindahan, o restoran, laganap ang Instrumental na wika. Ito ang nagpapaikot ng ekonomiya sa antas ng simpleng transaksyon.
	3. REGULATORYO (Regulatory)
	Kahulugan: Ang tungkuling ito ay ang paggamit ng wika upang kontrolin o gabayan ang pag-uugali ng iba. Ito ang wika ng batas, patakaran, at pagbibigay-direksiyon.
	• Halimbawang Sitwasyon:
	  • Panuto: *"Bawal tumawid dito. Sa pedestrian lane lamang."*
		Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:
		• *Nakabubuo ng sariling diyalogo o skit na hindi bababa sa tatlong magkakaibang gamit at tungkulin ng wika.*
		
		Para sa Opsiyon B:
		BubbleTalk: Ugnayan sa Bawat Salita
		Ang gawaing "BubbleTalk: Ugnayan sa Bawat Salita" ay nagtuturo sa mga mag-aaral na gamitin at tukuyin ang iba't ibang tungkulin ng wika sa magkakaugnay na pahayag. Kaugnay ito sa ***IDF*** *at* ***ADDIE model****, dahil malinaw ang layunin, nakatuon sa kakayahan ng mag-aaral, at nasasaklaw ang Analyze, Design, Develop, Implement, at Evaluate. Sa kabuoan, ang gawain ay learner-centered, nagpapalawak ng kritikal na pag-iisip, at nagtataguyod ng maayos na komunikasyon at ugnayan ng ideya.*
		
		Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 5

	• Paalala: *"Huwag kayong maingay, may nag-aaral."* • Batas: *"Nakasaad sa batas na bawal ang magtapon ng basura dito."* Pagsusuri: Ang Regulatoryong wika ay naglalayong magtatag ng kaayusan. Maaaring ito ay pormal (batas ng gobyerno) o di-pormal (paalala ng magulang). Kaugnayan sa Lipunan: Sa lipunan, mahalaga ang Regulatoryong wika upang mapanatili ang disiplina at kapayapaan. Ang mga batas trapiko, patakaran sa paaralan, at mga paalala sa pampublikong lugar ay halimbawa nito. **4. HEURISTIKO (Heuristic)** Kahulugan: Ang tungkuling ito ay ang paggamit ng wika upang matuto at maghanap ng kaalaman. Ito ang wika ng pagtatanong, pagsasaliksik, at pagtuklas. • Halimbawang Sitwasyon: • Tanong ng bata: *"Bakit may araw at gabi, Ma?"* • Pananaliksik: *"Ano ang epekto ng social media sa mga mag-aaral?"* • Interbyu: *"Paano po kayo nagtagumpay sa inyong negosyo?"* Pagsusuri: Ang Heuristiko ang pundasyon ng edukasyon at agham. Ito ang nagtutulak sa tao na magtanong, mag-imbestiga, at lumawak ang pang-unawa sa mundo. Kaugnayan sa Lipunan: Sa paaralan at akademya, laganap ang Heuristikong wika. Ang mga guro at mag-aaral ay patuloy na nagtatanong at sumasagot upang matuto. Sa medisina, ang mga doktor ay nagtatanong upang mag-diagnose ng sakit. **5. IMPORMATIBO (Informative)** Kahulugan: Ang tungkuling ito ay ang paggamit ng wika upang magbigay ng impormasyon, datos, o kaalaman. Ito ang wika ng pag-uulat, pagtuturo, at pagpapaliwanag. • Halimbawang Sitwasyon:	

	- Pagtuturo ng guro: *"Ang Pilipinas ay binubuo ng 7,641 na pulo."*
	- Balita: *"Ayon sa PAGASA, papasok sa bansa ang Bagyong Enteng."*
	- Pag-aanunsiyo: *"May pasok bukas, Lunes, para sa lahat ng antas."*
	
	Pagsusuri: Ang Impormatibong wika ay nakatuon sa katotohanan at datos. Layunin nitong magbigay-linaw at magpalaganap ng kaalaman.
	
	Kaugnayan sa Lipunan: Mahalaga ang Impormatibong wika sa midya (TV, radyo, pahayagan), edukasyon, at pamahalaan. Sa pamamagitan nito, nalalaman ng mamamayan ang mahahalagang pangyayari sa bansa at daigdig. (Ito ang pokus ng ating gawaing Pagbabalita.)
	
	6. PERSONAL (Personal)
	Kahulugan: Ang tungkuling ito ay ang paggamit ng wika upang ipahayag ang sariling damdamin, opinyon, at pagkatao. Ipinakikita nito ang sino ka bilang isang indibidwal.
	- Halimbawang Sitwasyon:
	  - Pagpapahayag ng damdamin: *"Masaya ako dahil pumasa ako sa exam!"*
	  - Opinyon: *"Sa tingin ko, dapat bigyang-pansin ang kalikasan."*
	  - Pagkukuwento ng sariling karanasan: *"Noong bata ako, mahilig akong umakyat sa puno."*
	
	Pagsusuri: Ang Personal na wika ay subhetibo. Hindi ito laging nakabase sa katotohanan kundi sa personal na pananaw at damdamin. Ito ang nagbibigay-boses sa ating identidad.
	
	Kaugnayan sa Lipunan: Sa social media, laganap ang Personal na wika—mga post tungkol sa nararamdaman, opinyon sa isyu, o simpleng pagbabahagi ng araw-araw na buhay. Sa balita, ito ang pahayag ng mga eksperto o taong apektado ng isyu (tulad ng ating ginawa sa Pagbabalita).	

7. IMAHINATIBO (Imaginative)
Kahulugan: Ang tungkuling ito ay ang paggamit ng wika upang lumikha, magpahayag ng imahinasyon, at maglibang. Ito ang wika ng sining, panitikan, at pagkamalikhain.

- Halimbawang Sitwasyon:
    - Pagsulat ng tula: *"Ikaw ang tulang nais kong isulat, ngunit walang papel na sasapat."*
    - Pagkukuwento: *"Noong unang panahon, may isang prinsesang nahulog sa mahiwagang balon..."*
    - Pagsulat ng awit: *"Hindi kita malimot, saan man magpunta..."*

Pagsusuri: Ang Imahinatibong wika ay lumalampas sa realidad. Gumagamit ito ng talinghaga, simbolismo, at malikhaing pagpapahayag upang makapagbigay-aliw at magpukaw ng damdamin.

Kaugnayan sa Lipunan: Mayaman ang kulturang Pilipino sa Imahinatibong wika—mula sa mga kuwentong bayan, alamat, awiting-bayan, hanggang sa modernong pelikula, teleserye, at *spoken word poetry*. (Tulad ng ating ginawa sa pakikinig ng musika.)

Ang Wika sa Iba't Ibang Antas ng Lipunan
Mahalagang maunawaan na ang pitong tungkulin ng wika ay hindi lamang umiikot sa personal na antas. Mayroon itong implikasyon sa mas malawak na lipunan, bansa, at maging sa daigdig.

Antas	Halimbawa ng Gamit ng Wika	Tungkulin
Sarili	Pag- iisip, pagdarasal, pagpaplano	Personal, Heuristiko
Pamilya	Pag- uusap sa hapag- kainan, paggabay sa mga anak	Interaksyunal, Regulatoryo

Lipunan	Pakikipag- usap sa kapitbahay, pamimili sa palengke	Interaksyunal, Instrumental
Bansa	Mga batas, balita, edukasyon, kampanya ng gobyerno	Regulatoryo, Impormatibo
Daigdig	Pandaigdigang balita, diplomatikong usapan, social media	Impormatibo, Interaksyunal

Sa pagtatapos ng araling ito, mahalagang maunawaan natin na:

1. Ang wika ay hindi lamang gamit sa usapan; ito ay behikulo ng pagbabago. Sa pamamagitan ng wika, tayo ay nagkakaintindihan, natututo, lumilikha, at kumikilos.
2. Ang bawat pahayag ay may layunin. Sa bawat pagkakataong tayo ay nagsasalita o sumusulat, may tungkulin tayong ginagampanan—maging ito man ay magkuwento, mag-utos, magtanong, o magpahayag ng damdamin.
3. Mahalaga ang mapanuring pag-unawa sa gamit ng wika upang tayo ay maging responsableng tagapagsalita at tagapakinig. Sa panahon ng *fake news* at disimpormasyon, mahalagang matukoy natin kung ang isang pahayag ay Impormatibo (batay sa katotohanan) o Personal (batay sa opinyon).

3. Paglinang ng Kabihasaan

Opsiyon A: Wikang Buhay: Hula at Hirit

Panuto: Sa inyong pares, gumawa kayo ng isang maikling skit na naglalarawan ng isang pang-araw-araw na sitwasyon. Siguraduhing maipakita sa inyong palabas ang hindi bababa sa tatlong magkakaibang gamit o tungkulin ng wika, tulad ng instrumental, regulatoryo, interaksyunal, at iba pa. Kapag natapos na ang inyong skit, ipakita ito sa klase at hayaang hulaan ng ibang pares kung anong tungkulin ng wika ang ginamit sa bawat linya o kilos sa inyong palabas.

Opsiyon B: BubbleTalk: Ugnayan sa Bawat Salita

	Panuto: Punan ng angkop na diyalogo o pahayag ang tatlong *speech bubbles*. Tiyaking ang bawat pahayag ay kumakatawan ng tatlo sa pitong gamit ng wika na tinalakay. Gumamit ng mga *cohesive devices* upang maging maayos ang daloy ng idea, at siguraduhing magkakaugnay ang tatlong pahayag na mabubuo. 	
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: DOKUMENTARYO KO, SURIIN NINYO!** (Pagsusuri sa Wika ng Isang Anyo ng *Media*) ***Panuto:*** Pumili lamang ng isang anyo ng midya na magsisilbing batayan sa pagsusuri. Kailangang taglay ng sulatin ang mga nabanggit na aspekto sa pagsusuri ***(uri ng wika, layunin, tungkulin ng wika, at bisa ng midyum).*** Tatayain ang pagsusuri batay sa mga pamantayan ng nilalaman, paraan ng pagsulat, at epektibong gamit ng wika. **DOKUMENTARYO** a. *Ang Huling Prinsesa* ni Kara David b. *Basurero* ni Jay Taruc c. *Remember Me* ni Sandra Aguinaldo d. *Singhap ng Pangarap* ni Micaela Papa e. *Eskinita 1: Leksyon sa Eleksiyon* ng Pinoy Media Center f. *Bayan ng mga Kontraktuwal* ni Silay Lumbera	Opsiyon A: **Dokumentaryo ko, Suriin mo!** Ang gawain ay nauugnay sa **ADDIE Model** sapagkat sumasaklaw ito sa lahat ng hakbang ng proseso. Sa Analysis, pinipili ng estudyante ang dokumentaryo at tinutukoy ang uri, layunin, at tungkulin ng wika. Sa Design at Development, pinagpaplanuhan at isinusulat ang pagsusuri, kasama ang halimbawa ng epektibong gamit ng wika. Sa Implementation, ipinapakita o ipinapasa ang gawa, at sa Evaluation, binibigyan ng fidbak batay sa nilalaman at bisa ng wika. Sa kabuoan, nakatutulong ang gawain sa

Pamantayan sa Pagtataya sa Pagsusuri ng Isang Anyo ng Dokumentaryo

Pamantayan	5 – Napakahusay	4 – Mahusay	3 – Katamtaman	2 – Nangangailangan ng Pagpapabuti
Nilalaman	Malinaw at masusing nasuri ang napiling midyum. Naipaliwanag nang mahusay ang uri ng wika, layunin, tungkulin ng wika, at bisa ng midyum.	Naipaliwanag ang karamihan sa mga aspekto ngunit may ilang bahagi na kulang sa detalye.	May ilang aspekto na nabanggit ngunit hindi sapat ang paliwanag o kulang sa halimbawa.	Hindi malinaw ang pagsusuri at halos hindi natalakay ang mga kinakailangang aspekto.
Paraan ng Pagsulat	Maayos ang organisasyon ng ideya (simula, gitna, wakas). Lohikal at malinaw ang daloy ng mga kaisipan.	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya ngunit may bahagyang kakulangan sa pag-uugnay ng mga talata.	May organisasyon ngunit may ilang bahagi na magulo o hindi malinaw ang daloy.	Magulo ang pagkakasulat at walang malinaw na daloy ng ideya.
Epektibong Paggamkit ng Wika	Wasto at angkop ang gamit ng wika. Halos walang kamalian sa gramatika, baybay, at bantas.	May kaunting kamalian sa gramatika o baybay ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	May ilang kamalian sa wika na bahagyang nakaaapekto sa pag-unawa	Maraming kamalian sa gramatika, baybay, at bantas na nakahahadlang sa pag-unawa.

Opsiyon B: DINIG-SURI
(Pagsusuri ng Napakinggang Pahayag)

Panuto: Pangkatin ang klase at makinig sa isang maikling pahayag o dokumentaryo (*ang dokumentaryo ay puwedeng kukunin mula Opsiyon A*). Bawat pangkat ay pipili ng isang tungkulin ng wika at susuriin kung makikita ito sa pahayag at iuulat ng pangkat ang kanilang sagot sa klase.

Dapat ipakita sa Presentasyon:
Maikling paglalarawan ng napakinggang pahayag.
Tungkulin ng wika na inatas sa kanilang pangkat.
Bahagi ng pahayag na nagpapatunay nito.
Paliwanag kung paano ito nakatulong sa paglutas ng suliranin o pagpapahayag ng damdamin.

kritikal na pag-iisip, pagsusuri sa wika, at kasanayan sa komunikasyon.

Tumutukoy ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:

- *Nasusuri ang isang napakinggang pahayag o napanood na dokumentaryo kung anong tungkulin ng wika ang namayani at kung paano ito nakatulong sa paglutas ng suliranin o pagpapahayag ng damdamin.*

Opsiyon B: **DINIG-SURI!**
Ang gawain na "Opsiyon B: DINIG-SURI" ay nauugnay sa **IDF at ADDIE Model** dahil nasasaklaw nito ang bawat hakbang ng proseso. Sa **Analysis**, pinapakinggan ng pangkat ang pahayag at tinutukoy ang tungkulin ng wika. Sa **Design at Development**, inihahanda nila ang presentasyon, kasama ang paglalarawan ng pahayag, pagpili ng ebidensya, at paliwanag. Sa **Implementation**, ipinapakita nila ang pagsusuri sa klase, at sa **Evaluation**, tinataya ang kalinawan at bisa ng kanilang ulat. Sa ganitong paraan, nakatutulong ang gawain sa

Pamantayan	3	2	1
Paglalarawan ng Napakinggang Pahayag	Malinaw at kumpleto ang paglalarawan ng pahayag o dokumentaryo.	Bahagyang malinaw ngunit may kulang na detalye.	Hindi malinaw at kulang ang paglalarawan.
Pagkilala sa Tungkulin ng Wika	Wastong natukoy at naipaliwanag ang tungkulin ng wika.	Natukoy ngunit kulang ang paliwanag.	Mali o hindi malinaw ang pagkilala sa tungkulin ng wika.
Pagbibigay ng Patunay mula sa Pahayag	May malinaw at angkop na bahagi ng pahayag bilang patunay.	May patunay ngunit hindi gaanong malinaw.	Walang sapat o malinaw na patunay.
Paliwanag sa Kahalagahan ng Tungkulin ng Wika	Malinaw na naipaliwanag kung paano ito nakatulong sa paglutas ng suliranin o pagpapahayag ng damdamin.	May paliwanag ngunit kulang sa detalye.	Walang malinaw na paliwanag.
Presentasyon ng Pangkat	Maayos, malinaw, at organisado ang presentasyon ng pangkat.	Katamtaman ang presentasyon.	Hindi maayos ang presentasyon.

pakikinig, pagsusuri sa wika, kolaborasyon, at pagpapahayag ng damdamin, na tumutugma sa layunin ng IDF at ADDIE.

2. Paglalahat

Opsiyon A: Kuwento sa Papel: Kuwento ko, Dugtungan mo!

Panuto: Sumulat ng isang pangungusap sa papel na nagpapakita ng isang tungkulin ng wika. Ipasa sa kaklase, at siya naman ang magdagdag ng pangungusap na may ibang tungkulin. Ipagpatuloy hanggang sa makabuo ng isang buong kuwento.

Halimbawa:

> Maagang pumasok si Liza sa paaralan at sinabi sa kanyang mga kaklase. "May bago akong natuklasan tungkol sa ating proyekto."
> *(Ipasa ito at dudugtungan)*

Opsiyon B: Palit-papel: Wika sa Aking Buhay

Panuto: Mag-isip ng isang sitwasyon sa iyong pang-araw-araw na buhay (sa bahay, paaralan, kaibigan, o social media). Gumawa ng

Opsiyon A: **Kuwento sa Papel: Kuwento ko, Dugtungan mo!**

Ang gawain ay kaugnay ng **ADDIE model** dahil sa bawat yugto ng proseso makikita ang sistematikong pagtuturo at pagkatuto. Sa **Analysis** at **Design**, tinutukoy ang kakayahan ng mag-aaral at binuo ang malinaw na panuto. Sa **Development** at **Implementation**, aktuwal na gumagawa at nagpapalitan ng pangungusap ang mga mag-aaral upang mabuo ang kuwento. Sa **Evaluation**, sinusuri ang kuwento at ang paggamit ng tungkulin ng wika, na nagbibigay ng pagkakataon para sa

<table>
<tr>
<td></td>
<td>7 maikling pangungusap o linya ng usapan na nagpapakita ng iba’t ibang tungkulin ng wika. Pagkatapos ay ipagpalit ang papel sa iyong kaklase upang basahin niya ang iyong pangungusap at tukuyin kung anong tungkulin ng wika ang ginamit, at pagkatapos ay ibabalik sa iyo upang sabay ninyong masuri kung tama ang inyong naging sagot.

Halimbawa:

<table>
<tr><th>1. Kumusta ka? Sabay tayong kumain mamaya.</th><th>Interaksyunal</th></tr>
<tr><td>2. Pahingi naman ng tubig.</td><td>Instrumental</td></tr>
<tr><td>3. Bawal magtapon ng basura dito.</td><td>Regulatoryo</td></tr>
</table>
</td>
<td>pagpapabuti ng kasanayan sa komunikasyon.

Opsiyon B: Palit-papel: Wika sa Aking Buhay
Ang gawain na “Palit-papel: Wika sa Aking Buhay” ay kaugnay ng ADDIE model dahil sinusunod nito ang bawat hakbang: sa Analysis, tinutukoy ang kakayahan ng mag-aaral; sa Design, binuo ang malinaw na panuto; sa Development at Implementation, aktuwal na nagsusulat at nagpapalitan ng papel ang mga mag-aaral; at sa Evaluation, sinusuri ang sagot upang mapaunlad ang kasanayan sa wika at komunikasyon.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>3. Pagtataya
Opsiyon A: Usap-Suri: Tuklasin ang Tungkulin ng Wika
Panuto: Basahin ang diyalogo sa ibaba at tukuyin ang tungkulin ng wika kung: (A) instrumental, (B) regulatori, at (C) heuristiko sa mga pahayag na may salungguhit. Isulat lamang ang titik ng tamang tungkulin ng wika sa ibabaw ng ginuhitang pahayag.

Summer: Narinig mo ba? May science fair sa paaralan bukas. parang (1) <u>gusto kong sumali sa paligsahan ng mga imbensiyon.</u>
Winter: (2) <u>Ano ba ang ginagawa dito sa science fair?</u>
Summer: Ipinapakita ng mga estudyante ang kanilang mga proyekto at eksperimento.
Winter: (3) <u>Bakit ba gusto mong sumali?</u>
Summer:(4) <u>Dahil magandang pagkakataon ito para maipakita ang ating mga idea at matuto pa sa ibang proyekto</u>
Winter: Ibig sabihin, (5) <u>may iba pang paraan para matuto</u></td>
<td>Opsiyon A: Usap-Suri: Tuklasin ang Tungkulin ng Wika
Ang gawain na “Usap-Suri: Tuklasin ang Tungkulin ng Wika” ay nagtuturo sa mag-aaral na tukuyin ang tungkulin ng wika sa bawat pahayag. Kaugnay ito sa ADDIE Model dahil sinisimulan sa pagsusuri ng pahayag, isinasagawa sa klase, at sinusuri ang sagot ng mag-aaral. Sa IDF, ipinapakita ang proseso ng Usap (pakikipag-ugnayan), Suri (pagsusuri), at Tuklasin (pagdiskubre ng kahulugan ng wika). Ang gawain ay nagpapaunlad ng kritikal na</td>
</tr>
</table>

	<u>tungkol sa agham?</u> Summer: Oo naman. (6) <u>Kung gusto mo, maaari kang manood ng presentasyon, magtanong sa mga kalahok, o magbasa ng kanilang mga ulat.</u> Winter: Ah ganoon pala. (7) <u>Bakit mo napili ang paggawa ng imbensiyon?</u> Summer: (8) <u>Dahil nais kong makatulong sa paglikha ng mga bagay na kapaki-pakinabang sa komunidad.</u> Winter: Talaga? Summer: (9) <u>Tandaan mo na maraming makabagong tuklas ang nagsimula lamang sa simpleng idea ng mga mag-aaral.</u> Winter: Tama ka! (10) <u>Halika, sumali na rin tayo!</u> **Opsiyon B: Sitwasyon ko, tukuyin mo!** **Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat pahayag. Tukuyin kung anong gamit at tungkulin ng wika ang ipinapakita sa bawat sitwasyon. Isulat ang tamang sagot sa malinis na papel. 1. Maari mo bang iabot ang tubig? Nauuhaw na ako. 2. Ayon sa balita, magkakaroon ng bagyo bukas sa hilagang bahagi ng bansa. 3. Huwag kayong magtatakbuhan sa pasilyo ng paaralan. 4. Masaya ako dahil nakapasa ako sa pagsusulit. 5. Ano kaya ang mangyayari kung makakapunta tayo sa Mars? 6. Kumusta ka na? Matagal na kitang hindi nakita. 7. Kapag pinindot mo ang *switch*, liliwanag. 8. Nais kong maging doktor balang araw upang makatulong sa mga may sakit. 9. Halina't samahan ninyo ako sa isang mahiwagang kaharian na puno ng diwata. 10. Bakit nagbabago ang klima ng mundo?	pag-iisip at kakayahang matukoy ang layunin ng wika sa komunikasyon. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 6* Opsiyon B: **Sitwasyon ko, tukuyin mo!** Ang pagtukoy sa gamit at tungkulin ng wika ay kaugnay ng **ADDIE Model** sa yugto ng Analysis at Design, kung saan sinusuri at pinaplano ang mga layunin ng pagkatuto. Sa konteksto ng **IDF (Instructional Design Framework)**, nakatutulong ito sa content analysis upang matukoy kung paano maipapahayag ang impormasyon, regulasyon, o interaksiyon sa mga mag-aaral. Sa madaling salita, ang gawaing ito ay nagsasanay sa mga mag-aaral na maunawaan ang iba't ibang gamit ng wika, na mahalaga sa pagdidisenyo ng epektibong kagamitang panturo.

	4.Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Tala-Tungkulin ng Wika** **Panuto:** Punan ang talahanayan sa pamamagitan ng paghahambing ng tatlong tungkulin ng wika na tinalakay, batay sa kanilang kahulugan, gamit, at mga halimbawa. Sa unang hanay, ilahad ang pagkakaiba ng kanilang kahulugan; sa ikalawang hanay, ipaliwanag ang pagkakaiba ng kanilang gamit; at sa ikatlong hanay, magbigay ng tiyak na halimbawa para sa bawat tungkulin ng wika.	Opsiyon A: **Tala-Tungkulin ng Wika** Ang paghahambing ng tatlong tungkulin ng wika ay tumutulong sa **Analysis at Design** ng ADDIE Model dahil sinusuri nito ang kahulugan, gamit, at halimbawa ng wika para sa mas malinaw na pagkatuto. Sa konteksto ng **IDF**, ito ay bahagi ng *content structuring* upang maipakita sa mga estudyante kung paano ginagamit ang wika sa iba't ibang sitwasyon, na nagiging batayan sa pagbuo ng epektibong kagamitang panturo. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 2) Gawain Bilang 7*

	REGULATORYO	HEYURISTIKO	IMAHINATIBO
Pagkakaiba sa kahulugan			
Pagkakaiba sa gamit			
Halimbawa			

Opsiyon B: GIF o Meme Interpretation

Panuto: Maghanap o gumawa ng **meme o GIF** na naglalarawan ng isang pangungusap o sitwasyon. Sa kapsyon, tukuyin kung aling tungkulin ng wika ang ipinapakita. I-post online at hayaan ang iba na magkomento o mag-react kung tama ang interpretasyon.

Tungkulin ng Wika: Heuristiko

(Ginagamit ang wika upang magtanong at makakuha ng bagong kaalaman.)

Opsiyon B: **GIF o Meme Interpretation**

Ang gawain ng paggawa o paghahanap ng meme o GIF ay nagtataguyod ng **ICT integration** sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng digital media, naipakikita at naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang **tungkulin ng wika** sa mas interaktibo at biswal na paraan. Kaugnay ito ng **ADDIE Model** (Analysis/Design) at **IDF**, dahil ginagamit ang teknolohiya upang masuri, mailahad, at maibahagi ang nilalaman, na nagpapalawak ng partisipasyon at pakikisangkot sa online o digital na setting.

VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Multiple Choices:** **Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang tamang tungkulin ng wika na ipinapakita sa bawat halimbawa. 1. Si Ana ay nagtanong sa kaniyang guro kung paano malulutas ang isang mahirap na problema sa matematika. A. Instrumental B. Heuristiko C. Regulatoryo D. Personal 2. Si Marco ay nag-post sa social media tungkol sa kaniyang damdamin matapos makakuha ng mataas na marka sa pagsusulit. A. Impormatibo B. Personal C. Imahinatibo D. Interaksyunal 3. Nagbigay si Gino ng paalala sa kaniyang kapatid na hugasan ang pinggan pagkatapos kumain. A. Regulatoryo B. Instrumental C. Heuristiko D. Interaksyunal 4. Si Liza ay nagsalaysay ng kuwentong kathang-isip tungkol sa isang mahiwagang mundo sa klase. A. Imahinatibo B. Impormatibo C. Personal D. Interaksyunal 5. Si Carlo ay nagtanong sa kaniyang kaibigan tungkol sa kasaysayan ng kanilang bayan upang matuto. A. Heuristiko B. Regulatoryo C. Instrumental D. Impormatibo	***Kasagutan: Aytem 1-10*** *1. B* *2. B* *3. A* *4. A* *5. A* *6. A* *7. A* *8. A* *9. A* *10. C* *11. Sarili* *12. Pamilya* *13. Lipunan* *14. Bansa* *15. Daigdig*

	6. Si Bea ay nakipagkuwentuhan sa kamag-aral tungkol sa mga nangyari sa kanilang weekend. A. Interaksyunal B. Personal C. Impormatibo D. Imahinatibo 7. Si Renz ay nagpadala ng liham sa kaniyang tiyahin upang humingi ng tulong sa pagpapagawa ng proyekto. A. Instrumental B. Regulatoryo C. Heuristiko D. Personal 8. Si Miko ay nagbigay ng impormasyon tungkol sa bagong patakaran ng paaralan sa lahat ang mag-aaral. A. Impormatibo B. Imahinatibo C. Personal D. Interaksyunal 9. Si Ana ay nagtanong sa tindera kung magkano ang isang prutas at paano ito pipiliin nang maayos. A. Heuristiko B. Instrumental C. Regulatoryo D. Interaksyunal 10. Si Leo ay nagpadala ng tula sa kaniyang kaibigan upang maipahayag ang kaniyang damdamin. A. Personal B. Impormatibo C. Imahinatibo D. Regulatoryo	

	Aytem 11-15 **Panuto:** Basahin ang bawat sitwasyon. Tukuyin kung anong antas ang ipinapakita ng gamit ng wika (**sarili, pamilya, lipunan, bansa, o daigdig**) 11. Nagsusulat si Liza ng tula upang ipahayag ang kaniyang nararamdaman tungkol sa mga pangarap at hamon sa kaniyang buhay. 12. Nag-uusap ang magulang at anak tungkol sa mga gawain sa bahay at pagpapahalaga sa isa't isa. 13. Nagkaroon ng pagpupulong sa barangay upang pag-usapan ang mga proyekto para sa kalinisan at kaayusan ng komunidad. 14. Nagbigay ng talumpati ang isang pinuno ng bansa tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa ng mga mamamayan. 15. Nakipagpulong ang mga kinatawan ng iba't ibang bansa upang pag-usapan ang mga suliraning pandaigdig tulad ng klima at kalakalan.	***Kasagutan: Aytem 11- 15*** *11. Sarili* *12. Pamilya* *13. Lipunan* *14. Bansa* *15. Daigdig*

VII. PAGNINILAY	(see below)

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang gawain, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto?	
2. Anong mga estratehiya sa mga pagsusuri ng mga tekstong may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. *Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.*

___

2. *Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.*

___

3. *Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan ang aralin.*

___

4. *Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.*

___

5. *Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?*

___

6. *Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?*

___

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Barayti ng Wika at Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo**	**Modelong Banghay-Aralin**	3
Manunulat	Gesselle S. Cambia /Hazel O. Malto / Jennifer V. Marangi		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang may alam na sa gamit at tungkulin ng wika. LC 4 Naihahambing ang paggamit ng mga barayti ng wika ayon sa mga piling sitwasyong napakinggan, nabasa, at napanood LC 5 Nasusuri ang barayti ng wika na ginamit sa teksto batay sa layon, konteksto, at target na awdyens LC 6 Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon batay sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Barayti ng Wika. (n.d.). Ang rehistro at iba't ibang barayti ng wika [PowerPoint slides]. Chua, Y. T. (2025, June 17). Filipino concern over online disinformation hits record high. Philstar.com. https://www.philstar.com/headlines/2025/06/17/2451013/filipino-concern-over-online-disinformation-hits-record-high-report-finds Corpus, B., & Santos, R. (2021). Bilingual education and reading proficiency in secondary schools. Philippine Journal of Education Research, 15(2), 45–62. Constantino, R., & David, L. (2015). Wikang pambansa, opisyal, at panturo sa edukasyong Filipino. Manila, Philippines: Ateneo de Manila University Press. Department of Education (DepEd). (2016). Mother tongue-based multilingual education: Policy and guidelines. Pasig City, Philippines: DepEd. https://www.deped.gov.ph Department of Health. (2025). Dengue prevention and control program updates. https://doh.gov.ph

	Enoy, R. G. (n.d.). Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino. Unang Markahan – Modyul 2: Konseptong pangwika (Wikang Pambansa, Wikang Opisyal, Wikang Panturo, at Multilingguwalismo). [Unpublished module]. Fadrigalan, S. A. (2025, April). Hindi nakapaghanda ng beach outfits, sayang, hindi tuloy nakaawra [Facebook post]. Facebook. https://www.facebook.com/sigrid.fadrigalan Greelane. (2019). Ano ang multilingguwalismo? https://www.greelane.com/tl/humanities/ingles/what-is-multilingualism-1691331 Greelane. (2020). Ano ang bilingguwalismo? https://www.greelane.com/tl/humanities/ingles/what-is-bilingualism-1689026 Oloyede.com.ng. (2024). Bilingualism/Multilingualism. https://www.oloyede.com.ng/2024/02/bilingualismmultilingualism.html Paz, F., Santos, R., & dela Cruz, M. (2003). Pag-aaral ng barayti ng wika sa Pilipinas: Teorya at aplikasyon. Quezon City, Philippines: University of the Philippines Press. Rappler News. (2023, March 15). COVID-19 cases rise in Metro Manila. https://www.rappler.com Wikipedia. (n.d.). Multilingualism. https://en.wikipedia.org/wiki/Multilingualism *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://drive.google.com/file/d/1Ra8xhKrHWHiAQ6wBXpMLMAB06L4I_7hW/view?usp=sharing*
III. NILALAMAN	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo
IV. TUNGUHIN	**LC 4 Naihahambing ang paggamit sa barayti ng wika ayon sa mga piling sitwasyong napakinggan, nabasa, at napanood** **LC 5 Nasusuri ang barayti ng wika na ginamit sa teksto batay sa layon, konteksto, at target awdyens** **LC 6 Naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon batay sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan**

	1. Nailalarawan ang iba't ibang barayti ng wika na ginamit sa mga piling tekstong napakinggan, nabasa, at napanood, batay sa layon, konteksto, at target na awdyens, sa pamamagitan ng isang analitikal na pagsusuri na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa sosyolingguwistikong dimensyon ng wika. 2. Naihahambing ang paggamit ng barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (pormal, impormal, teknikal, kolokyal) gamit ang angkop na estratehiya tulad ng comparative matrix o graphic organizer, at nakapagbibigay ng lohikal na interpretasyon hinggil sa implikasyon nito sa komunikasyon. 3. Nakalilikha ng isang diskursibong teksto (hal. sanaysay, talumpati, vlog script, liham o panayam) na nagpapakita ng angkop at estratehikong paggamit ng barayti ng wika ayon sa layon, konteksto, at target na awdyens, bilang patunay ng kanilang kakayahang ilapat ang mga konseptong pangwika sa aktuwal na sitwasyong pangkomunikasyon. 4. Nakapagpapahayag ng kritikal na repleksiyon hinggil sa kahalagahan ng wastong paggamit ng barayti ng wika sa personal, akademiko, at panlipunang komunikasyon sa pamamagitan ng isang replektibong sanaysay o journal entry na sumasalamin sa kanilang sariling pananaw at karanasan.

V. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman	
	Opsiyon A: *Eksena Check* **Panuto:** Ang klase ay hahatiin sa limang pangkat at pipili ng isang kinatawan upang bumunot ng *role card* na naglalaman ng isang sitwasyon. Ipakikita ng pangkat ang sitwasyon sa buong klase sa pamamagitan ng maikling pagsasadula gamit ang angkop na barayti ng wika. Pagkatapos ng eksena, huhulaan ng klase kung anong sitwasyon ang ipinakita at tutukuyin ang barayti ng wikang ginamit. Pagkatapos nito, magkakaroon ng maikling talakayan gamit ang tabular upang suriin ang mga palatandaang nagpapakita ng ginamit na barayti ng wika.	Para sa Opsiyon A: **Eksena Check** Upang mas maging maayos ang gawain, Siguraduhing malinaw at pamilyar sa mga mag-aaral ang mga sitwasyon na ibibigay upang mas madali nilang maipakita ang angkop na barayti ng wika. Makabubuti ring ipaliwanag muna ang layunin ng gawain. Bago magpakita ng eksena ang bawat grupo o kinatawan, maaaring magbigay ang guro ng 5 minuto ng paghahanda upang mapag-isipan nila kung anong uri ng pananalita ang gagamitin. Ang *"Eksena Chek"* ay nakaangkla sa IDF dahil ito ay learner-centered at nakabatay sa tunay na

	Mga sitwasyon sa *role card*: 1. *job interview* 2. chikahan ng barkada 3. *reporting* sa klase 4. *online gaming* chat 5. pag-uusap ng mga guro 6. Panggagaya sa pagsasalita ng isang sikat na personalidad *(Maaaring palitan ng guro ang mga sitwasyon sa role card.)* *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3A*	sitwasyong komunikasyon. Aktibong naihahambing ng mga mag-aaral ang paggamit ng wika habang sinusuri ang konteksto at layunin ng pagsasalita. Dahil dito, nagiging makabuluhan at nakaayon sa layunin ng aralin ang pagkatuto. Tumutugon sa *Indicator 3: Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills (1.5.2)* dahil gumagamit ito ng role play at situational analysis upang mahasa ang pagsusuri at interpretasyon ng mga mag-aaral. Tinutugunan din nito ang I*ndicator 4: Manage classroom structure to engage learners in meaningful exploration and hands-on activities (2.3.2***)** sapagkat aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa interaktibong gawain. Ang mga ito ay malinaw na naipapakita sa disenyo ng gawaing kolaboratibo at kontekstuwalisadong pagkatuto. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* • *Naihahambing ang paggamit ng barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (pormal, impormal, teknikal, kolokyal) gamit ang angkop na estratehiya tulad ng comparative matrix o graphic organizer, at nakapagbibigay ng lohikal na interpretasyon hinggil sa implikasyon nito sa komunikasyon.*
	Opsiyon B: Kilalanin Mo Ako **Panuto:** Makinig nang mabuti at aktibong makilahok sa gawain. Pipili ang guro ng ilang mag-aaral na magbabasa nang malakas ng bawat pahayag na kanyang inihanda, gamit ang wastong bigkas at angkop na damdamin. Pagkatapos ng bawat pagbasa, susuriin ng buong klase ang pahayag upang matukoy	Para sa Opsiyon B**: Kilalanin Mo Ako** Ang gawaing *"Kilalanin Mo Ako"* ay nakaangkla sa *Instructional Design Framework* ng Department of Education dahil ito ay *learner-centered* at gumagamit ng kontekstuwalisadong mga halimbawa ng wika mula sa tunay na sitwasyong panlipunan. Aktibong pinasusuri at pinaghahambing ang mga mag-aaral upang makabuo ng konsepto tungkol sa barayti ng wika.

	kung anong barayti ng wika ang ginamit at saang sitwasyon o konteksto ito karaniwang ginagamit (hal. pormal na pagtitipon, usapang magkaibigan, rehiyonal na komunikasyon, atbp.). Sa huli, maghahanda ang klase ng maikling talakayan upang ibahagi at pag-usapan ang kanilang mga obserbasyon, na magpapatibay ng pag-unawa sa iba't ibang barayti ng wika at sa tamang paggamit nito sa iba't ibang sitwasyon. Mga Pahayag: • *"Naimbag nga aldaw!"* • *"Chika muna tayo, bes!"* • *"Ginoo at ginang…"* • *"Pre, astig 'to!"* *(Maaaring palitan ng guro ang mga pahayag.)* **Pamprosesong tanong:** 1. Kung nagkakaiba-iba ang paraan ng pagsasalita batay sa lugar, grupo at sitwasyon, ano ang masasabi ninyo tungkol dito? 2. Bakit kaya may iba't ibang "anyo" o "uri" ng wikang ginagamit ng tao sa magkakaibang pagkakataon? 3. Paano ipinakikita ng mga halimbawa na ang wika ay naayon sa komunidad at ugnayan ng mga taong gumagamit nito? 4. Ano kaya ang tawag sa mga pagkakaibang ito sa paggamit ng iisang wika?	Nakaayon din ang mga gawain at tanong sa layunin ng aralin kaya nagiging makabuluhan at organisado ang pagkatuto. Nalilinang sa gawaing ito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa mabisang komunikasyon sa pamamagitan ng wastong pagbasa at pagpapahayag ng kanilang pagsusuri. Nahahasa rin ang kanilang kritikal na pag-iisip sa pagtukoy at pagsusuri ng barayti ng wikang ginamit sa iba't ibang pahayag. Bukod dito, napauunlad ang pakikipagtulungan sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan ng klase. Tinutugunan nito ang *Indicator 3: Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills (1.5.2)* dahil hinahasa ang pagsusuri at pag-uugnay ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto.
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Saan Tayo Patungo**	Para sa Opsiyon A**: Saan Tayo Patungo** Malinaw na ipinapakita ng gawain ang ugnayan ng dating kaalaman, layunin, at inaasahang output ng aralin. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral na

	Magpapakita ng isang *flow chart*. Sisimulan ito sa isang *arrow*/palaso na may marka na "Dating Kaalaman" (ibinatay sa gawain na mula sa bahaging "Paghango ng Dating Kaalaman").Susundan ito ng isang kahon na may markang "Layunin" (dito isusulat ang layunin ng aralin) at magtatapos sa isang kahon na may label na "Output". Panuto: Pagmasdan ang *flow chart* at sundan ang direksyon ng mga arrow/palaso mula sa "Dating Kaalaman" patungo sa "Layunin" hanggang "Output." Basahin ang marka sa bawat palaso upang maunawaan ang daloy at patutunguhan ng ating aralin. Iugnay ang bawat bahagi sa mga naunang gawain at sa inaasahang resulta ng pagkatuto. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3B*	maunawaan ang direksyon at kahalagahan ng kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng organisadong daloy ng impormasyon. Nagiging malinaw, sistematiko, at layunin-nakatuon ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 1* Tumutugon ito sa *Indicator 7: Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts* (4.1.2) dahil ipinakikita ang maayos at lohikal na pagkaka-sunod-sunod ng mga bahagi ng aralin.
	Opsiyon B: Target Spotted Maghahanda ang guro ng malaking target board na may limang singsing. Sa gitna, nakasulat ang pangunahing layunin ng aralin. Sa labas ng singsing, nakalagay ang mga larawan o *icon* na kumakatawan sa mga kasanayang tutukuyin ng layunin(hal. isang bolpen para sa "pagsulat", aklat para sa "kaalaman" etc.) *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3C*	Para sa Opsiyon B**: Target Spotted** Ang gawaing *"Target Spotted"* ay nakaangkla sa *Instructional Design Framework* ng Department of Education dahil malinaw nitong iniuugnay ang mga layunin ng aralin sa mga kasanayang dapat malinang ng mga mag-aaral. Gumagamit ito ng biswal at interaktibong estratehiya upang gawing mas malinaw at makabuluhan ang direksyon ng pagkatuto. Dahil dito, nagiging *learner-centered at outcome-based* ang pagproseso ng aralin. Tumutugon ito sa *Indicator 8: Select, develop, organize and use appropriate teaching and learning*

	Panuto: Pansinin ang malaking "target board" sa pisara na may bilog na limang singsing. Basahin nang malakas ang nakasulat sa gitnang singsing, dahil ito ang pangunahing layunin ng aralin na dapat mong maunawaan. Pagkatapos, suriin ang mga larawan o simbolo sa labas ng gitnang singsing at pag-isipan kung paano ito nauugnay sa layunin ng aralin; halimbawa, kung may larawan ng aklat, isipin kung paano ito konektado sa bagong aralin. Sa huli, makipag-usap sa iyong katabi sa loob ng isang minuto at ipaliwanag ang iyong pagkakaintindi sa layunin at kung paano nauugnay ang mga simbolo rito, at maghanda rin sa pagbabahagi ng inyong napag-usapan sa buong klase.	*resources, including ICT, to address learning goals (4.5.2)* dahil gumagamit ang guro ng angkop at organisadong biswal na kagamitan upang suportahan ang pag-unawa sa layunin ng aralin.
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: WIKA*wise*** **Panuto:** Magbibigay ang guro ng isang teksto, video clip, o audio recording, tulad ng balita, vlog, panayam, o usapan ng magkakaibigan. Susuriin ng mga mag-aaral ang teksto gamit ang Comparative Matrix, tukuyin ang barayti ng wika na ginamit, at ipaliwanag kung bakit ito angkop sa sitwasyong ipinakita sa teksto. Iugnay sa layon, konteksto, at target na awdyens. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3D*	Para sa Opsiyon A**: WIKAwise** Sa **Opsiyon A: WIKAwise**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng barayti ng wika batay sa konteksto, **communication** sa malinaw na pagpapaliwanag ng obserbasyon, **collaboration** kapag ginagampanan sa pangkat, at **media literacy** sa pagsusuri ng iba't ibang uri ng midya tulad ng vlog, balita, o panayam. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 2* Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktwal na inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa barayti ng wika sa pagsusuri at pagpapaliwanag ng ibinigay na teksto o materyal, bilang konkretong pagpapakita ng pag-unawa sa layon, konteksto, at awdyens.

		Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • *Naihahambing ang paggamit ng barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (pormal, impormal, teknikal, kolokyal) gamit ang angkop na estratehiya tulad ng comparative matrix o graphic organizer, at nakapagbibigay ng lohikal na interpretasyon hinggil sa implikasyon nito sa komunikasyon* May laya ang guro na palitan ang mga teksto.
	Opsiyon B: TalkBox:BIGkas-BARayti **Panuto**: Sa tulong ng Talkbox, pipili ang mga mag-aaral ng teksto o dialogo na nagpapakita ng iba't ibang barayti ng wika (Idyolek, Dayalek, Sosyolek, Rehistro) o uri ng wika (Wikang Pambansa, Panturo, Opisyal) na bibigyang katauhan/bibigkasin nila. Matapos ay ipaliliwanag sa mga mag-aaral kung bakit angkop ang barayti sa sitwasyon o awdyens. 	Para sa Opsiyon B**: TalkBox:BIGkas-BARayti** Sa **Talkbox**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagtukoy ng angkop na barayti ng wika, **communication** sa malinaw na pagpapahayag ng linya, **creativity** sa pagbibigay-buhay sa diyalogo at karakter, at **media literacy** sa pagsusuri ng teksto o midya. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktuwal na inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa barayti ng wika sa pagsasalita, pagbibigay-katauhan, at pagbuo ng interpretasyon, na nagbubuo ng aktibong pagkatuto sa praktikal na konteksto. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* • *Nailalarawan ang iba't ibang barayti ng wika na ginamit sa mga piling tekstong napakinggan, nabasa, at napanood, batay sa layon, konteksto, at target na awdyens, sa pamamagitan ng isang analitikal na pagsusuri na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa sosyolingguwistikong dimensyon ng wika.*

	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Iba Pang Konsepto at Barayti ng Wika** *Tingnan sa* *WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3E*	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A :LinguaBingo** Panuto : 1. Bawat mag-aaral ay bibigyan ng isang Bingo Card. 2. Bubunutin ng guro ang barayti ng wika at Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo 3. Kung may tumutugma sa nilalaman ng kanilang bingo card, i-*check* o markahan ito ng mag-aaral. 4. Ang unang maka-bingo (pahalang, patayo, o diagonal) ay kailangang ipaliwanag kung bakit ito ang barayti o uri ng wika bago manalo. *Tingnan sa* *WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3F*	Para sa Opsiyon A**: LinguaBingo** Sa **Bingo sa Barayti at Uri ng Wika**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagtukoy at pag-uugnay ng wika sa tamang halimbawa, **communication** sa pagpapaliwanag ng pagpili, at **collaboration** sa interaktibong pakikilahok sa klase. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktuwal na inilalapat ng mga mag-aaral ang kaalaman sa barayti at uri ng wika sa pagtukoy, pagsusuri, at pagpapaliwanag sa isang masiglang gawain. Susi sa Pagwawasto: “Petmalu, lodi, char lang” Sosyolek – kabataan / barkada. "Gipanigot ko’g tubig para sa panihapon, ate Kaka." Dayalek: Bisaya/Dinagat Ipinaliliwanag ang lokal na paraan ng pagsasalita "Pakibasa ang kabanata bago magsimula ang klase bukas." Rehistro: Panturo/pormal na tagubilin sa paaralan "Ang gobyerno ay naglabas ng bagong patakaran para sa lahat ng kawani ng gobyerno sa bansa." Wikang Pambansa: Filipino Opisyal: ginagamit sa dokumento o mahahalagang anunsiyo - *Multilingguwalismo / Bilingguwalismo*

		"Sa paaralan, maaari mong gamitin ang Filipino, Ingles, o iyong unang wika sa proyekto." Nagpapakita ng paggamit ng dalawang o higit pang wika sa parehong sitwasyon "Ngayong araw, pag-uusapan natin ang mga programang pang-edukasyon na ipinatutupad sa mga paaralan sa probinsya." Rehistro / Pormal Wikang Pambansa / Panturo "Mangyaring dumalo sa pulong bukas ng alas-4 ng hapon sa multi-purpose hall." Wikang Opisyal: pormal na paanyaya Rehistro: pormal na komunikasyon sa komunidad *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 3* Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • Nailalarawan ang iba't ibang barayti ng wika na ginamit sa mga piling tekstong napakinggan, nabasa, at napanood, batay sa layon, konteksto, at target na awdyens, sa pamamagitan ng isang analitikal na pagsusuri na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa sosyolingguwistikong dimensyon ng wika.
	Opsiyon B: Wikang Isinasadula **Panuto** : Hatiin ang klase sa mga grupo na may 4–5 miyembro. Ipaliwanag sa bawat grupo na gagawa sila ng maikling dula o role play na tatagal ng 2–3 minuto. Gabayan sila na pumili ng sitwasyon kung saan maipapakita ang iba't ibang barayti ng wika, tulad ng usapan ng magkakaibigan, panayam sa telebisyon, pag-uusap sa barangay, talakayan sa klase, o usapan sa palengke.	Para sa Opsiyon A**: Wikang Isinasadula** Sa **pagsasadula ng barayti ng wika**, nalilinang ang **creativity, communication, collaboration**, at **critical thinking** sa malikhaing pagpapahayag ng linya, pagtutulungan ng grupo, at pagpili ng angkop na barayti batay sa konteksto. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktuwal na inilalapat ng mga mag-aaral ang kaalaman sa barayti ng wika sa

	Siguraduhing sa pagtatanghal, lilitaw ang hindi bababa sa dalawang barayti ng wika gaya ng dayalek, idyolek, sosyolek, wikang panturo, o wikang pambansa, upang malinaw na maipakita ang pagkakaiba-iba at gamit ng wika sa iba't ibang konteksto. Bigyan ng fidbak ang mga grupo sa pagkamalikhain, kaangkupan ng barayti ng wika, at malinaw na pagpapahayag. Halimbawang Eksena Barangay meeting kung saan: • Ang kapitan ay gumagamit ng pormal na Filipino • Ang mga kabataan ay gumagamit ng sosyolek • Ang mga matatanda ay gumagamit ng dayalek *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3G*	malikhaing pagtatanghal bilang kongkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • Nailalarawan ang iba't ibang barayti ng wika na ginamit sa mga piling tekstong napakinggan, nabasa, at napanood, batay sa layon, konteksto, at target na awdyens, sa pamamagitan ng isang analitikal na pagsusuri na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa sosyolingguwistikong dimensyon ng wika.
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: BaraytiBlast** ***Panuto:*** Batay sa mga impormasyong natutunan hinggil sa barayti ng wika, hatiin sa apat na pangkat ang klase at suriin ang sumusunod na mga teksto batay sa mga pamprosesong tanong na ibibigay ng guro. Pagkatapos ng pagsusuri, gagawa ang bawat pangkat ng **poster o digital presentation** na magpapakita ng kanilang interpretasyon at obserbasyon, at ihaharap ito sa klase.	Para sa Opsiyon A**: BaraytiBlast** Sa gawaing **Opsiyon A: BaraytiBlast**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking** sa pagsusuri ng mga teksto batay sa pamprosesong tanong, **collaboration** sa pagtutulungan ng mga kasapi ng pangkat, **communication** sa paglalahad ng interpretasyon sa klase, at **creativity** sa paglikha ng poster o digital presentation. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** sapagkat dito inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhang konsepto hinggil sa barayti ng wika sa pamamagitan ng aktuwal na pagsusuri ng teksto at pagbuo ng presentasyon, bilang kongkretong pagpapakita ng kanilang pag-unawa.

	Unang Pangkat: Balita mula sa pahayagan **Teksto:** "Ipinapakita ng 2025 Digital News Report na tumaas ang antas ng pag-aalala ng mga Filipino tungkol sa online disinformation, kung saan 67 porsiyento ng mga respondenteng Pilipino ang nag-ulat na nababahala tungkol sa maling impormasyon sa internet ngayong taon." - *'Filipino concern over online disinformation hits record high'*, Philstar.com (June 17, 2025) **Ikalawang Pangkat:** Post sa social media **Teksto:** "*Hindi nakapaghanda ng beach outfits, sayang, hindi tuloy nakaawra.*" -Sigrid A. Fadrigalan- Tibordo (April 2025) **Ikatlong Pangkat:** Akademikong artikulo **Teksto: "**Ayon sa pinakahuling ulat pangkalusugan, ang dengue ay isang *viral infection* na naipapasa sa pamamagitan ng kagat ng lamok na *Aedes aegypti.* Ang mga karaniwang sintomas nito ay mataas na lagnat, matinding pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan at kalamnan, at *rashes* sa balat. Sa mga malulubhang kaso, maaaring magdulot ito ng *dengue hemorrhagic fever* na nagiging sanhi ng pagdurugo, pagbaba ng *platelet count*, at posibleng pagkasira ng mga organo. Dahil dito, mahalaga ang maagang pagsusuri, sapat na hydration ng pasyente, at patuloy na pagmamanman ng vital signs upang maiwasan ang komplikasyon."	Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • Naihahambing ang paggamit ng barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (pormal, impormal, teknikal, kolokyal) gamit ang angkop na estratehiya tulad ng comparative matrix o graphic organizer, at nakapagbibigay ng lohikal na interpretasyon hinggil sa implikasyon nito sa komunikasyon. May laya ang guro na palitan ang mga teksto.

	- Department of Health. (2025). *Dengue Prevention and Control Program Updates.* https://doh.gov.ph **Ikaapat na Pangkat:** Lokal na pahayag mula sa ibang rehiyon **Teksto (Mula sa Bisaya/Visayan):** "Hoy bai, adto ta karon sa *palengke*, kay daghan pa nga *sariwang isda* karong adlawa! (Salin: "Hoy pare, punta tayo ngayon sa palengke, kasi marami pang sariwang isda ngayong araw.") - pahayag sa Visayan na karaniwang naririnig sa pang-araw-araw na usapan sa Visayas at Mindanao **Pamprosesong Tanong** 1. Anong uri ng barayti ng wika ang lumilitaw sa teksto? 2. Ano ang layon at konteksto ng tekstong nabasa? 3. Sino ang target na awdyens? 4. Paano nakaaapekto ang barayti ng wika sa pagkaunawa at interpretasyon ng mensahe? *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3H*	
	Opsiyon B: ChalkChat **Panuto:** Obserbahang mabuti ang larawan ng silid-aralan na may guro at mga estudyante. Pansinin ang kilos, ekspresyon at interaksyon ng bawat tauhan. Bumuo ng isang maikling kuwento (3-5 talata) gamit ang	Para sa Opsiyon B**: ChalkChat** Sa gawaing **Opsiyon B: ChalkChat**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking** sa pagsusuri ng larawan at pagbuo ng naratibo, **collaboration** sa pagtutulungan ng pangkat, **communication** sa pagsulat at

	barayti ng wika na naitalaga sa inyong pangkat na naglalarawan ng karaniwang senaryo sa loob ng silid-aralan. Sa pagbuo ng kuwento, isaalang-alang ang layon ng kuwento, ang konteksto, at ang target audience. Ibahagi ito sa klase. **Unang Pangkat:** Idyolek **Ikalawang Pangkat:** Dayalek **Ikatlong Pangkat:** Sosyolek **Ikaapat na Pangkat:** Rehistro *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3I*	pagbabahagi ng kuwento, at **creativity** sa malikhaing paggamit ng angkop na barayti ng wika batay sa layon, konteksto, at target na awdyens. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** sapagkat inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa barayti ng wika sa aktuwal na pagbuo at presentasyon ng kuwento bilang patunay ng kanilang pag-unawa sa aralin. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • Nakalilikha ng isang diskursibong teksto (hal. sanaysay, talumpati, vlog script, liham o panayam) na nagpapakita ng angkop at estratehikong paggamit ng barayti ng wika ayon sa layon, konteksto, at target na awdyens, bilang patunay ng kanilang kakayahang ilapat ang mga konseptong pangwika sa aktuwal na sitwasyon pangkomunikasyon May laya ang guro na palitan ang larawan.
	2. Paglalahat **Opsiyon A: Piliin Mo, Ipakita Mo!** **Panuto:** Sa bahaging ito, ipakikita mo ang iyong kakayahan sa malikhain at angkop na paggamit ng barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Pumili ng isa (1) sa mga gawain sa ibaba at lumikha ng isang diskursibong teksto. Isaalang-alang ang layunin ng iyong mensahe, ang konteksto ng sitwasyon, at ang target na awdyens upang maging epektibo at makabuluhan ang iyong awtput.	Para sa Opsiyon A: **Piliin Mo, Ipakita Mo!** Sa gawaing **Opsiyon A: Piliin Mo, Ipakita Mo!**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng layon, konteksto, at awdyens, **communication** sa malinaw at angkop na pagpapahayag, at **creativity** sa malikhaing paggamit ng barayti ng wika. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa barayti ng wika sa aktuwal na paglikha ng diskursibong teksto bilang kongkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan. Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • Nakalilikha ng isang diskursibong teksto (hal. sanaysay, talumpati, vlog script, liham

	Mga Pagpipilian: **1. Sanaysay.** Sumulat ng sanaysay na may pamagat na ***"Ang Papel ng Barayti ng Wika sa Aking Buhay."*** Ibahagi kung paano nakatutulong ang iba't ibang barayti ng wika sa iyong pakikipag-usap sa pamilya, kaibigan, guro, at sa social media. **2. Talumpati.** Bumuo ng isang maikling talumpati na nagpapaliwanag sa kahalagahan ng Wikang Pambansa at Bilingguwalismo sa paglinang ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino at sa pagpapabuti ng komunikasyon sa iba't ibang larangan ng lipunan. **3. Vlog Script o Panayam.** Lumikha ng *vlog script* o panayam na nagpapakita kung paano ginagamit ang iba't ibang barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyon tulad ng sa paaralan, tahanan, social media, o sa lugar ng trabaho. **4. Tabloid.** Gumawa ng isang tabloid na gumagamit ng sariling wika o dayalekto. Ito ay dapat naglalaman ng hindi bababa sa limang (5) nilalaman mula sa iba't ibang uri ng balita at panitikan, tulad ng balitang lokal, balitang pambansa, tula, babala, panawagan, at kasabihan. Siguraduhing maayos ang pagkakaayos ng mga bahagi, may angkop na pamagat, at malinaw ang mensahe ng bawat nilalaman. Isaalang-alang din ang wastong gamit ng wika, baybay, at gramatika. *Tingnan sa* *WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3J*	o panayam) na nagpapakita ng angkop at estratehikong paggamit ng barayti ng wika ayon sa layon, konteksto, at target na awdyens, bilang patunay ng kanilang kakayahang ilapat ang mga konseptong pangwika sa aktuwal na sitwasyon pangkomunikasyon

	Opsiyon B: Reflection Wall **Panuto:** Mag-isip ng 3-5 pangungusap na maikling repleksyon bilang sagot sa tanong na "*Paano nakatutulong ang wastong paggamit ng barayti ng wika sa iyong personal, akademiko, at panlipunang komunikasyon?".* Isulat ang iyong sagot sa sticky note o papel at idikit sa pisara. Babasahin ng guro ang ilang piling repleksyon at tatalakayin ang mahahalagang idea na lumitaw sa iyong sagot. Maging tapat at isaalang-alang ang personal na karanasan, obserbasyon at mga natutunan tungkol sa wika. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3K*	Para sa Opsiyon B**: Reflection Wall** Sa gawaing ito, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng sariling karanasan, **communication** sa malinaw na paglalahad ng repleksyon, at **self-reflection** sa pagbibigay ng tapat at makabuluhang sagot. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa barayti ng wika sa aktwal na pagsulat at pagbabahagi ng repleksiyon. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 4* Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: • Nakapagpapahayag ng kritikal na repleksiyon hinggil sa kahalagahan ng wastong paggamit ng barayti ng wika sa personal, akademiko, at panlipunang komunikasyon sa pamamagitan ng isang replektibong sanaysay o journal entry na sumasalamin sa kanilang sariling pananaw at karanasan
	3. Pagtataya **Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian** **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng **pinakatamang sagot** na nagpapakita ng wastong paggamit ng wika, batay sa **layon, konteksto, at awdyens**. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3L*	Para sa Opsiyon A**: Maramihang Pagpipilian** Sa gawaing **Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng tanong at pagpili ng sagot batay sa layon, konteksto, at awdyens, at **information literacy** sa tamang pag-unawa at paggamit ng wika sa akademikong sitwasyon. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil isinasaayos at inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhang kaalaman sa wika sa aktuwal na pagsagot sa tanong bilang kongkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan. **Tamang Sagot** 1. C 4. D 2. B 5. C

		3. C *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 5*
	Opsiyon B: Pagtatapat-tapat Tukuyin ang layon, konteksto, at awdyens ng wika sa bawat sitwasyon at iugnay ito sa pinakaangkop na paglalarawan sa **Kolum B**. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3M*	Para sa Opsiyon B**: Pagtatapat-tapat** Sa gawaing **Pagtatapat-tapat**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagtukoy ng layon, konteksto, at awdyens ng wika at sa pagpili ng pinakaangkop na paglalarawan, at **information literacy** sa maingat na pag-unawa at pagsusuri ng sitwasyon. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil isinasagawa ng mga mag-aaral ang aktuwal na aplikasyon ng kanilang kaalaman sa wika sa pagtutugma ng impormasyon bilang kongkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan. **Tamang Sagot** 1. C 4. D 2. A 5. E 3. B *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 6*
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Wika sa Aking Araw** **Panuto:** Sa loob ng isang araw, magsusulat ka ng maikling journal kung saan ilalarawan mo ang iba't ibang uri ng wika na iyong ginamit o narinig, tulad ng pormal, kolokyal, teknikal, o rehiyonal, at pagkatapos ay gagawa ka ng maikling repleksiyon tungkol sa kahalagahan ng tamang pagpili ng wika sa bawat sitwasyon at kung paano ito nakatutulong sa malinaw at maayos na komunikasyon sa pamilya, paaralan, o komunidad.	Para sa Opsiyon A**: Wika sa Aking Araw** Sa gawaing **Opsiyon A: Wika sa Aking Araw**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng iba't ibang uri ng wika na ginamit o narinig, **communication** sa malinaw at organisadong pagsulat ng journal, at **self-reflection** sa pag-unawa sa kahalagahan ng tamang pagpili ng wika sa bawat konteksto. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang pagsulat at repleksiyon bilang aplikasyon ng kanilang kaalaman sa barayti ng wika sa totoong karanasan sa araw-araw. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 3) Gawain Bilang 7*

	Pamprosesong Tanong 1. Ano-ano ang mga uri ng wika na iyong nagamit o narinig sa araw na ito, at sa anong konteksto mo ito ginamit o narinig? 2. Bakit mahalaga ang pagpili ng tamang wika sa bawat sitwasyon, at paano ito nakaaapekto sa pakikipag-usap sa ibang tao? 3. Paano mo magagamit ang napansin mong iba't ibang barayti ng wika sa iyong araw-araw na buhay sa paaralan o sa komunidad? *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3N*	
	Opsiyon B: TsikaChat **Panuto:** Basahin at pag-aralan ang isang halimbawa ng *chat message* at isang pormal na mensahe, at ihambing ang dalawang ito sa paraan ng paggamit ng wika, tono, at estruktura. Pagkatapos ng paghahambing, magsulat ng maikling repleksiyon tungkol sa kung paano nag-iiba ang paggamit ng wika batay sa konteksto at kausap, at ipaliwanag kung bakit mahalagang piliin ang angkop na anyo ng wika sa bawat sitwasyon. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3O*	Para sa Opsiyon B**: TsikaChat** Sa gawaing **Opsiyon B: TsikaChat**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri at paghahambing ng chat message at pormal na mensahe, **communication** sa malinaw na paglalahad ng obserbasyon sa repleksyon, at **self-reflection** sa pag-unawa sa kahalagahan ng angkop na wika, tono, at estruktura sa bawat konteksto. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktuwal na inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa paggamit ng wika sa pagsusuri, paghahambing, at pagsulat ng repleksiyon, bilang konkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan sa aralin.
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian** **Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon at pumili ng sagot mula sa apat na opsiyon na sa tingin mo ang pinakamainam at tama. Isulat ang titik ng sagot sa patlang na ibinigay, at siguraduhing naiintindihan mo ang konteksto bago pumili, gamit ang	Para sa Opsiyon A**: Maramihang Pagpipilian** Sa gawaing **Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng konteksto at pagpili ng pinakaangkop na sagot, at **information literacy** sa paggamit ng kaalaman tungkol sa konsepto at barayti ng wika. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil isinasagawa ng mga mag-aaral

	iyong nalalaman tungkol sa konsepto at barayti ng wika. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3P*	ang aktuwal na aplikasyon ng kanilang natutuhang kaalaman sa barayti ng wika sa pagpili ng tamang sagot, bilang kongkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan. **Tamang Sagot** 1. C 11. B 2. B 12. C 3. C 13. A 4. D 14. A 5. A 15. C 6. D 16. B 7. D 17. C 8. B 18. D 9. B 19. B 10. C 20. A
	Opsyon B: Tama o Mali **Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon o pahayag at tukuyin kung Tama o Mali. Isulat ang sagot sa iyong papel. Pag-isipan ang bawat pahayag at sagutin batay sa iyong nalalaman tungkol sa barayti ng wika at tungkulin ng wika sa lipunan. *Tingnan sa WKAP_LE3_Kalakip Blg. 3Q*	Para sa Opsiyon B**: Tama o Mali** Sa gawaing **Opsiyon B: Tama o Mali**, nalilinang ang **critical thinking** sa pagsusuri ng bawat pahayag at pagdedesisyon kung tama o mali, at **information literacy** sa paggamit ng kaalaman tungkol sa barayti at tungkulin ng wika sa lipunan. Ito ay nakaangkla sa **Implementation stage ng ADDIE Model** dahil aktwal na inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pagsusuri at pagtukoy ng tamang sagot, bilang konkretong pagpapakita ng pag-unawa at kasanayan sa aralin. **Tamang Sagot** 1. Mali 11. Tama 2. Tama 12. Mali 3. Mali 13. Tama 4. Tama 14. Tama 5. Tama 15. Mali 6. Mali 16. Tama 7. Mali 17. Mali 8. Mali 18. Tama 9. Tama 19. Mali 10. Mali 20. Tama

VII. PAGNINILAY

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**

   ____

   ____

2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**

   ____

   ____

3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.**

   ____

   ____

4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**

   ____

   ____

5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**

   ____

   ____

6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**

   ____

   ____

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Pag-unlad ng Wikang Filipino, Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas**	**Modelong Banghay-Aralin**	4
Manunulat	Niel Orven A. Talavera/ Ignacio L. Jubahib Jr. / Gloria C. Sabanal		

I. LAYUNIN ***(Pagtukoy sa mga Layunin)***	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang naiuugnay ang mga konseptong pangwika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon batay sa sariling kaalaman, pananaw, at mga karanasan. **LC 7: Naiisa-isa ang mga sanhi at bunga ng mahahalagang pangyayari sa pag-unlad ng wikang Filipino** **LC 8: Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat at ang mga batayang tuntunin sa pagbabaybay sa Filipino** **LC 9: Nasusuri ang mga sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa mga napakinggan, nabasa, at napanood**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Almario, Virgilio S. *Filipino ng mga Filipino: Mga Problema sa Istandardisasyon ng Wikang Filipino*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2009. Almario, Virgilio S. *Ortograpiyang Pambansa*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2014. Constantino, Ernesto. *Mga Teorya ng Wika at Kasaysayan ng Wikang Filipino.* Quezon City: University of the Philippines Press, 1996. Department of Education. *K to 12 Curriculum Guide: Filipino*. Pasig City: Department of Education, 2016. Department of Education. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Program*. Pasig City: Department of Education, 2012.

	Frontline Tonight. "Presyo ng itlog, tumataas dahil sa sunod-sunod na bagyo at bird flu." *YouTube video.* Accessed March 12, 2026. https://www.youtube.com/watch?v=xHiLZ7Bn0MM Image Foundry. "Baybayin Chart." *Image Foundry.* Accessed March 11, 2026. https://imagefoundry.wordpress.com/wp-content/uploads/2012/11/baybayin-chart-gr.jpg Komisyon sa Wikang Filipino. *"Kasaysayan ng Wikang Pambansa."* Accessed March 8, 2026. https://kwf.gov.ph Komisyon sa Wikang Filipino. *Ortograpiyang Pambansa*. Manila, 2013. Komisyon sa Wikang Filipino. *Ortograpiyang Pambansa*. Manila: KWF, 2014. Republika ng Pilipinas. *1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas*. Manila: Official Gazette, 1987. Santos, Lope K. *Balarila ng Wikang Pambansa*. Manila: Bureau of Printing, 1940. Taylan, Dolores R., Jayson D. Petras, at Jonathan V. Geronimo. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino.* Manila: Rex Bookstore, 2019. *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://drive.google.com/file/d/1xn2OCSJXx1ssCkpmUo1YpvH2drWbP9a0/view?fbclid=IwY2xjawRfrjFleHRuA2FlbQIxMABicmlkETE3UE1VRDBDNFNHaGMzSmJ2c3J0YwZhcHBfaWQQMjIyMDM5MTc4ODIwMDg5MgABHmdveWgVX_qsBQlK4ZLwcyuNYqkXUSIpOZw12rNQ9Na16AICkwmFsGgvxupi_aem_WYEiGmvygv2jPu_4X9nRbA*
III. NILALAMAN	Ikaanim at Ikapitong Linggo **I. Pag-unlad ng Wikang Filipino** A. Mga Katutubong Wika B. Tagalog C. Pilipino D. Filipino **II. Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas** A. Mga Katutubong Sistema ng Pagsulat 1. Alfabeto 1.1. Abecedario 1.2. Abakada 1.3. Alfabetong Filipino (Walong dagdag na letra at mga tuntunin sa pagbabaybay)

<table>
<tr><td></td><td colspan="2">III. Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas
A. Edukasyon
B. Midya
C. Pamahalaan
D. Kalakalan
E. Batas
F. Iba pa</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td colspan="2">1. Naiisa-isa ang mga sanhi at bunga ng mahahalagang pangyayari sa pag-unlad ng wikang Filipino
2. Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat at ang mga batayang tuntunin sa pagbabaybay sa Filipino
3. Nasusuri ang mga sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa mga napakinggan, nabasa at napanood
a. Naiisa-isa ang mga sanhi ng bawat pangyayaring nakaaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino.
b. Naipaliliwanag ang mga naging bunga o epekto ng mga pangyayaring ito sa pag-unlad ng wikang Filipino.
c. Natutukoy ang mga batayang tuntunin sa wastong pagbaybay ayon sa Ortograpiyang Pambansa.
d. Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat sa Pilipinas mula sa sinaunang Baybayin hanggang sa makabagong alfabetong Filipino.
e. Nasusuri ang iba’t ibang sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa napakinggan, nabasa, at napanood.
f. Nakasusulat ng maikling pagsusuri o repleksiyon tungkol sa isang sitwasyong pangwika na kanilang napanood o nabasa.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td rowspan="3">A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman</td><td></td></tr>
<tr><td>Opsiyon A: Alam Ko Ba ‘To?
Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang may kaugnayan sa sistema ng pagsulat sa Pilipinas.</td><td>Para sa Opsiyon A: Alam Ko Ba ‘To?

Sa gawaing ito, ang “Analysis” at “Design” stages ng ADDIE ay nagamit sa pagpili ng mga sitwasyong pangwika at pagbuo ng mga panuto na angkop sa antas ng mag-aaral. Ang IDF (Instructional Design Framework) ay naaangkop sa pamamagitan ng pagsasama ng</td></tr>
</table>

	Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4A	komunikasyon, kritikal na pag-iisip, na tumutulong sa mga mag-aaral na mag-obserba at mag-analisa ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat sa Pilipinas mula sa sinaunang Baybayin hanggang sa makabagong alfabetong Filipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 1*
	Opsiyon B: Wika: *Level Up*! (Pangkatang Gawain) *Panuto:* Bumuo ng tsart ng paghahambing na nagpapakita ng pagkakaiba ng *Noon* at *Ngayon* sa sistema ng pagsulat at paggamit ng wika. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4B*	Para sa Opsiyon B: **Wika: *Level Up*! (Pangkatang Gawain)** Ang gawaing Wika: *Level Up*! ay isang gawain na naghahambing at sinusuri ng mga mag-aaral ang pagbabago ng wikang Filipino mula sa Noon at Ngayon. Sa pamamagitan nito, naipakikita ang mga ika-21 siglong kasanayan tulad ng kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag sa paggawa ng *visual output* tulad ng tsart ng paghahambing. Ang gawaing ito ay kabilang *sa stage ng instructional design* na *Presenting the Content / Providing Learning Guidance* kung saan ipinakikita ang impormasyon at gabay sa paggawa ng gawain. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naipaliliwanag ang mga naging bunga o*

		epekto ng mga pangyayaring ito sa pag-unlad ng wikang Filipino.
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Baybay *Battle*!** *Panuto:* Piliin ang tamang baybay ng bawat salita ayon sa Ortograpiyang Pambansa at ipaliwanag kung bakit ito ang tama. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4C*	Para sa Opsiyon A: **Baybay *Battle*!** Ang gawaing Baybay *Battle*! ay isang interaktibong gawain na hinahamon ang mga mag-aaral na piliin ang tamang baybay ng mga salita ayon sa Ortograpiyang Pambansa, na nagpapalakas ng kanilang kritikal na pag-iisip, mabilis na desisyon, at komunikasyon sa klase—lahat ng ito ay bahagi ng ika-21 siglong kasanayan. Sa perspektibo ng *instructional design*, kabilang ito sa "*Eliciting Performance*" *stage* sa *Gagne's framework*, dahil dito nasusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang pagpili ng tama at pagpapaliwanag ng baybay, habang nakakatanggap din sila ng agarang tugon mula sa guro. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mga batayang tuntunin sa wastong pagbaybay ayon sa Ortograpiyang Pambansa.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 2*
	Opsiyon B: Himay-Salita *Panuto:* Basahin ang bawat salita na ibibigay ng guro. Tukuyin kung saang wika nagmula	Para sa Opsiyon B: **Himay-Salita** Ang gawaing Himay-Salita ay naglalayong

	ang mga ito (halimbawa: Espanyol, Ingles, o Katutubong Wika). Isulat sa katapat ng bawat salita ang tamang pinagmulan nito. Pagkatapos, ibahagi at ipaliwanag sa klase ang inyong sagot. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4D*	paunlarin ang kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at komunikasyon ng mga mag-aaral habang tinutuklas ang pinagmulan ng mga salita sa Filipino, mula sa Espanyol, Ingles, o katutubong wika. Sa pamamagitan ng pagtukoy, pagsusuri, at pagpapaliwanag ng mga salita sa pangkat, natuto silang gumamit ng *higher-order thinking skills, digital* at *visual tools,* at *presentation skills* — lahat ng kasanayang mahalaga sa ika-21 siglo. Sa konteksto ng *ADDIE instructional design framework*, kabilang ito sa *Implementation stage*, kung saan isinasagawa ang gawain, nakikilahok ang mag-aaral, at nasusuri ang kanilang pag-unawa sa *real time*. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mga batayang tuntunin sa wastong pagbaybay ayon sa Ortograpiyang Pambansa.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 3*
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: Lente ng Katotohanan** *Panuto:* Panoorin ang isang *video clip* at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4E*	Para sa Opsiyon A**: Lente ng Katotohanan** Ang gawaing ito ay nakabatay sa *Application* at *Evaluation stages* ng ADDIE, sapagkat hinihikayat ang mga mag-aaral na ilapat ang konsepto ng sitwasyong pangwika sa aktuwal na midya at magsagawa ng masusing pagsusuri. Nakapaloob dito ang prinsipyo ng IDF sa pamamagitan ng integrasyon ng wika, midya, at kontekstong panlipunan, habang

		naipapakita ang 4Cs gaya ng *Critical Thinking* at *Communication*, pati ang 4Is na *Interpretation* at *Inquiry*, at ang 4Es na *Explore* at *Evaluate* sa pag-aanalisa ng nilalaman. Sa kabuoan, pinauunlad ng gawain ang kakayahan ng mag-aaral na magsuri ng diskurso sa midya batay sa konteksto, at impluwensiya ng madla. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang iba't ibang sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa napakinggan, nabasa, at napanood.*
	Opsiyon B: Usapang Wika **Panuto:** Magsasagawa ang klase ng isang pangkatang gawain. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4F*	Para sa Opsiyon B**: Usapang Wika** Ang gawain na Usapang Wika ay nakapaloob sa (ADDIE) *stages*, kung saan sinusuri ang iba't ibang konteksto ng wika, dinisenyo ang pangkatang gawain, at ipinatutupad sa pamamagitan ng Isang presentasyon at talakayan. Naipapakita rito ang integrasyon ng 4Cs tulad ng *Critical Thinking* sa pagsusuri ng angkop na wika, *Communication* sa presentasyon, at *Collaboration* sa pangkatang gawain, kasama ang **4Is** na *Inquiry* at *Interaction* sa pag-uugnay ng karanasan sa konsepto, at ang **4Es** na *Engage, Explore,* at *Explain* sa proseso ng pagtalakay. Sa kabuoan, pinauunlad ng gawain ang malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagkakaiba-iba ng sitwasyong pangwika at sa kahalagahan ng kontekstong panlipunan sa paggamit ng wika. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na

		kasanayang: *Nasusuri ang iba't ibang sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa napakinggan, nabasa, at napanood.*
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Pag-unlad ng Wikang Filipino, Sistema ng Pagsulat, at Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas** *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4G*	Sa bahagi ng pagtalakay ng bagong konsepto, tatalakayin ng guro ang Pag-unlad ng Wikang Filipino, Sistema ng Pagsulat, at Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas. Maaari pang magdagdag ng input ang guro. Maaaring talakayin ang bagong konsepto sa iba't ibang kaparaanan. Ito ay maaaring sa isang laro. (Maaari ding gumamit ang guro ng ibang estratehiya na papasok sa kakayahan ng kaniyang mga mag-aaral upang maging buhay ang klase). Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang mga batayang tuntunin sa wastong pagbaybay ayon sa Ortograpiyang Pambansa.* *Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat sa Pilipinas mula sa sinaunang Baybayin hanggang sa makabagong alfabetong Filipino.*
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: Sulat Baybayin!** *Panuto*: Isulat ang inyong pangalan, isang paboritong salita, at isang maikling pangungusap gamit ang Baybayin, at ilagay sa ilalim ang katumbas nito sa modernong alfabeto. Ihanda ang inyong gawa bilang mini	Para sa Opsiyon A: **Sulat Baybayin!** Sa gawaing ito, natututo ang mga mag-aaral na sumulat at magbasa ng Baybayin, isalin ito sa modernong alfabeto, at ipakita ang kanilang gawa sa pamamagitan ng malikhaing *mini poster*. Bukod sa tradisyonal na kaalaman,

	poster para ipakita sa klase. Para sa pagbuo ng *mini poster,* maaari itong gawin sa A4 o *poster board.* *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4H*	pinapanday rin nito ang kanilang kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at malikhaing pagpapahayag—mga kasanayang mahalaga sa ika-21 siglo. Ang mismong paggawa ng Baybayin at *poster* ay bahagi ng *Implementation Stage* sa *instructional design*, kung saan isinasakatuparan at sinusuri ang natutuhan sa aktuwal na gawain. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naipaliliwanag ang sistema ng pagsulat sa Pilipinas mula sa sinaunang Baybayin hanggang sa makabagong alfabetong Filipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 4*
	Opsiyon B: *Click, Scroll*, Salita! *Panuto*: Panoorin o basahin ang halimbawa ng midya, sagutin ang sitwasyong pangwika, layunin, at target na tagapakinig, at gumawa ng 3–5 pangungusap na mini-report tungkol sa epekto ng midya sa komunikasyon. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4I*	Para sa Opsiyon B***: Click, Scroll*, Salita!** Ang *Click, Scroll*, Salita! ay nakapaloob sa *Analysis, Design,* at *Evaluation* (ADDIE) *stages*, sapagkat sinusuri ng mga mag-aaral ang dalawang anyo ng midya, binubuo ang kanilang *mini-report*, at tinataya ang epekto ng wika sa komunikasyon. Naipapakita rito ang 4Cs tulad ng *Critical Thinking* sa paghahambing ng sitwasyon, *Communication* sa pagsulat ng buod, at *Collaboration* kung ito'y tatalakayin sa klase, kasama ang 4Is na *Inquiry* at *Integration* sa pag-uugnay ng konteksto at layunin, at ang 4Es na *Engage, Explore,* at *Evaluate* sa pagsusuri ng impluwensiya ng midya. Sa kabuoan, pinauunlad ng gawain ang kakayahan ng mga

		mag-aaral na suriin ang papel ng midya bilang makapangyarihang sitwasyong pangwika sa lipunang Pilipino. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Nakasusulat ng maikling pagsusuri o repleksiyon tungkol sa isang sitwasyong pangwika na kanilang napanood o nabasa.*
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: Wika *Vibes*!** *Panuto:* Basahin at unawain ang mga konseptong tinalakay tungkol sa pag-unlad ng wikang Filipino, sistema ng pagsulat, at mga sitwasyong pangwika sa Pilipinas. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4J*	Para sa Opsiyon A**: Wika *Vibes*** Ang gawaing Wika *Vibes* ay naglalayong palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at pagiging malikhain sa wikang Filipino sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng salita—tulad ng *memes, dialogues*, o *social media-style posts*. Nakaangkla ito sa ika-21 siglong kasanayan dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na mag-isip ng orihinal, makipagtulungan sa kapuwa, at gamitin ang teknolohiya bilang plataporma ng wika. Sa *instructional design framework*, ang gawaing ito ay nasa *Implementation Stage*, kung saan aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang kanilang awtput at naipakikita ang natutuhan sa isang mas praktikal at interaktibong paraan. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naiisa-isa ang mga sanhi ng bawat pangyayaring nakaaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino.*

		Naipaliliwanag ang mga naging bunga o epekto ng mga pangyayaring ito sa pag-unlad ng wikang Filipino.
	Opsiyon B: Wika *Scenario*! *Panuto:* Basahin at unawain ang mga konseptong tinalakay tungkol sa pag-unlad ng wikang Filipino, sistema ng pagsulat, at mga sitwasyong pangwika sa Pilipinas. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4K*	Para sa Opsiyon B**: Wika *Scenario*** Ang gawaing Wika *Scenario* ay isang interaktibong gawain kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo at nagsasadula ng mga sitwasyong pangwika na may kaugnayan sa pag-unlad ng wikang Filipino, wastong sistema ng pagsulat at pagbabaybay, at mga pang-araw-araw na paggamit ng wika sa lipunan. Nakaangkla ito sa ika-21 siglong kasanayan dahil hinuhubog nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip, at pagkamalikhain sa pamamagitan ng paglikha at pag-aanalisa ng mga sitwasyong maaaring maranasan sa tunay na buhay. Sa ganitong paraan, nagiging mas makabuluhan at kontekstuwal ang pagkatuto ng wika. Sa *Instructional Design Framework* tulad ng ADDIE, ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation Stage*, sapagkat dito aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang mga gawain at naipakikita ang kanilang pag-unawa sa mga araling tinalakay sa pamamagitan ng presentasyon o pagsasadula. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naiisa-isa ang mga sanhi ng bawat pangyayaring nakaaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino.*

		Naipaliliwanag ang mga naging bunga o epekto ng mga pangyayaring ito sa pag-unlad ng wikang Filipino.
	2. Paglalahat **Opsiyon A: Wika *Timeline*!** *Panuto:* Bumuo ng isang *timeline* na nagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa isang panahon sa kasaysayan ng wikang Filipino. Ilagay ang pangyayari, sanhi, at epekto nito sa pag-unlad ng wikang Filipino, at ipresenta ito sa klase. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4L*	Para sa Opsiyon A**: Wika *Timeline*** Ang gawaing Wika *Timeline* ay naglalayong ipakita ng mga mag-aaral ang pag-unlad ng wikang Filipino sa pamamagitan ng malikhaing pagsasaayos ng mahahalagang pangyayari, sanhi, at epekto sa isang *visual timeline*. Nakaangkla ito sa ika-21 siglong kasanayan dahil hinuhubog nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip (sa pagsusuri ng sanhi at epekto ng mga pangyayari), komunikasyon at kolaborasyon (sa paggawa ng *timeline* sa pangkat), at pagkamalikhain at *digital literacy* (lalo na kung gagamit ng *digital tools o visual aids*). Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation Stage*, sapagkat dito aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang pagbuo ng timeline at naipakikita ang kanilang pag-unawa sa kasaysayan ng wika sa isang konkretong awtput. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naiisa-isa ang mga sanhi ng bawat pangyayaring nakaaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino.*

	Opsiyon B: Sanhi at Epekto: Wika *Edition*! *Panuto:* Punan ang tsart sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng wikang Filipino. Sa bawat pangyayari, ilahad ang sanhi kung bakit ito naganap at ang bunga o epekto nito sa pag-unlad ng wikang Filipino. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4M*	Para sa Opsiyon B*:* ***Sanhi at Epekto: Wika Edition!*** Ang gawaing Sanhi at Epekto: Wika *Edition* ay naglalayong tulungan ang mga mag-aaral na masuri at maunawaan ang mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng wikang Filipino, pati na rin ang mga sanhi at epekto nito sa pag-unlad ng wika. Nakaangkla ito sa ika-21 siglong kasanayan dahil hinuhubog nito ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip (sa pagsusuri ng sanhi at epekto), komunikasyon at kolaborasyon (sa talakayan at pagtutulungan sa pangkat), at pagkamalikhain (sa malikhaing pagpapakita ng impormasyon sa tsart o *timeline*). Sa *Instructional Design Framework* gaya ng ADDIE, ang gawaing ito ay kabilang sa *Implementation Stage*, sapagkat dito aktuwal na isinasagawa ng mga mag-aaral ang pagsusuri, pag-oorganisa, at presentasyon ng kanilang chart o *timeline*, na nagpapakita ng kanilang pag-unawa sa aralin. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Naiisa-isa ang mga sanhi ng bawat pangyayaring nakaaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino.* *Naipaliliwanag ang mga naging bunga o epekto ng mga pangyayaring ito sa pag-unlad ng wikang Filipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 5*

	3. Pagtataya **Opsiyon A: Maramihang Pamimilian** Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4N*	Para sa Opsiyon A**: Maramihang Pamimilian** Ang pagsusulit na ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mag-aaral na matukoy ang mga sitwasyong pangwika na nabanggit sa bawat pahayag. Tiyaking nauunawaan ang konteksto ng bawat sitwasyon upang makapili ng tamang sagot. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 6*
	Opsiyon B: Tama o Mali! *Panuto:* Basahin at suriing mabuti ang bawat pahayag. Iguhit ang kung tama ang pahayag at kung mali. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4O*	Para sa Opsiyon A**: Tama at Mali!** Ang pagsusulit na ito ay tumutukoy sa kakayahan ng mag-aaral na matukoy ang mga sitwasyong pangwika na nabanggit sa bawat pahayag. Tiyaking nauunawaan ang konteksto ng bawat sitwasyon upang makapili ng tamang sagot. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 4) Gawain Bilang 7*
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Wika-Larawan** Panuto: Gumawa ng *infographic* na naglalarawan ng isa o higit pang sitwasyong pangwika sa Pilipinas (hal. Edukasyon, Midya, Pamahalaan, Kalakalan, Batas, o Iba pa). *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4P*	Para sa Opsiyon A**: Wika-Larawan** Ang gawain na Wika-Larawan ay nakapaloob sa *Implementation* at *Evaluation stages* ng ADDIE, dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na ipakita at suriin ang mga sitwasyong pangwika sa pamamagitan ng visual na representasyon. Naipapakita dito ang 4Cs—*Creativity* sa paggawa ng *infographic*, *Communication* sa malinaw na paglalahad ng impormasyon, at *Critical Thinking* sa pagpili at pag-aanalisa ng mga halimbawa—kasama ang 4Is na *Inquiry* sa pag-unawa sa konteksto ng bawat sitwasyong

		pangwika, at ang 4Es na *Engage, Explore, at Explain* sa pagpapaliwanag ng infographic sa klase. Sa kabuoan, pinapalalim ng gawain ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa angkop na paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto sa lipunang Pilipino. Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Nakasusulat ng maikling pagsusuri o repleksiyon tungkol sa isang sitwasyong pangwika na kanilang napanood o nabasa.*
	Opsiyon B: Tara Usap Tayo! *Panuto:* Hahatiin ang klase ng dalawang pangkat. Pumili ng isang sitwasyong pangwika mula sa listahan (hal. Pamahalaan o Kalakalan). Maghanda ang bawat grupo ng maikling debate (2–3 minuto bawat panig) tungkol sa kahalagahan ng angkop na paggamit ng wika sa napiling sitwasyon. Matapos ang debate, bawat pangkat ay magbibigay ng maikling buod (2–3 pangungusap) tungkol sa sitwasyong pangwika. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4Q*	Para sa Opsiyon B: **Tara Usap Tayo!** Ang gawain na Tara Usap Tayo! ay nakapaloob sa *Implementation* at *Evaluation stage*s ng ADDIE, dahil nagsasagawa ang mga mag-aaral ng debate at sinusuri nila ang kahalagahan ng angkop na paggamit ng wika sa napiling sitwasyong pangwika. Naipapakita rito ang 4Cs—*Critical Thinking* sa paghahanda at pagtatanggol ng argumento, *Communication* sa malinaw at maayos na pagpapahayag, at *Collaboration* sa pangkatang gawain—kasama ang 4Is na *Inquiry at Interpretation* sa pag-unawa sa epekto ng wika sa sitwasyon, at ang 4Es na *Engage, Explain, at Evaluate* sa pagbabahagi ng natutuhan at pagsusuri ng kahalagahan ng wika. Sa kabuoan, pinapalalim ng gawain ang kakayahan ng mga mag-aaral na kilalanin ang konteksto ng wika at ipakita ang pagpapahalaga sa tamang paggamit nito sa lipunan.

		Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang iba't ibang sitwasyong pangwika sa Pilipinas mula sa napakinggan, nabasa, at napanood.*
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Opsiyon A: Obhetibong Pagtataya** *Panuto:* Basahin at unawain nang mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel. *Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4R*	Para sa Opsiyon A**: Obhetibong Pagtataya** Ang pangyunit na pagtatayang ito ay nakatuon sa **Pag-unlad ng Wikang Filipino, Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas**, kabilang ang katutubong wika, Tagalog, Pilipino, at Filipino, pati na rin ang mga alfabeto at tuntunin sa pagbabaybay. Nakatutok ito sa *Evaluation stage* ng ADDIE, kung saan sinusuri ang kaalaman at pag-unawa ng mag-aaral sa sanhi at bunga ng mga pangyayaring nakapagpaunlad sa wika, at sa kahalagahan ng angkop na paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Naipapakita ang 4Cs—*Critical Thinking* sa pagsusuri ng mga sitwasyon at sistema ng pagsulat, *Communication* sa malinaw na paglalahad ng sagot, at *Creativity* sa pagbibigay ng halimbawa o paglalarawan ng sitwasyon; ang 4Is—*Inquiry at Interpretation* sa pag-unawa sa ugnayan ng wika, lipunan, at kasaysayan; at ang 4Es—*Engage, Explore, at Evaluate* sa kabuoang proseso ng pagtataya. Sa kabuoan, layunin ng pagsusulit na masukat hindi lamang ang kaalaman kundi pati ang pagpapahalaga ng mag-aaral sa wikang Filipino at angkop na paggamit nito sa lipunan.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Opsiyon B: Wika-Trending!
Panuto: Gumawa ng mock social media campaign / digital project para ipalaganap ang wastong paggamit ng Filipino o kaalaman tungkol sa mga katutubong wika. Puwedeng may visuals, hashtags, at maikling caption para sa edukasyon o midya.

Tingnan sa WKAF_LE4_Kalakip Blg. 4S</td>
<td>Para sa Opsiyon B: Wika-Trending!

Ang gawain na Wika- Trending ay nakapaloob sa Implementation at Evaluation stages ng ADDIE, dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na lumikha ng digital awtput at suriin kung paano epektibong naipapahayag ang wastong paggamit ng Filipino o kaalaman tungkol sa mga katutubong wika. Naipakikita rito ang 4Cs—Creativity sa paggawa ng visuals at captions, Communication sa malinaw at kaakit-akit na mensahe, at Critical Thinking sa pagpili ng content na angkop sa target na audience—kasama ang 4Is na Inquiry at Interpretation sa pag-unawa sa epekto ng mensahe sa publiko, at ang 4Es na Engage, Explore, at Explain sa pagpapalaganap ng kaalaman sa midya. Sa kabuoan, pinapalakas ng gawain ang kamalayan ng mga mag-aaral sa responsableng paggamit ng wika sa digital na konteksto.
Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:

Nakasusulat ng maikling pagsusuri o repleksiyon tungkol sa isang sitwasyong pangwika na kanilang napanood o nabasa.\</td>
</tr>
<tr>
<td>VII. PAGNINILAY</td>
<td colspan="2">
<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na</td><td></td></tr>
</table>
</td>
</tr>
</table>

	may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
	3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
	4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**
   ____
   ____
2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**
   ____
   ____
3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.**
   ____
   ____
4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.**
   ____
   ____
5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?**
   ____
   ____
6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?**
   ____
   ____

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento**	**Modelong Banghay-Aralin**	5
Manunulat	Sigrid F. Tibordo		

I. LAYUNIN	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa sitwasyong pangwika sa Pilipinas, sistema ng pagsulat at ang mga batayang tuntunin sa pagbabaybay sa Filipino. Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang: ***LC 10: Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino.***
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	*Ampil, R. D., et. al. (2010). Akademikong Filipino sa Komunikasyong Global. Manila: UST Publishing House.* *Taylan, Dolores R., Jayson D. Petras, at Jonathan V. Geronimo. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Manila: Rex Bookstore, 2019.* *Department of Education. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino: Ikalawang Markahan – Modyul 12: Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay. Self-Learning Module. Quezon City: Department of Education, 2021. PDF file.*
III. NILALAMAN	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*
IV. TUNGUHIN	1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.*

2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.*
3. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.*

V. PAMAMARAAN

A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman

1. Paghango sa Dating Kaalaman

Opsiyon A: FilipiKnow

Panuto: *Suriin ang sumusunod na larawan at sagutin ang ilang tanong sa ibaba nito upang matasa ang iyong nalalaman sa kalagayan ng wika sa lipunan:*



MALACAÑAN PALACE
MANILA

PROCLAMATION NO. 1189

DECLARING FRIDAY, 20 MARCH 2026, A REGULAR HOLIDAY THROUGHOUT THE COUNTRY IN OBSERVANCE OF *EID'L FITR* (FEAST OF RAMADHAN)

WHEREAS, Republic Act No. 9177, amending Section 26, Chapter 7, Book I of Executive Order No. 292, declared *Eidul Fitr (Eid'l Fitr)* as a regular holiday throughout the country;

WHEREAS, the National Commission on Muslim Filipinos has recommended the declaration of 20 March 2026, (Friday), or 21 March 2026 (Saturday) as a national holiday in observance of *Eid'l Fitr* (Feast of Ramadhan);

WHEREAS, in order to bring the religious and cultural significance of the *Eid'l Fitr* to the fore of national consciousness, and to allow the entire Filipino nation to join their Muslim brothers and sisters in peace and harmony in the observance and celebration of *Eid'l Fitr*, it is necessary to declare 20 March 2026, Friday, a regular holiday throughout the country.

NOW, THEREFORE, I, FERDINAND R. MARCOS, JR., President of the Philippines, by virtue of the powers vested in me by law, do hereby declare Friday, 20 March 2026, a regular holiday throughout the country in observance of *Eid'l Fitr* (Feast of Ramadhan).

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and caused the seal of the Republic of the Philippines to be affixed.

Done in the City of Manila, this 12th day of March, in the year of Our Lord, Two Thousand and Twenty Six.

By the President:

[redacted]

RALPH G. RECTO
Acting Executive Secretary

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES

CERT [redacted] ED COPY
ATTY. LOV [redacted] Y V. TOLENTINO-NAVA
DIRECTOR IV



TALA SA GURO

Maaaring magbigay ang guro ng ibang larawan sa iba't ibang larangan na mayroon sa lokal na pamahalaan, paaralan, lokal na midya at sariling Facebook account.

Ang gawain na "Paghango sa Dating Kaalaman (Opsiyon A: FilipiKnow)" ay nakapaloob sa **Activation of Prior Knowledge** sa SSHS Instructional Design Framework. Layunin nitong matukoy ang umiiral na kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa kalagayan ng wika sa lipunan sa pamamagitan ng pagsusuri ng larawan at pagsagot sa gabay na tanong. Nagsisilbi rin itong panimulang hakbang upang maiugnay ang dating kaalaman sa bagong aralin.

Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:

<table>
<tr>
<td></td>
<td>



Mga gabay na tanong sa pagsusuri:

Anong wika ang ginagamit sa bawat sitwasyon?
<ol type="a">
Anunsiyo ng pamahalaan
Kalatas ng edukasyon
Social media posting
Balita mula sa malaking network

Saang sitwasyon madalas gamitin ang Filipino?
Kailan ito napapalitan ng Wikang Ingles at iba pang wika?
Ano ang ipinahihiwatig nito hinggil sa kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunan sa kasalukuyan?

</td>
<td>

Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba’t ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.

Maaari itong tumugon sa CO indicator 1.3.2 Ensure the positive use of ICT to facilitate the teaching and learning process.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 1
</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>
Opsiyon B: Filipi-No o Oo
Panuto: Suriing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang Oo kung Wikang Filipino ang madalas na wikang naoobserbahang ginagamit dito at No naman kung wikang banyaga.

Pagtugon ng mga kalahok sa Q&A portion ng mga beauty contest.
Pagsagot sa interview ng mga kilalang personalidad sa mga naglalakihang network sa telebisyon.
Balitaktakan sa comment section ng post sa social media tungkol sa usaping politikal.

</td>
<td>
Maaaring magbigay ng ibang sitwasyon ang guro batay sa konteksto ng kani-kanilang lugar. Kung magkakagayon, tutugon ito CO indicator 3.2 Learner’s linguistic, cultural, socio-economic and religious background.

Nakapaloob ito sa Activation of Prior
</td>
</tr>
</table>

	4. Pagbaba ng memorandum sa mga paaralan ng tanggapan ng Department of Education. 5. Pagdinig sa senado tungkol sa kaso ng malawakang korapsiyon. 6. *Graduation speech* ng mag-aaral na nagtamo ng pinakamataas na karangalan sa batch. 7. Kapsiyon ng larawan sa social media posting ukol sa pinasyalang kilalang lugar sa bansa. 8. Pagsusumite ng panukalang batas sa kongreso. 9. State of the Learner Government Address (SOLGA) bilang pangulo ng SSLG. 10. Hashtag sa social media post upang magtamo ng malawak na *engagement, shares* at *reactions*. Mula sa iyong mga naging tugon, bilugan ang higit na naging matimbang sa timbangan ng katarungan at sagutin ang ilang tanong.	**Knowledge** sa SSHS Instructional Design Framework. Layunin nitong matukoy ang umiiral na kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng wikang Filipino at banyagang wika sa iba't ibang sitwasyon sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-uuri. Nagsisilbi rin itong paunang **formative assessment** upang makita ang kanilang pag-unawa bago talakayin ang bagong aralin. Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: 1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* 2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang*

	 Gabay na Tanong: 1. Alin ang higit na naging matimbang? Oo o No? 2. Bakit kaya ito ang nakalamang na wika sa mga ibinigay na sitwasyon? 3. Ano ang ibig ipakahulugan ng resulta nito sa kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino?	*Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* *3. Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 2*
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Paksa Hula** **Panuto:** *Bigyang-hinuha ang paksa ng inaasahang pagganap. Gamiting gabay ang mga kaisipang nakuha sa naunang gawain.* "Susulat ako ng kritikal na sanaysay tungkol sa ____."	***Tagubilin sa guro:*** Ang naunang gawaing tinutukoy ay ang Paghango sa Dating Kaalaman, Opsiyon 1 at 2. ***Inaasahang sagot:*** Wikang Filipino, Kalagayan ng Wikang Filipino, Paggamit ng Wikang Filipino, Puwang ng Wikang Filipino sa lipunan.

	Opsiyon B: biSwALITA **Panuto:** *Tukuyin ang mga nawawalang salita na bubuo sa diwa ng mga layuning pampagkatuto sa ibaba sa tulong mga larawan.*  **Sagot:** ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________ ______________________________	***Tagubilin sa guro:*** *Maaaring guro ang sumagot sa unang bilang upang maging gabay ng mga mag-aaral at hindi ito gumugol ng matagal na oras.* ***Wastong sagot:*** *1. Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* *2. Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* *3. Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.*
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. **Paglalahad ng Halimbawa** **OPSIYON A: BIDYO-HIMAY** **Panuto:** *Panoorin ang maikling bidyo na tumatalakay sa Wikang Filipino sa modernong panahon at himayin ang nilalaman nito gamit ang ibinigay na gabay.*	Maaaring gumamit ang guro ng ibang bidyo na tumatalakay sa Wikang Filipino.

	 Link: [Huling Hirit sa Buwan ng Wika: Ang wikang Filipino sa modernong panahon - YouTube] Gabay sa Paghihimay:	Ang Bidyo-Himay" ay nakapaloob sa **Presentation of Content at Guided Learning Phase** ng SSHS Instructional Design Framework. Sa pamamagitan ng panonood ng bidyo, naipakikilala ang konsepto ng Wikang Filipino sa modernong panahon, habang ang paggabay sa paghihimay ng nilalaman ay tumutulong sa mga mag-aaral na maproseso at maunawaan ang mahahalagang ideya ng aralin. Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: 1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* 2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang*

		*sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* Maaari itong tumugon sa CO indicator 1.3.2 *Ensure the positive use of ICT to facilitate the teaching and learning process* at 3.2 *Learner's linguistic, cultural, socio-economic and religious background.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 3*
	OPSIYON B: SALIKSURI **Panuto:** Suriin ang halimbawang abstrak ng saliksik na tumalatakay sa Wikang Filipino at ibigay ang hinihinging detalye. Maaakses ang sipi ng abstrak sa link: WIKANG-FILIPINO-SUSI-SA-PAG-UNLAD-KAPAG-ITINURO-AT-PINAGYAMAN.pdf	***Tagubilin sa guro:*** *Gamitin ang opsiyon na ito sakaling walang kagamitan para sa bidyo (Opsiyon 1). Higit itong may alwan sapagkat downloadable ang sipi at madaling maibahagi sa mga mag-aaral.* *Kung kukulangin sa oras, limitahan ang pagsusuri sa mga bahaging IV, V, VI at VII.* *Layunin ng gawain maihanda ang mga mag-aaral sa pagiging kritikal*



pagdating sa paglalahad ng idea. Ito rin ay nakapaloob sa ***Guided Practice/Analysis Phase*** *ng SSHS Instructional Design Framework. Layunin nitong malinang ang kasanayang analitikal ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri ng halimbawang abstrak ng saliksik na may kaugnayan sa Wikang Filipino. Sa prosesong ito, naiaaplay nila ang kanilang natutuhan sa mas akademikong konteksto bilang paghahanda sa mas mataas na antas ng pagkatuto.*

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.*
2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye*

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.

Maaari itong tumugon sa CO indicator 1.3.2 Ensure the positive use of ICT to facilitate the teaching and learning process at Strand 1.4 Strategies for promoting literacy and numeracy.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 4</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto

Kritikal na Sanaysay
Ang kritikal na sanaysay ay isang uri ng sulating akademiko na nangangailangan ng isang masusing pagsusuri ng isang teksto. Kailangang gumamit ng argumento at suportang patunay rito. Sa konteksto nito, ang salitang kritikal ay nangangahulugang pag-intindi at analitikal. Maaari itong tumukoy sa pagsusuri ng isang akda na maaaring isang libro, pelikula, isang artikulo o pagpipinta na naglalayong mag-alok ng interpretasyon ng ilang aspeto ng isang gawain.

Mga Katangian ng isang Kritikal na Sanaysay
1. Naglalaman ng sentral na tesis o pangunahing argumento tungkol sa teksto. Ang argumento na ito ay</td>
<td>Maaaring gumamit ng ibang estratehiya ang guro sa paglalahad ng aralin.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:
1. Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa</td>
</tr>
</table>

	inihahayag sa simula ng sanaysay sa pahayag ng tesis. Suportado ng katibayan sa bawat talata ng katawan. Pinalalakas din ang argumento ng pagsama ng potensiyal na kontra argumento at paggamit ng katibayan para pagtalunan ito. 2. Nagtataglay ng mga katibayan o mga katotohanang dokumentasyon o mga patotoo. Ito ay nagmumula sa anyo ng tekstuwal halimbawa: detalye mula sa teksto diyalogo, paglalarawan, pagpili ng salita, imahen estraktura at iba pa na nagpapalakas sa argumento. 3. May kongklusyon o mga hinuha, implikasyon, interpretasyon o mga paglalahat batay sa mga napatunayan. Kailangang ito ay maikli at malinaw. Nagbubuod ito ng trajektoryo ng argumento ng sanaysay at binibigyang-diin ang mahahalagang pananaw ng sanaysay. **Iba't Ibang Uri ng** Pahayag sa Katotohanan 1. Claims of fact o Paninindigan sa Katotohanan. Ito ay mga obhetibong pahayag na nakatuon sa pagpapatunay ng pag-iral, katumpakan, o kawastuhan ng isang pangyayari o kondisyon, na sinusuportahan ng empirikal na ebidensiya at datos. 2. Claims of value o Paninindigan sa Kahalagahan. Ito ay mga proposisyong naglalayong magtakda ng **halaga o merito** sa isang idea, kilos, o bagay. Ito ay hindi lamang simpleng opinyon; ito ay isang **pagtatasa (evaluation)** na gumagamit ng mga pamantayang moral, estetiko, o pilosopikal upang kumbinsihin ang iba sa kabutihan o kapintasan ng isang paksa.	*pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* 2. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino*

	3. Claims of policy o Paninindigan sa Patakaran. Ito ay mga pahayag na nakatuon sa kilos na kailangan upang mabago ang status quo. Ito ay mga pahayag na nagmumungkahi ng isang **tiyak na aksyon, solusyon, o pagbabago** sa isang umiiral na kalagayan **Hakbang sa Pagsulat ng Kritikal na Sanaysay** 1. Tukuyin ang pangunahing argumento. Dito iikot ang iyong sanaysay. Gumamit ng pangungusap na makapupukaw sa atensiyon ng iyong mambabasa at makatutumbok ng iyong paksa. 2. Magbigay ng maikling kaligiran para sa iyong mambabasa. Matutulungan nito ang mambabasa na madaling maunawaan ang iyong sanaysay. 3. Tipunin ang mga ebidensiya na sumusuporta sa iyong argumento. Gumawa ng pananaliksik mula sa mapagkakatiwalaang batayan. Siguraduhin na ang pinagkunan ng sanggunian ay lehitimo at totoo. 4. Gamitin ang katawan ng iyong sanaysay upang matalakay ang mga punto ng iyong argumento. 5. Isaalang-alang ang ibang mga pananaw para malaman ang kalakasan at kahinaan ng iyong pananaw o argumento. 6. Bumuo ng malinaw na kongklusyon. Kailangang nakatuon ito sa mga punto na nailahad sa iyong sanaysay. 7. Suriing muli ang iyong sanaysay upang masigurado na tama ang iyong inilagay na impormasyon at mga pangungusap.	
	3. Paglinang ng Kabihasaan **OPSIYON A: BALANGKASanaysay**	Nakapaloob ang gawain sa **Independent Practice/Application Phase** ng SSHS

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

Panuto: Bumuo ng balangkas ng kritikal na sanaysay ukol sa kalagayan ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.



</td>
<td>

Instructional Design Framework. Layunin nitong maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng pagbuo ng balangkas ng isang kritikal na sanaysay hinggil sa kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino. Nagsisilbi rin itong paghahanda sa paglikha ng isang ganap na sulatin bilang bahagi ng performance task.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba’t ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.*
2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang*

</td>
</tr>
</table>

		paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay. 3. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino* Maaari itong tumugon sa strand 1.4 *Strategies for promoting literacy and numeracy* at *1.5 Strategies for developing critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 5*
	OPSIYON B: CLAIM D' CLAIMS **Panuto:** Pagsama-samahin ang mga *claim* batay sa uri na kinabibilangan nito gamit ang talahanayan sa ibaba. 1. Hindi regular na itinuturo ang Wikang Filipino sa maraming paaralan sa Pilipinas. 2. Ayon sa sarbey, higit sa 60% ng kabataan sa urban areas ay mas komportable sa pakikipag-usap gamit ang Wikang Ingles kaysa sa Filipino.	***OPSIYONAL NA PARAAN NG EKSEKYUSYON:*** ● ***Hamon sa Oras:*** *Limitahan sa 3–5 minuto ang paglalagay sa talahanayan.* ● ***Pangkatang Paligsahan:*** *Pangkatin ang klase at gawin itong pabilisan at paramihan ng wastong sagot.* ● ***Fidbak:*** *Pagkatapos, ipakita ang tamang sagot*

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Ang paggamit ng Wikang Filipino sa social media ay mahalaga upang mapanatili at maipalaganap ang kulturang Pilipino.
4. Higit na makabuluhan kung mas matagal maituturo ang Filipino sa Baitang 11 tulad ng ginagawa sa ibang mga asignatura.
5. Kinakailangang magsagawa ng mga programa na magtataguyod sa paggamit ng Wikang Filipino sa kabataan.
6. Dapat magkaroon ng batas na nagtatakda ng Filipino bilang mandatoryong asignatura sa lahat ng antas.
7. Hinihikayat ang mga paaralan na lumikha ng mga proyekto at aktibidad na nagsusulong ng Filipino bilang wika ng komunikasyon at kultura.

</td>
<td>at ipaliwanag ang bawat claim.

Wastong sagot:
Claim of fact:
1. Maraming paaralan sa Pilipinas ang hindi regular na nagtuturo ng Wikang Filipino sa iba’t ibang asignatura.
2. Ayon sa sarbey, higit sa 60% ng kabataan sa urban areas ay mas komportable sa pakikipag-usap gamit ang Wikang Ingles kaysa sa Filipino.

Claim of value
3. Ang paggamit ng Wikang Filipino sa social media ay mahalaga upang mapanatili at maipalaganap ang kulturang Pilipino.
4. Mas makabuluhan ang kung maituturo ang Filipino nang mas matagal sa Baitang 11 kapara kung paano itinuturo ang iba pang asignatura.

Claim of policy
5. Kinakailangang magsagawa ng mga programa na magtataguyod sa paggamit ng Wikang Filipino sa kabataan.
6. Dapat magkaroon ng batas na nagtatakda ng Filipino bilang mandatoryong asignatura sa lahat ng antas.
7. Hinihikayat ang mga paaralan na lumikha ng mga proyekto at aktibidad na nagsusulong ng Filipino bilang wika ng komunikasyon at kultura.</td>
</tr>
</table>

		Nakapaloob ang gawain sa **Independent Practice / Performance Task Phase** ng SSHS Instructional Design Framework. Layunin nitong mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-uuri ng iba't ibang pahayag batay sa uri ng claim na kinabibilangan nito. Sa pamamagitan ng gawaing ito, naipapakita ang kanilang kakayahang mag-apply ng konseptuwal na kaalaman sa isang mas analitikal na gawain. Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: 1. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* 2. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino*

<table>
<tr>
<td rowspan="2">C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan</td>
<td>1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon
OPSIYON A: NILAY PALAGAY
Panuto: Dugtungan ang pahayag sa ibaba upang mabuo ang diwa nito ayon sa iyong napagnilayan sa aralin:

</td>
<td>Ang gawaing “NILAY PALAGAY” ay nakapaloob sa Independent Practice/Reflection Phase ng SSHS Instructional Design Framework. Layunin nitong maisagawa ng mga mag-aaral ang pagninilay at pagbuo ng sariling kahulugan batay sa natutuhan sa aralin. Sa pamamagitan ng pagdugtong ng pahayag, naipapakita nila ang kanilang malalim na pag-unawa at internalisasyon ng konsepto ng Wikang Filipino sa lipunan.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:
1. Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba’t ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.</td>
</tr>
<tr>
<td>OPSIYON B: TSEK-LIST
PANUTO: Gumawa ng talaan ng mga katangian upang matiyak na ang isang sulatin ay isang kritikal na sanaysay.</td>
<td>Nakapaloob ito sa Assessment Phase (Formative Assessment) ng SSHS Instructional Design</td>
</tr>
</table>

		Framework. Layunin nitong matukoy ng mga mag-aaral ang mahahalagang katangian ng isang kritikal na sanaysay sa pamamagitan ng pagbuo ng sariling talaan o checklist. Sa gawaing ito, naipapakita ang kanilang kakayahang magsuri at magtakda ng pamantayan sa kalidad ng isang akademikong sulatin. Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: 1. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* 2. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang*

		Filipino sa lipunang Pilipino *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 6*
	2. Paglalahat **OPSIYON A: HAKBANG DIYAGRAM** **PANUTO:** *Isa-isahin sa diyagram ang hakbang sa pagsulat ng kritikal na sanaysay.* 	Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: 1. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* 2. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino*
	OPSIYON B: FILIPINO SA PILIPINO **Panuto:** *Punan ang concept map ng mga nasaliksik na idea hinggil sa kasalukuyang estado ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.*	Ang gawain ay nakapaloob sa **Performance Task/Summative Assessment Phase** ng SSHS Instructional Design

		Framework. Layunin nitong maisabuhay ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng pagsulat ng isang kritikal na sanaysay batay sa kanilang binalangkas na ideya. Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: 1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* 2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang krtikal na sanaysay.* Maaari itong tumugon sa strand 1.4 *Strategies for promoting literacy and*

numeracy, 1.5 Strategies for developing critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills at Strand 1.6 Mother Tongue, Filipino and English in teaching and learning

3. Pagtataya

OPSIYON A: SUBOK-SULAT

PANUTO: Sumulat ng isang kritikal na sanaysay batay sa binalangkas na idea ng gawain sa *Paglinang ng Kabihasaan Opsiyon A.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan	**40 – Napakahusay**	**30 – Mahusay**	**20 – Katamtaman**	**10 – Kailangang Paunlarin**
Nilalaman at Kaisipan	Malinaw at matibay ang pangunahing argumento; may malalim na pagsusuri at konkretong halimbawa; naipapakita ang kritikal na pag-iisip tungkol sa kalagayan ng Wikang Filipino.	Maayos ang argumento; may pagsusuri at ilang halimbawa; nagpapakita ng kritikal na pag-iisip.	May pangunahing ideya ngunit limitado o mababaw ang pagsusuri; ilang halimbawa lamang.	Mahina o hindi malinaw ang argumento; kulang sa pagsusuri at halimbawa.
Organisasyon	Lohikal at malinaw ang daloy ng sanaysay; maayos ang introduksyon, katawan, at konklusyon; mahusay ang transisyon ng mga ideya.	Maayos ang daloy ng sanaysay; may ilang maliit na kahinaan sa organisasyon o transisyon.	May ilang lohikal na koneksyon ngunit hindi tuloy-tuloy ang daloy; may kulang sa introduksyon o konklusyon.	Magulo o walang malinaw na organisasyon; hindi malinaw ang daloy ng ideya.
Ebidensya at Suporta	Gumagamit ng makabuluhan at maaasahang ebidensya, datos, o halimbawa; maayos ang pagsasama sa argumento.	Gumagamit ng ebidensya o halimbawa ngunit hindi palaging sapat o malinaw ang koneksyon sa argumento.	Limitado ang ebidensya o halimbawa; madalas hindi malinaw ang koneksyon sa argumento.	Kulang sa ebidensya o halimbawa; walang malinaw na suporta sa argumento.
Estilo at Balarila	Wasto at malikhain ang paggamit ng wika; walang o halos walang gramatikal na kamalian; malinaw at epektibo ang pagpapahayag.	Karaniwan ang paggamit ng wika; may ilang gramatikal na kamalian ngunit hindi nakakaapekto sa pag-unawa.	Madalas ang gramatikal na kamalian o hindi malinaw ang pagpapahayag; may epekto sa pag-unawa.	Maraming gramatikal na kamalian; mahirap intindihin ang sanaysay.
Pagkamalikhain at Kritikal na Pag-iisip	Malikhain at mapanuri; nagpapakita ng sariling pananaw at malalim na interpretasyon sa kalagayan ng Wikang Filipino.	May sariling pananaw at interpretasyon ngunit hindi palaging malalim o mapanuri.	Limitado ang sariling pananaw; mababaw ang interpretasyon.	Wala o halos walang sariling pananaw; hindi mapanuri.

Malayang makapagmomodipika ang guro ng rubrik batay sa kani-kaniyang pangangailangan.

Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang:

1. *Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.*
2. *Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.*

		3. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 5) Gawain Bilang 7*
	OPSIYON B: Maikling Pagsusulit **Bahagi I: Maramihang Pagpipilian** **Panuto: Isulat ang titik ng sagot sa patlang.** 1. Ano ang pangunahing layunin sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay? *a. Magkuwento ng pansariling karanasan.* *b. Magbigay ng masusing pagsusuri at interpretasyon hinggil sa isang paksa.* *c. Maglarawan ng mahahalagang pangyayari sa paligid* *d. Maging malikhaing sa pagbuo ng sulatin* 2. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa katangian ng kritikal na sanaysay? a. *May malinaw na central claim o tesis* *b. Naglalaman ng ebidensya o patunay* *c. Walang kongklusyon* *d. May pagsasaalang-alang sa ibang pananaw* **Bahagi II: Pagkilala**	***Wastong Sagot:*** *1. B* *2. C* *3. P* *4. V* *5. F* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: *1. Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* *2. Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye*

	Panuto: Basahin ang sumusunod na pahayag at tukuyin ang uri ng claim nito. Gamiting gabay ang palatandaan sa ibaba: Claim of fact **(F)** - Claim of value **(V)** - Claim of policy **(P)** ________ 3. Dapat ipatupad ang libreng edukasyon para sa lahat ng mamamayan upang mapabuti ang kalidad ng kabuhayan. ________ 4. Mas epektibo ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa mga asignaturang agham at matematika kaysa Ingles. ________ 5. Ayon sa ulat ng Department of Education, 85% ng mga mag-aaral sa Pilipinas ay may kakulangan sa kasanayan sa pagbabasa.	*hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.*
	4. Karagdagang Gawain **BANGKO NG DATOS** **Panuto:** *Magsaliksik ng limang (5) literatura at pag-aaral na tumatalakay sa kalagayan ng Wikang Filipino. Isulat ang sagot sa talahanayan.*	Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: *1. Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba't ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* *2. Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino bilang*

	Pamagat	Nilalaman	Sintesis	Sanggunian
1.				
2.				

		paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Panuto:** Isulat ang titik ng wastong sagot. 1. Ano ang pangunahing bahagi ng kritikal na sanaysay na naglalaman ng sentral na argumento? a. Katawan ng sanaysay b. Pahayag ng tesis c. Kongklusyon d. Introduksiyon 2. Alin ang halimbawa ng *claim of fact*? a. Ang Filipino ay mas epektibo kaysa Ingles sa pagtuturo ng agham. b. Ayon sa sarbey, 70% ng mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagbabasa sa Filipino. c. Dapat palakasin ang wikang Filipino sa social media. d. Mas mahalaga ang Filipino kaysa Ingles sa pagtuturo ng kultura. 3. Alin ang hindi bahagi ng katangian ng kritikal na sanaysay? a. Naglalaman ng ebidensiya o patunay b. May malinaw na kongklusyon c. Walang pagsasaalang-alang sa ibang pananaw d. May *central claim* o tesis 4. Ano ang ibig sabihin ng “kritikal” sa konteksto ng kritikal na sanaysay? a. Pagpapahayag ng sariling opinyon nang walang patunay b. Pag-intindi at analitikal na pagsusuri ng teksto c. Pagbibigay ng maikling buod ng kuwento d. Pagsusulat ng malikhaing kuwento 5. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng claim of value? a. Ayon sa DepEd, 85% ng mga mag-aaral ay may kakulangan sa kasanayan sa pagbasa. b. Dapat magpatupad ng libreng edukasyon para sa lahat.	***Wastong Sagot:*** *1. B* *2. B* *3. C* *4. B* *5. C* *6. B* *7. B* *8. B* *9. B* *10. B* Tumutugon ito sa hinimay na kasanayang: *1. Nasusuri ang mga pananaw, hamon at papel ng Wikang Filipino sa iba’t ibang larangan (edukasyon, midya, pamahalaan, at iba pa) ng lipunang Pilipino gamit ang kritikal na pag-iisip.* *2. Nakapagbabalangkas ng lohikal at organisadong mga argumento at suportang detalye hinggil sa napiling isyu kaugnay ng kasalukuyang sitwasyon ng Wikang*

	c. Mas mabuting gamitin ang Filipino kaysa Ingles sa pagtuturo ng panitikan. d. Ang Pilipinas ay may labing-isang opisyal na wika. 6. Sa pagsusulat ng kritikal na sanaysay, bakit mahalaga ang pagsasama ng ibang pananaw? a. Para madagdagan ang haba ng sanaysay b. Para ipakita ang kahinaan at kalakasan ng sariling argumento c. Para mas maging malikhaing kuwento d. Para makakuha ng dagdag na grado 7. Alin sa mga sumusunod ang unang hakbang sa pagsulat ng kritikal na sanaysay? a. Gumawa ng kongklusyon b. Tukuyin ang pangunahing argumento c. Gumawa ng pananaliksik d. I-*proofread* ang sanaysay 8. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng *claim of policy*? a. Ayon sa sarbey, 60% ng kabataan ang hindi gumagamit ng Filipino sa social media. b. Dapat ipatupad ang batas na nagtataguyod sa paggamit ng Filipino sa lahat ng paaralan. c. Mas mabuting gamitin ang Filipino sa pagtuturo kaysa Ingles. d. Ang Filipino ay wikang pambansa ng Pilipinas. 9. Ano ang pangunahing layunin ng kongklusyon sa kritikal na sanaysay? a. Magpakilala ng bagong paksa b. Magbigay ng buod, interpretasyon, at mahahalagang pananaw c. Magbigay ng detalyadong halimbawa mula sa teksto d. Gumawa ng malikhaing kuwento 10. Alin sa mga sumusunod ang tamang halimbawa ng ebidensiya sa kritikal na sanaysay? a. Opinyon ng kaibigan tungkol sa pelikula b. Detalye mula sa teksto, diyalogo, paglalarawan, o estruktura	*Filipino bilang paghahanda sa pagsulat ng isang kritikal na sanaysay.* 3. *Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay gamit ang binalangkas na idea na nagpapakita ng masusing analisis sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino*

<table>
<tr><td></td><td>c. Pagsusulat ng sariling karanasan sa pelikula
d. Pagsasabi na “lahat ng tao ay tama”</td><td></td></tr>
<tr><td>VII. PAGNINILAY</td><td colspan="2">

Gabay na Tanong	***Sagot***
1. Sa mga isinagawang gawain, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagsulat ng kritikal na sanaysay?	
2. Anong mga estratehiya ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
____
2. Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.
____
3. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nauunawan ang aralin.
____
4. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.
____
5. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?
____
6. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?
____
</td></tr>
</table>

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Asignatura	**Konseptong Pangkomunikasyon**	**Modelong Banghay-Aralin**	6
Manunulat	Sigrid F. Tibordo/Gesselle S. Cambia		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang LC 11 **Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon** LC 12 **Nailalapat ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyon**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (2001). *A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives.* Longman. Beebe, S. A., Beebe, S. J., & Redmond, M. V. (2020). *Interpersonal communication: Relating to others* (8th ed.). Pearson. Berlo, D. K. (1960). *The process of communication: An introduction to theory and practice.* Holt, Rinehart & Winston. Dayag, A. M., & Del Rosario, M. G. G. (2016). *Pinagyamang pluma: Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Filipino.* Phoenix Publisher House Inc. Delos Reyes, J. (2025, March). Uso ba talaga 'yung pag-chat na may extra letters sa dulo? [Facebook post]. Facebook. https://www.facebook.com/[joselitodelosreyes]/posts/ DepEd. (2016). *K to 12 curriculum guide: Filipino (Baitang 11–12).* Department of Education. Department of Education. (2020). *Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Filipino: Alternative Delivery Mode Module 4: Gamit ng Wika sa Lipunan.* Republic of the Philippines: DepEd. Kurt, S. (2018). ADDIE model: Instructional design. *Educational Technology.* https://educationaltechnology.net/the-addie-model-instructional-design/

	Maggay, M. P. (2002). *Pahiwatig: Kagawiang pangkomunikasyon ng Filipino.* Ateneo de Manila University Press. Talegon Jr., V. M. (2020). *Daloy ng wika, komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Filipino.* Brilliant Creations Publishing. *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito:* https://drive.google.com/file/d/1oYW8rnFi2JU_JSXfvZwCCbrWwPS6zn7-/view?usp=sharing
III. NILALAMAN	**Mga Aralin** I. Konseptong Pangkomunikasyon A. Kahulugan at Kahalagahan ng Komunikasyon B. Uri ng Komunikasyon 1. Berbal 2. Di-berbal C. Antas ng Komunikasyon 1. Intrapersonal 2. Interpersonal 3. Publiko 4. Iba Pa D. Elemento at Proseso ng Komunikasyon 1. Nagpadala 2. Mensahe 3. Tumanggap 4. Daluyan 5. Tugon (*feedback)* 6. Konteksto 7. Ingay

<table>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td colspan="2">LC 1 Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento at proseso ng komunikasyon
LC 2 Nailalapat ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba’t ibang sitwasyon
a. Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.
b. Naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng komunikasyon at ang ugnayan ng mga uri, antas, at elemento nito sa proseso ng pagpapalitan ng mensahe.
c. Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba’t ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain.
d. Nasusuri ng mga mag-aaral ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td rowspan="3">A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman</td><td></td></tr>
<tr><td>Opsiyon A: EMOJImania
Magpapakita ang guro ng mga mensaheng binubuo ng mga simbolo, larawan, o emoji. Sa loob ng isang minuto, tutukuyin ng mga mag-aaral ang kahulugan nito, isusulat sa papel, at pagkatapos ay ibabahagi at ipaliliwanag ang kanilang sagot. Sa huli, tatalakayin ng klase kung paano naipahahayag ang mensahe gamit ang mga simbolo kahit walang salita.
Halimbawa:

Kahulugan: Mag-aral sa umaga.
Paliwanag: Ang araw 🌞 ay sumisimbolo ng umaga, libro 🕮 at lapis ✏ ay nagrerepresenta ng pag-aaral.
Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1A</td><td>Para sa Opsiyon A: EMOJImania
Sa gawain na EMOJImania, nalilinang ang critical thinking, creativity, communication, collaboration, at digital literacy, dahil tinataya ng mga mag-aaral ang kahulugan ng mensahe gamit ang emoji at ipinapaliwanag ito sa klase.
Ang aktibidad ay naka-angkop sa ADDIE Model sa pamamagitan ng design (pagplano ng mensahe at panuto), implementation (aktwal na pagsasagawa ng gawain), at evaluation (talakayan at pagpapaliwanag ng kahulugan), na nagbibigay ng malinaw at istrukturadong paraan ng pagkatuto.

Ito ay maaaring iangkla sa COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies dahil gumagamit ito ng interaktibong gawain na humihikayat sa aktibong pakikilahok at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mensaheng ipinapahayag gamit ang mga emoji at simbolo.May laya ang guro na palitan ang mga emoji.</td></tr>
</table>

		Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *"Naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng komunikasyon at ang ugnayan ng mga uri, antas, at elemento nito sa proseso ng pagpapalitan ng mensahe."* **Tamang Sagot:** *(Ang sagot ay maaaring mabago depende sa interpretasyon ng titingin)* 1. **Kahulugan:** Mag-jogging o mag-ehersisyo sa umaga. 2. **Kahulugan:** Magbasa habang umiinom ng kape sa sala. 3. **Kahulugan:** Kumain ng masustansyang pagkain para maging malakas. 4. **Kahulugan:** Oras na para pumunta sa paaralan. 5. **Kahulugan:** Paalala ng deadline o due date. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 1*
	Opsiyon B: PASAlita Mekaniks: Hahatiin ang klase sa tatlong pangkat. Ang kinatawan sa bawat pangkat ay bubunot ng mga salita at kaparaanan ng pagpapasa nito sa mga nakahanay na miyembro. Ang pangkat na mauunang makasusulat nang wasto ng lahat ng salita sa pisara ang mananalo. Mga salita: *masahe* *mensahe* *pamasahe* Mga Pagpipilian: 1. pagbasa sa buka ng bibig 2. charade/senyas 3. pabulong	Para sa Opsiyon B: **PASAlita** Sa gawain na ito, nalilinang ang **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, dahil kailangang planuhin ng bawat pangkat ang pinakamabisang paraan ng pagpapasa ng mensahe; **communication skills**, sa malinaw at maayos na pagbibigay at pagtanggap ng mensahe; at **collaboration at teamwork**, sa pagtutulungan ng pangkat upang maisakatuparan ang gawain nang mabilis at tama. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagpapasa ng mensahe sa laro, at sa **evaluation**, sapagkat sinusuri ang kakayahan ng bawat pangkat na magplano, mag-apply ng tamang proseso ng komunikasyon, at maipakita ang malinaw na resulta sa pisara.

	Prosesong tanong: 4. Aling pangkat ang pinakamabilis na nakuha ang mga tamang salita? Bakit ito naging posible? 5. Aling pangkat naman ang natagalan na makuha nang tama ang mga salita? Ano ang naging sanhi nito? 6. Paano ninyo iuugnay sa komunikasyon ang danas na ito sa laro?	*Ito ay maaaring iangkla sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil gumagamit ito ng interaktibong paraan ng pagpapasa ng mensahe na nagpapalakas ng komunikasyon, kooperasyon, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng komunikasyon*. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.*
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Tsika-Tsika Kadena** Hahatiin ang klase sa limang grupo. Ipapasa ng mga kasapi ang mensahe sa pamamagitan ng bulong mula sa unang miyembro hanggang sa huli. Pagkatapos, ihahambing ng bawat pangkat ang natanggap na mensahe sa orihinal at ipaliliwanag kung paano nakaapekto ang paraan ng pagpapadala, daluyan, at ingay sa komunikasyon. Ang pangkat na pinakamalapit o eksaktong pareho sa orihinal na mensahe ang mananalo. Maaaring bigyan ng karagdagang puntos ang pangkat na pinakamalinaw at mahusay na nakapagpaliwanag kung bakit nagbago o nanatiling pareho ang mensahe. *Tingnan sa* *WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1B*	Para sa Opsiyon A: **Tsika-Tsika Kadena** Sa aktibidad na ito, nalilinang ang **communication, collaboration, critical thinking, at problem-solving skills**, dahil kailangang maipasa ng bawat miyembro ang mensahe nang tama at mag-analisa ng pagkakaiba sa natanggap na mensahe. Ang gawain ay nakaangkop sa **ADDIE Model** sa pamamagitan ng **design** (pagbuo ng aktibidad at panuto), **implementation** (aktwal na pagsasagawa ng “bulong-bulong” at paghahambing ng mensahe), at **evaluation** (pagpapaliwanag ng epekto ng daluyan, ingay, at paraan ng pagpapadala sa malinaw na komunikasyon), na nagbibigay ng istrukturadong proseso ng pagkatuto. *Nakapaloob din ito sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil gumagamit ang guro ng interaktibo at kolaboratibong gawain na nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa aktuwal na proseso ng komunikasyon sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at pagsusuri ng mensahe.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ng mga mag-aaral ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at*

		nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay. May laya ang guro na palitan ang mga mensahe.
	Opsiyon B: biSwALITA **Panuto:** Tukuyin ang mga nawawalang salita na bubuo sa diwa ng mga layuning pampagkatuto sa ibaba sa tulong ng mga larawan. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1C*	Para sa Opsiyon B:**biSwALITA** Sa gawain na **biSwALITA**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, sa pagtukoy at pagpuno ng mga nawawalang salita upang mabuo ang diwa ng layunin; **communication skills**, sa pag-unawa at interpretasyon ng teksto at larawan; at **creativity**, sa paggamit ng larawan bilang gabay upang mahulma ang tamang sagot. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagtukoy at pagpuno ng nawawalang salita, at sa **evaluation**, sapagkat sinusukat ang antas ng pag-unawa at kakayahang mag-apply ng konsepto ng komunikasyon sa malikhaing paraan. Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng biswal na estratehiya tulad ng mga larawan upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto ng komunikasyon, na tumutulong sa paglinang ng kanilang kakayahang magbasa, mag-analisa, at bumuo ng tamang salita batay sa konteksto. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 2*

B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: PictoUsap** Magpapakita ang guro ng iba't ibang larawan na naglalarawan ng sitwasyon ng komunikasyon. Sa bawat larawan, tutukuyin ang uri, antas, elemento at proseso ng pakikipagkomunikasyon na nakita rito. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1D*	Para sa Opsiyon A: **PictoUsap** Sa gawaing **PictoUsap** kung saan ipinapakita ng guro ang iba't ibang larawan ng sitwasyon ng komunikasyon, nalilinang ng mga mag-aaral ang ilang mahahalagang 21st century skills. Kabilang dito ang **critical thinking** at **problem solving**, dahil sinusuri nila ang uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon sa bawat larawan; **communication skills**, dahil kailangang ipaliwanag at ipahayag nila ang kanilang obserbasyon; **creativity at innovation,** sa pagbibigay ng malikhaing paliwanag o halimbawa; **collaboration**, kung isasagawa sa grupo upang mapalitan ang ideya; at **media at technology literacy**, sa pag-unawa at pagsusuri ng biswal na impormasyon. Ang gawain ay nakaangkop sa **ADDIE Instructional Design Model.** Sa yugto ng **design,** planado ang pagpili ng larawan at pagbibigay ng malinaw na panuto; sa **implementation,** isinasagawa ang aktwal na pagsusuri ng mga mag-aaral; at sa **evaluation,** tinitingnan at pinapaliwanag nila ang kanilang obserbasyon upang masukat ang pagkatuto sa proseso ng komunikasyon. Ang structured na aktibidad na ito ay nagbibigay-daan sa aktibong partisipasyon ng mag-aaral, ugnay sa real-world context ng komunikasyon, at malinaw na pagsunod sa ADDIE framework mula design hanggang evaluation. Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng mga larawang sitwasyon upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto ng komunikasyon, na nagreresulta sa mas malinaw na pag-analisa at pagpapaliwanag ng mga uri, antas, elemento, at proseso nito. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:*

		Naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng komunikasyon at ang ugnayan ng mga uri, antas, at elemento nito sa proseso ng pagpapalitan ng mensahe. May laya ang guro na palitan ang mga larawan.
	Opsiyon B: Pagmamapa ng Komunikasyon **Panuto:** Suriin ang halimbawang sitwasyon na nagpapakita ng komunikasyon at imapa sa tulong ng talahanayan. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1E*	Para sa Opsiyon B: **Pagmamapa ng Komunikasyon** Sa gawain na **Pagmamapa ng Komunikasyon**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, sa pagsusuri ng sitwasyon upang matukoy ang uri, antas, elemento, at posibleng ingay ng komunikasyon; **analytical at communication skills**, sa paggamit ng talahanayan upang maipakita nang malinaw ang pagsusuri; at **collaboration**, kung gagawin ito sa pangkat. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagsusuri at pagbuo ng mapa, at sa **evaluation**, sapagkat sinusukat ang kakayahan ng mag-aaral na **mag-analisa, mag-synthesize, at mailapat ang konsepto ng komunikasyon** sa sistematiko at organisadong paraan. Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng organisadong talahanayan bilang estratehiya upang mapadali ang pagsusuri ng mga mag-aaral sa isang sitwasyong pangkomunikasyon, na nakatutulong sa malinaw na pag-unawa at pag-aanalisa ng mga elemento at proseso ng komunikasyon. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ng mga mag-aaral ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at*

		nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 3*
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **I. Konseptong Pangkomunikasyon** **A. Kahulugan at Kahalagahan ng Komunikasyon** **B. Uri ng Komunikasyon** **C. Antas ng Komunikasyon** **D. Elemento at Proseso ng Komunikasyon** *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1F*	Para sa Pagtalakay ng Bagong Konsepto Sa talakayan ng **Konseptong Pangkomunikasyon**, nalilinang ng mga mag-aaral ang 21st century skills tulad ng **critical thinking, communication, collaboration, creativity, at digital literacy**. Nakaangkop ito sa **ADDIE Model**, mula sa **analysis** ng kaalaman ng mag-aaral, **design** ng lesson plan, **development** ng materyales, **implementation** ng talakayan at halimbawa, hanggang sa **evaluation** ng pagkatuto. Upang maging masaya at engaging, maaaring gumamit ng **interactive polls, role-play, visual aids, mini-debate,** at **digital storytelling**, na nag-uugnay sa real-world context at aktibong partisipasyon.
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A : KomuniCOMPARE** **Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon sa ibaba. Bumuo ng isang *comparative table* at tukuyin ang uri, antas, elemento (sender, mensahe, daluyan, reciever, feedback) at posibleng ingay sa komunikasyon. Isulat ang inyong sagot sa tamang kolum at ipaliwanag sa maikling pangungusap kung bakit ninyo ito pinili. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1G*	Para sa Opsiyon A: **KomuniCOMPARE** Sa gawain na **KomuniCOMPARE**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, sa pagsusuri ng bawat sitwasyon at pagtukoy sa tamang uri, antas, elemento, at posibleng ingay sa komunikasyon. Nahuhubog din ang **analytical at communication skills** sa paggawa ng comparative table at pagpapaliwanag ng mga piniling sagot, pati na ang **collaboration**, kung isinasagawa sa pangkat. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil aktwal na isinasagawa ang pagsusuri at pagbuo ng table, at sa **evaluation**, sapagkat

		sinusukat ang kakayahan ng mag-aaral na **mag-analisa, mag-synthesize, at mag-aplay ng konsepto ng komunikasyon** sa malinaw at sistematikong paraan. Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng comparative table bilang estratehiya upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, paghahambing, at pag-oorganisa ng impormasyon tungkol sa proseso ng komunikasyon, na nakatutulong sa mas malinaw at sistematikong pag-unawa sa paksa. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ng mga mag-aaral ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 4*
	Opsiyon B: Tamang Tugon **Panuto:** Suriin ang mga sitwasyon at bumuo ng pinakamainam na tugon para sa maayos na komunikasyon. . *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1H*	Para sa Opsiyon B: **Tamang Tugon** Sa gawain na **Tamang Tugon**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, sa pagsusuri ng sitwasyon at pagpili ng angkop na tugon; **communication skills**, sa pagbuo ng malinaw at epektibong sagot; at **decision-making at social skills**, sa pagpili ng pinakamainam na paraan ng pakikipag-ugnayan. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagbuo ng tugon, at sa **evaluation**, sapagkat nasusukat ang kakayahan ng mag-aaral na mag-analisa at mag-aplay ng angkop na komunikasyon sa iba't ibang sitwasyon. Mahalaga ito dahil hinahasa nito ang

		kakayahang magbigay ng epektibo at responsableng tugon sa real-life na pakikipagkomunikasyon.Maaaring ilagay ng guro ang sitwasyon at posibleng tugon sa Kahoot, Quizziz. Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil hinahasa ng guro ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng angkop na tugon sa iba't ibang sitwasyon, na nagpapakita ng aktibong paggamit ng komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at tamang pag-aangkop ng mensahe para sa mas maayos at epektibong pagpapalitan ng ideya. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 5*
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: ClickTALK** **Panuto:** Hatiin ang klase sa anim na pangkat. Pumili ng isang totoong sitwasyon mula sa **paaralan, trabaho, social media, o komunidad** na maaari ninyong gawing batayan ng *role play*. Gumawa ng maikling eksena o *role play* na malinaw na nagpapakita ng proseso ng komunikasyon, kabilang ang sender o nagpapadala ng mensahe, ang mismong mensahe, ang channel o daluyan kung paano ito ipinapadala, ang receiver o tumatanggap, at ang feedback o tugon ng tumanggap. Matapos na maisagawa ang role play, ipaliliwanag ng pangkat kung paano ginamit ang mga elemento at paano	Para sa Opsiyon A:**ClickTALK** Sa gawain na **ClickTALK**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, sa pagsusuri ng sitwasyon at pagpaplano ng role play; **communication skills**, sa malinaw na pagpapahayag at paliwanag ng mensahe, daluyan, at feedback; **collaboration**, sa pagtutulungan ng pangkat; at **creativity**, sa malikhaing pagbuo ng eksena at pagpili ng sitwasyon. Nakaangkla ito sa **ADDIE Model**, partikular sa **implementation**, dahil aktwal na isinasagawa ang role play, at sa **evaluation**, sapagkat sinusukat kung paano naipapakita at naipapaliwanag ng bawat pangkat ang proseso at elemento ng komunikasyon at ang epekto nito sa

	nakaapekto ang bawat isa sa pagkaunawa at epektibong pagpaparating ng mensahe. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1I*	pagkaunawa ng mensahe. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil gumagamit ang guro ng role play bilang interaktibong estratehiya na humihikayat sa aktibong pakikilahok, kolaborasyon, at mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng komunikasyon sa pamamagitan ng aktuwal na pagganap ng mga sitwasyon mula sa tunay na buhay.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ng mga mag-aaral ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.*
	Opsiyon B: Talas ng Talastasan **Panuto:** Suriin ang social media na nasa ibaba at sagutin ang mga kalakip na tanong. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1J*	Para sa Opsiyon B:**Talas ng Talastasan** Sa gawain na **Talas ng Talastasan**, nalilinang ang mga 21st century skills tulad ng critical thinking at problem solving, sa pagsusuri ng nilalaman ng social media at pagtukoy sa kahulugan, layunin, at implikasyon nito; media at digital literacy, sa pag-unawa at kritikal na pagtingin sa impormasyong nakikita online; at communication skills, sa malinaw na pagsagot at pagpapaliwanag ng kanilang pagsusuri. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation,** dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagsusuri ng social media, at sa **evaluation**, sapagkat nasusukat ang kakayahan ng mag-aaral na mag-analisa, magbigay-hatol, at mag-aplay ng konseptong pangkomunikasyon sa digital na konteksto. Mahalaga ito dahil inihahanda nito ang mga mag-aaral na maging mapanuri at responsableng tagagamit ng impormasyon sa makabagong panahon.

		*Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil hinahasa nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na suriin at unawain ang mga pahayag sa social media at makabuo ng angkop na tugon, na nagpapakita ng aktibong paggamit ng komunikasyon at kritikal na pag-iisip sa makabagong konteksto ng digital na pakikipag-ugnayan.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 6*
	2. Paglalahat **Opsiyon A: Comm-U-nique** **Panuto:** Suriin ang sumusunod na *tagline* upang makabuo ng isa hanggang dalawang pangungusap na bubuod sa tinalakay na aralin. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1K*	Para sa Opsiyon A:**Comm-U-nique** Sa gawain na **Comm-U-nique**, nalilinang ang **critical thinking at problem solving** dahil kinakailangan ng mag-aaral na suriin ang tagline at tukuyin ang pangunahing ideya o tema nito. Nahuhubog din ang **communication skills** sa kakayahang bumuo ng malinaw at maayos na pangungusap bilang buod, pati na rin ang **creativity at innovation** sa pagpapahayag ng ideya sa sariling paraan. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, kung saan aktwal na isinasagawa ang pagsusuri at pagbuo ng buod, at sa **evaluation**, dahil nasusukat ang pag-unawa ng mag-aaral sa aralin at ang kakayahang mailapat ang konsepto sa malinaw na pahayag. Mahalaga ito dahil pinapalakas nito ang kakayahang magsuri, mag-synthesize ng impormasyon, at malinaw na makipagkomunika sa iba.

		*Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng tagline bilang biswal at tekstuwal na estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, pagsusuri, at pagbubuod ng natutunang aralin sa malinaw at maikling paraan.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.*
	Opsiyon B: Punan ang Diyagram **Panuto:** Punan ng angkop na impormasyon ang diyagram upang mabuod ang aralin. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1L*	Para sa Opsiyon B;**Punan ang Diyagram** Sa gawain na **Punan ang Diyagram**, nalilinang ang mga **21st century skills** tulad ng **critical thinking at problem solving**, sa pagtukoy at pag-oorganisa ng mahahalagang konsepto upang mabuo ang kabuuang diwa ng aralin; **analytical at information organization skills**, sa paglalagay ng tamang impormasyon sa angkop na bahagi ng diyagram; at **communication skills**, sa malinaw na pagbubuod ng natutuhan. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagbuo ng diyagram, at sa **evaluation**, sapagkat nasusukat ang kakayahan ng mag-aaral na mag-synthesize at mailahad nang organisado ang kanilang pag-unawa. Mahalaga ito dahil pinatitibay nito ang pag-unawa sa aralin sa pamamagitan ng biswal at sistematikong pag-oorganisa ng impormasyon. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng diyagram bilang estratehiya upang matulungan ang mga mag-aaral na organisahin at ibuod ang mahahalagang ideya ng aralin sa mas malinaw, sistematiko, at biswal na paraan.*

		Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: *Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 7*
	3. Pagtataya **Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian** **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat sitwasyon at tanong. Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot na nagpapakita ng masusing pag-unawa, pagsusuri, at paglalapat ng mga konseptong pangkomunikasyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1M*	Para sa Opsiyon A: **Maramihang Pagpipilian** Sa **Maramihang Pagpipilian**, nalilinang ang mga 21st century skills tulad ng **critical thinking at problem solving**, dahil sinusuri ng mga mag-aaral ang bawat sitwasyon upang matukoy ang pinakaangkop na sagot; **communication skills**, sa pag-unawa sa mensahe at interpretasyon ng mga konsepto; at **analytical skills**, sa paghahambing ng mga pagpipilian batay sa konseptong pangkomunikasyon. Nakaangkla ang gawaing ito sa **ADDIE Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na sinusubok ang kaalaman ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong, at sa **evaluation**, sapagkat nasusukat ang antas ng kanilang pag-unawa, pagsusuri, at paglalapat ng konsepto. Ang ganitong gawain ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng sistematikong paraan upang mataya ang pagkatuto at mapalalim ang pag-iisip ng mga mag-aaral. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa* ***COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills*** *dahil gumagamit ang guro ng situational multiple-choice na tanong upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at pag-unawa ng mga konseptong pangkomunikasyon sa konteksto ng aktuwal na sitwasyon.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang* *Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa*

		pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain. **Tamang Sagot** 1. B 2. D 3. B 4. D 5. C
	Opsiyon B: Tama o Mali *Panuto: Suriing mabuti ang sumusunod na pahayag. Isulat ang T kung tama at M kung mali.* 1. Ang berbal na komunikasyon ay gumagamit ng salita at wika upang maiparating ang mensahe. 2. Ang di-berbal na komunikasyon ay hindi mahalaga sa pagpapahayag ng damdamin. 3. Ang intrapersonal na komunikasyon ay ang pakikipag-usap sa sarili. 4. Ang interpersonal na komunikasyon ay nangyayari lamang kapag may higit sa tatlong tao na kasali. 5. Ang publikong komunikasyon ay kadalasang isinasagawa sa isang malaking grupo ng tao. 6. Ang nagpadala (sender) ay bahagi ng elemento ng komunikasyon. 7. Ang mensahe ay hindi bahagi ng proseso ng komunikasyon. 8. Ang daluyan (channel) ay paraan kung paano naipapadala ang mensahe. 9. Ang ingay (noise) ay isang bagay na nakaaapekto sa malinaw na pagpapadala at pagtanggap ng mensahe.	Para sa Opsiyon B:**Tama o Mali** Sa gawain na Tama o Mali, nalilinang ang mga 21st century skills tulad ng critical thinking at problem solving, sa pagsusuri kung wasto o hindi ang bawat pahayag; analytical skills, sa paghahambing ng ideya batay sa konseptong pangkomunikasyon; at communication skills, sa pag-unawa at interpretasyon ng mga pahayag. Nakaangkla ito sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ang pagsusuri ng mga pahayag, at sa **evaluation**, sapagkat nasusukat ang antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa aralin. Mahalaga ito dahil nagbibigay ito ng mabilis ngunit epektibong paraan upang mataya ang kaalaman at maitama ang maling pag-unawa. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang guro ng tama o mali na pagsusulit bilang estratehiya upang masukat at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pangunahing konsepto ng komunikasyon sa isang simple at malinaw na paraan.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang* *Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.* **Wastong Sagot:** **1. T 6. T**

	10. Ang konteksto ay hindi mahalaga sa pag-unawa ng mensahe sa komunikasyon.	**2. M** **7. M** **3. T** **8. T** **4. M** **9. T** **5. T** **10. M**
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: MESSage UNMESSed** **Panuto:** Magbibigay ang guro ng isang halimbawa ng magulong mensahe. Kailangang maisaayos ito ng mga mag-aaral upang maging malinaw at epektibo. Isusulat ang bagong bersiyon at ipaliliwanag kung paano binago ang daluyan, tono, at paraan ng pagpapahayag upang mas madaling maintindihan ng tatanggap at mas malinaw ang fidbak. Pagkatapos nito, tatawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang naging awtput sa klase. **Halimbawa** • **Orihinal na Mensahe:** "Assignment bukas submit ha." • **Naayos na Bersiyon:** "Pakisumite po ng inyong assignment bukas bago mag-3 PM." • **Paliwanag ng Pagbabago:** *Daluyan*: Mas malinaw sa formal na email o chat message. *Tono*: Mas magalang at propesyonal. *Fidbak/Unawaan*: Mas madaling maunawaan at mas malinaw ang deadline, kaya mas maayos ang magiging tugon.	Para sa Opsiyon A: **MESSage UNMESSed** Sa gawain na **MESSage UNMESSed**, nalilinang ang ilang mahahalagang **21st century skills**. **Critical thinking at problem solving** ang ginagamit kapag tinutukoy ng mag-aaral kung ano ang problema sa mensahe at paano ito gawing malinaw at epektibo. **Communication skills** ang napapahusay sa pagsulat ng bagong bersyon at sa pagpapaliwanag ng ginawa nilang pagbabago sa klase. **Creativity at innovation** ang naisasabuhay sa pag-iisip ng mas malinaw at maayos na paraan ng pagpapahayag, habang **collaboration** naman ang natututo kapag nakikinig sa feedback ng iba at nakikibahagi sa talakayan. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **ADDIE Instructional Design Model**, partikular sa **implementation**, dahil dito aktwal na isinasagawa ng mag-aaral ang pagsasaayos ng mensahe, at sa **evaluation**, dahil sinusukat kung gaano kahusay nilang na-analyze, na-synthesize, at na-apply ang konsepto ng malinaw at epektibong komunikasyon. Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil gumagamit ang guro ng isang aktibong gawain na nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa proseso ng komunikasyon sa pamamagitan ng pagwawasto at pagpapahusay ng mensahe, na nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip, malinaw na pagpapahayag, at epektibong komunikasyon sa klase. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ng mga mag-aaral ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at*

	Mga Mensahe 1. "report due submit asap" 2. "lab tomorrow bring stuff" 3. "teacher pls check hw" 4. "meeting change location" 1. "don't forget quiz"	*nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.* **Mga Posibleng Sagot** 1. "Pakisumite po ang inyong report sa email bago mag-4 PM ngayong araw. Huwag po kalimutang ilakip ang lahat ng attachments." 2. "Magkakaroon po tayo ng laboratory session bukas. Pakidala po ang inyong lab kit, notebook, at safety goggles." 3. "Maaari po ba ninyong suriin ang aking homework? Natapos ko na po ang lahat ng requirements." 4. "Paalala po: Ang meeting natin ay lilipat sa Conference Room B mula sa nakaraang lokasyon. Salamat po." 5. "Paalala po: May quiz tayo bukas sa Math subject. Mangyaring maghanda at dalhin ang inyong notebook at calculator." May laya ang guro na palitan ang mga magugulong mensahe. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 8*
	Opsiyon B: Anong Say mo? **Panuto:** *Magbigay ng sariling saloobin hinggil sa mga napapanahong anyo ng hindi pagkakaunawaan.* 	**Para sa Opsiyon B: Anong Say mo?** Ang gawaing ito ay nakatuon sa paglinang ng **Critical Thinking and Communication Skills** dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na magsuri ng mga isyung panlipunan, bumuo ng sariling opinyon, at maipahayag ito nang malinaw at lohikal. Ang gawaing ito ay bahagi ng **Design Phase** ng ADDIE Model dahil dito pinaplano ang aktibidad na magpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa konsepto ng komunikasyon sa pamamagitan ng refleksyon at pagpapahayag ng sariling pananaw. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies** dahil hinihikayat*

	1. "Ihiwalay ang Facebook ng matatanda." -Gen Z 2. "Tumataba ka." -Tita 3. "Kailan ka mag-aasawa?" -Lola 4. "Bakit wala ka pang anak?" -Batchmate	*nito ang mga mag-aaral na magpahayag ng sariling opinyon at saloobin tungkol sa mga isyu sa komunikasyon, na nagpapalakas ng kritikal na pag-iisip, malinaw na pagpapahayag, at aktibong pakikilahok sa talakayan.* *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 6) Gawain Bilang 9*
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Opsiyon A: Maramihang Pagpipilian** **Panuto:**Basahin ang bawat sitwasyon. Piliin ang pinakaangkop na sagot na nagpapakita ng malalim na pag-unawa sa proseso, elemento, at konteksto ng komunikasyon. *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1N*	Para sa Opsiyon A: Maramihang Psgpipilian Sa **Maramihang Pagpipilian**, nalilinang ang **critical thinking at problem solving** dahil sinusuri ng mga mag-aaral ang bawat sitwasyon at pinipili ang pinakaangkop na sagot batay sa proseso, elemento, at konteksto ng komunikasyon. Nahuhubog din ang **analytical at decision-making skills** sa paghahambing ng mga pagpipilian, gayundin ang **communication skills** sa pag-unawa at interpretasyon ng mga konseptong pangkomunikasyon. Ang gawaing ito ay nakaangkla sa **ADDIE Model**, partikular sa **implementation**, kung saan isinasagawa ang pagsukat ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong, at sa **evaluation**, dahil natataya ang lalim ng pag-unawa at kakayahang mag-aplay ng konsepto. Mahalaga ito sapagkat nagbibigay ito ng sistematikong paraan upang masukat at mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa **COT Indicator 1.5.2 – Used teaching strategies that promote learners' literacy skills** dahil gumagamit ang*

		guro ng situational analysis na multiple-choice na gawain upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsusuri, at pag-unawa ng mga konseptong pangkomunikasyon sa konteksto ng aktuwal na sitwasyon. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain.* **Tamang Sagot** 1. C 7. B 14. B 2. A 8. A 15. C 3. C 9. C 4. B 10. B 5. C 11. C 6. B 12. B 7. B 13. C
	Opsiyon B: PodTalk **Panuto:** *Gumawa ng podcast na tumatalakay sa alinmang usaping may kinalaman sa komunikasyon. Sundin ang mekaniks sa ibaba:* *Tingnan sa WKAP_LE1_Kalakip Blg. 1N*	Para sa Opsiyon B: **PodTalk** Ang gawaing ito ay nakatuon sa paglinang ng **Communication, Collaboration, Creativity, at Digital Literacy Skills** dahil kinakailangan ng mga mag-aaral na makipagtulungan, bumuo ng malikhaing nilalaman, at gumamit ng teknolohiya upang epektibong maipahayag ang kanilang ideya sa modernong paraan ng komunikasyon. Ang gawaing ito ay kabilang sa **Development Phase** ng ADDIE Model dahil dito isinasagawa at binubuo ng mga mag-aaral ang podcast bilang produktong pangkatapusan ng kanilang pagkatuto sa konsepto ng komunikasyon. *Ang gawaing ito ay nakapaloob sa* ***COT Indicator 3.4.2 – Used effective classroom communication strategies*** *dahil hinihikayat*

		nito ang mga mag-aaral na makipagtalastasan, magsaliksik, at malikhaing magpahayag ng ideya sa pamamagitan ng podcast, na nagpapakita ng epektibong paggamit ng komunikasyon sa makabagong midya. *Tumutugon ito sa pagtamo ng hinimay na kasanayang: Nailalapat ng mga mag-aaral ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyong panlipunan, akademiko, at propesyonal sa pamamagitan ng angkop na halimbawa at gawain.*

VII. PAGNINILAY

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konseptong pangkomunikasyon?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konseptong pangkomunikasyon na may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**

   ____
   ____

2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**

   ____
   ____

3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.**

   ____
   ____

	4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** ____________________ ____________________ 5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** ____________________ ____________________ 6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** ____________________ ____________________

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Mga Kakayahang Komunikatibo**	**Modelong Banghay-Aralin**	7
Manunulat	Joshua A. Ballon, McGay Sanggayan at Lorenz C. Almendras, PhD		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa **Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon at Nailalapat ang mga konseptong pangkomunikasyon sa iba't ibang sitwasyon.** Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang: **Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng kakayahang komunikatibo**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Whyte, Shona. Revisiting Communicative Competence in the Teaching and Assessment of Language for Specific Purposes, 2019. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1290295.pdf. Hymes, Dell. On Communicative Competence, 1972. https://www.scirp.org/reference/referencespapers?referenceid=1198893. Canale, Michael, at Merrill Swain. "Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language Teaching and Testing." Applied Linguistics 1, no. 1 (1980): 1–47. Chomsky, Noam. Aspects of the Theory of Syntax. Cambridge, MA: MIT Press, 1965. Halliday, M. A. K., at Ruqaiya Hasan. Cohesion in English. London: Longman, 1976. Thomas, Jenny. "Cross-Cultural Pragmatic Failure." Applied Linguistics 4, no. 2 (1983): 91–112. *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://drive.google.com/file/d/1VBbM8sI_VzqdapvPMZwRZTU_xhPd3HhK/view?usp=sharing*

<table>
<tr><td>III. NILALAMAN</td><td colspan="2">Mga Kakayahang Komunikatibo</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN</td><td colspan="2">Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng kakayahang komunikatibo.
1. Natutukoy ang kahulugan ng mga kakayahang komunikatibo batay sa mga isinagawang pananaliksik ng mga kilalang iskolar.
2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng kakayahang komunikatibo sa iba't ibang sitwasyong pangwika
3. Nasusuri ang iba't ibang sitwasyong pangwika sa lipunan na ginagamit ang mga kakayahang komunikatibo.
4. Nakalilikha ng isang infomercial/advocacy video hinggil sa paglinang ng wikang Filipino, na nagtataglay ng mga kakahayang komunikatibo.</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman
Opsiyon A: Wika-Usapan
Panuto:
1. Hahatiin ang klase sa dalawang hanay. Magkakaroon ng mabilisang pag-uusap kung saan bawat pares ay bibigyan lamang ng 1 minuto sa bawat round upang mag-usap.
2. Sa bawat round, magbabago ang antas at sitwasyon na dapat nilang gampanan:
● Round 1 (Intrapersonal): Self-talk bago ang isang job interview.
● Round 2 (Interpersonal): Pakikipag-ayos sa isang kaibigang nagtatampo.
● Round 3 (Pampubliko): Pagkumbinsi sa mga kaklase na suportahan ang isang adbokasiya.
3. Pagkatapos, pipili ng ilang mag-aaral upang ibahagi: "Paano nagbago ang iyong paraan ng pagsasalita (uri) at pagpili ng salita sa bawat round?"

Opyiyon B: Wika-Balangkas
Panuto:
1. Magpapakita ang guro ng isang maikling video clip o isang script ng isang pag-uusap na nauwi sa hindi</td><td>Para sa Opsiyon A:
Wika-Usapan
• Layunin nito na mailapat ang antas at kahalagahan ng komunikasyon sa iba't ibang konteksto.

Sa pamamagitan ng gawaing ito na nakabatay sa ADDIE, nalilinang sa mga mag-aaral ang iba't ibang kasanayang pangkomunikatibo tulad ng kakayahang umangkop sa iba't ibang sitwasyon (intrapersonal, interpersonal, at pampubliko), wastong pagpili ng salita at tono, at epektibong pakikipag-ugnayan.

Para sa Opsiyon B:
Wika-Balangkas</td></tr>
</table>

	pagkakaunawaan (halimbawa: maling akala sa text message o ingay sa paligid habang nag-uusap). 2. Sa tulong ng isang graphic organizer, dapat matukoy ng mga mag-aaral ang sumusunod: ● **Tagahatid at Tagatanggap:** Sino ang mga sangkot? ● **Mensahe:** Ano ang orihinal na intensiyon? ● **Tsanel:** Paano ipinadala ang mensahe? ● **Sagabal:** Ano ang mga naging hadlang?  *(Dito papasok ang uri at antas ng komunikasyon).* 2. Paglalahad ng Layunin Opsyon A: **Post, Comment, at Share** Panuto: Magpakita sa screen ng dalawang magkaibang "Facebook Post" o "TikTok Comment Thread" (maaaring gawa-gawa lang o totoong viral posts): **Post A:** Isang post na pormal at tama ang gramar pero bastos o hindi angkop ang tono sa sitwasyon (halimbawa: isang seryosong sakuna pero nag-joke ang nag-post).	Ang gawaing **Wika-Balangkas** ay isang interaktibong pagsusuri kung saan pinanonood o binabasa ng mga mag-aaral ang isang sitwasyong may hindi pagkakaunawaan, at pagkatapos ay ginagamit ang graphic organizer upang tukuyin ang mahahalagang elemento ng komunikasyon tulad ng tagahatid, tagatanggap, mensahe, tsanel, at mga sagabal. • Layunin nito na mabalikan ang mga elemento at proseso ng komunikasyon sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang problemadong sitwasyon. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 1* Para sa Opsiyon A: **Post, Comment, at Share** ● Halimbawa sa *Post A* ay mga larawang in-*upload* ng DILG kapag may nationwide na suspensiyon ng klase. Samantala, sa *Post B* mga content ni Kong. Chel Diokno.

	Post B: Isang post na gumagamit ng balbal (slang) o sariling wika pero napaka-epektibo ng mensahe at maraming "likes" at positibong tugon dahil nakuha ang kiliti ng madla. **Ang Hamon sa Mag-aaral:** Sa loob ng 2 minuto, paghambingin ang dalawa gamit ang isang tanong: 1. Sino sa dalawa ang mas komunikatibo (hindi lang mas magaling mag-Ingles o Tagalog, kundi mas epektibong nakapaghatid ng mensahe)? Bakit?" Pagkatapos ng maikling diskusyon sa kanilang sagot, gamitin ito para ipakilala ang mga layunin: 1. Para sa Layunin 1 & 2 (Kahulugan at Kahalagahan): "Nakita ninyo sa Post B, kahit hindi 'pormal' ang wika, nagtagumpay siya. Ayon sa mga iskolar, ang tawag dito ay Kakayahang Komunikatibo. Hindi lang ito tungkol sa 'gramatika,' kundi sa pag-alam kung 'paano' at 'kailan' sasabihin ang isang bagay. Ito ang ating aalamin ngayon." 2. Para sa Layunin 3 (Pagsusuri sa Lipunan): "Sa araw-araw nating pag-scroll sa social media, marami tayong nakikitang sitwasyong pangwika. Susuriin natin sa klase kung bakit ang ibang post ay nagiging 'viral' at ang iba naman ay nagreresulta sa 'bashers' o away dahil sa kakulangan sa kakayahang ito." 3. Para sa Layunin 4 (Paglikha ng Infomercial): "Dahil eksperto na kayo sa pagkilala ng 'epektibong post,' ang huling hamon ko sa inyo: Kayo naman ang gagawa. Gagamitin ninyo ang kakayahang ito para sa isang Infomercial/Advocacy Video. Layunin nating ipakita sa lahat kung paano dapat linangin at gamitin ang ating sariling wika nang may diskarte at talino."	*Pagkatapos ng gawain banggitin ang mga Pantawid na Pahayag sa* *Pagkatapos ng Pagbabalik-Tanaw maaaring sabihin:* *“Ngayong bihasa na kayo sa naunang paksa, tatalakayin naman nating ang panibagong paksa hinggil sa Mga Kakayahang Komunikatibo. Upang matamo ang pagkatuto sa paksa narito ang mga layunin...* Para sa Opsiyon B: **Pagpapakilala ng Layunin** Sa bahaging ito ay lilinawin ang tunguhin ng kasanayan na tutugon sa pangkabuoang kasanayang pampagkatuto na: Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng kakayahang komunikatibo.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Opsiyon B: Pagpapakilala ng Layunin
Mga Layunin:
1. Natutukoy ang kahulugan ng mga kakayahang komunikatibo batay sa mga isinagawang pananaliksik ng mga kilalang iskolar.
2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng kakayahang komunikatibo sa iba’t ibang sitwasyong pangwika
3. Nasusuri ang iba’t ibang sitwasyong pangwika sa lipunan na ginagamit ang mga kakayahang komunikatibo.
4. Nakalilikha ng isang infomercial/advocacy video hinggil sa paglinang ng ating mga sariling wika, na nagtataglay ng ilan sa mga kakahayang komunikatibo.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>1. Paglalahad ng Halimbawa
Opsiyon A: Social Media Fact-Check
Panuto:
a. Ipakita ang isang kasalukuyang Viral Advocacy Post o isang Public Apology Video mula sa isang sikat na influencer o politiko na tinuligsa o naging kontrobersiyal.
b. Ipasuri sa kanila ang sumusunod:

● Bakit kahit 'grammatically correct' ang pahayag ay hindi ito tinanggap ng publiko?
● Paano ginamit ang wika upang makuha ang simpatiya ng mga tao?

Pamprosesong Tanong:
1. Anong mga elemento ng lipunan (kultura, konteksto, o damdamin) ang hindi naisama ng ispiker sa kanyang pahayag?
____
____
2. Kung ikaw ang gagawa ng isang Advocacy Video para sa sariling wika, paano mo gagamitin ang iyong salita upang hindi ka lang "maintindihan" kundi "mapaniwala" ang mga tao?</td>
<td>Para sa Opsiyon A:
Social Media Fact-Check
Ang gawaing Social Media Fact-Check ay isang kritikal na pagsusuri kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang isang viral na post o video upang maunawaan kung bakit hindi ito tinanggap ng publiko kahit tama ang gramatika, at kung paano ginamit ang wika upang makahikayat ng simpatiya. Sa pamamagitan ng mga gabay na tanong, napalalalim ang kanilang pag-unawa sa ugnayan ng wika, konteksto, at damdaming panlipunan, at nahahasa ang kanilang kakayahang gumamit ng wika.

Para sa Opsiyon B:
Emote-Suri</td>
</tr>
</table>

	______________________________ ______________________________ **Opsiyon B: Emote-Suri** Panuto: Mabilisang isadula ang dalawang magkaibang paraan ng paghingi ng tulong sa Barangay Hall para kumuha ng dokumento o mag-*claim* ng ayuda. **Sitwasyon 1**: Isang taong napakagaling mag-Ingles at pormal, pero galit at naninigaw sa staff ng barangay. **Sitwasyon 2:** Isang taong gumagamit ng simpleng wikang Filipino/Lokal, maayos ang tono, at marunong makisama sa kausap. **Pamprosesong Tanong:** 1. Sino sa dalawa ang mas mabilis na mapagsisilbihan o matutulungan? Bakit? 2. Sa tingin niyo, sapat na bang "magaling" ka lang magsalita o dapat alam mo rin kung "paano" ka makikipag-usap sa kapuwa? 2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Kahulugan ng Kakayahang Komunikatibo** Kakayahan ng isang indibidwal na gamitin ang wika hindi lamang sa pagkontrol ng lingguwistikong porma, kundi maging ang kamalayan sa mga tuntunin sa paggamit nito batay sa iba't ibang konteksto (Hymes, 1972). Tinitingnan ito bilang mas kompleks na kakayahang pangwika na na nakatuon sa kapasidad na makipag-usap nang maaayos, hindi bilang hiwalay kundi naka-ugnay sa iba pang kognitibong (at maaari ding motibasyonal at emosyonal) proseso, at kaalinsabay ng iba pang paraan ng komunikasyon (O'Grady, 2008 banggit kay Vorwerg, 2006).	Ang gawaing **Emote-Suri** ay isang role-playing activity kung saan isinasadula ng mga mag-aaral ang dalawang magkaibang paraan ng pakikipag-usap sa isang opisyal na sitwasyon, upang maipakita na hindi lamang husay sa wika kundi pati tono, asal, at pakikitungo ang nakaaapekto sa epektibong komunikasyon. *Tala:* ● *Ang talakay ay maaaring hatiin sa dalawa o tatlong araw upang matugunan ang attention span ng mga mag-aaral. Maaari ding magsingit ng maiikling gawain sa bawat sesyon ng talakay.* *Dito matatamo ang Kasanayan 1 at 2: Natutukoy ang kahulugan ng mga kakayahang komunikatibo batay sa mga isinagawang pananaliksik ng mga kilalang iskolar; Naipaliliwanag ang kahalagahan ng kakayahang komunikatibo sa iba't ibang sitwasyong pangwika*

	Mga Uri ng Kakayahang Komunikatibo **Kakayahang Lingguwistika** ● Ayon kay Noam Chomsky (1965), ito ang abstrak na kaalaman ng isang tao sa sistema ng mga tuntunin ng kaniyang wika (ponolohiya, morpolohiya, sintaks). Ito ang kakayahang makabuo ng mga pangungusap na tama ang gramatika. Halimbawa: Sa halip na sabihing *"Kain ako kanin bukas,"* ginagamit ng isang estudyante ang tamang pandiwa at aspekto: *"Kakain ako ng kanin bukas."* Alam niya kung kailan gagamitin ang "ng" sa halip na "nang." **Kakayahang Diskorsal** ● Ito ang kakayahang pagsama-samahin ang mga pangungusap upang makabuo ng isang tuloy-tuloy at lohikal na pahayag (cohesion at coherence). Ito ay ang pagtiyak na ang mga idea ay magkakaugnay sa isang teksto o usapan (Halliday, 1976). Halimbawa: Sa pagsulat ng isang sanaysay, gumagamit ang manunulat ng mga transitional devices tulad ng "Gayunpaman," "Samakatuwid," at "Bilang kongklusyon" upang hindi maging sabog ang mga idea at madaling masundan ng mambabasa ang daloy ng argumento. **Kakayahang Estratehiko** ● Ayon kina Canale at Swain, ito ang mga diskarte (verbal o non-verbal) na ginagamit ng isang tao upang punan ang mga hinto o kamalian sa komunikasyon. Ginagamit ito kapag hindi maalala ang isang salita o kapag nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan. Halimbawa: Isang turista ang hindi alam ang Tagalog ng salitang "umbrella." Ginamit niya ang kumpas ng kamay (gestures) na tila may binubuksan sa ibabaw ng ulo at sinabing, "Yung ginagamit	Upang mas mapangibabaw ng guro ang talakayan tungkol sa Kakayahang Pragmatiko, mahalagang ilipat ang pokus mula sa “tamang gramatika” tungo sa “tamang kahulugan sa konteksto” sa pamamagitan ng mga aktibong gawain tulad ng role-play, situational analysis, at pag-aaral ng mga real-life na halimbawa ng hindi direktang pahayag. Ang Kamalayang Kultural at Integrasyong Sosyal ay maaaring bigyang-diin ng guro sa pamamagitan ng pag-uugnay ng wika sa tunay na karanasan ng pakikisalamuha sa iba’t ibang kultura, kung saan mahalaga ang kakayahang sosyolingguwistiko ayon sa Common European Framework of Reference for Languages (CEFR) upang maging sensitibo sa kultura at maiwasan ang hindi angkop na pahayag. Para sa Opsiyon A: **Wika-Bihasa** Ang **Wika-Bihasa** ay isang simulative debate activity kung saan hinahati ang klase sa iba’t ibang grupo na

	kapag umuulan," hanggang sa naintindihan ng tindera na "payong" ang hinahanap niya. **Kakayahang Sosyolingguwistiko** ● Batay sa modelo nina Canale at Swain (1980), ito ang kakayahang gamitin ang wika nang may kaangkupan (appropriateness) ayon sa kontekstong panlipunan. Isinasaalang-alang nito ang ugnayan ng mga nag-uusap at ang pormalidad ng sitwasyon. Halimbawa: Ang isang empleyado ay gumagamit ng magalang na pananalita gaya ng "Magandang umaga po, Sir," sa kaniyang boss, ngunit gumagamit ng kolokyal na salita gaya ng "Uy, 'pre! Kamusta?" kapag kausap ang matalik na kaibigan sa labas ng opisina. **Kakayahang Pragmatiko** ● Ayon kay Jenny Thomas (1983), ito ang kakayahang maiparating ang mensahe nang may tamang intensiyon at maunawaan ang nais ipahiwatig ng kausap kahit hindi ito direktang sinasabi. Nakatuon ito sa "illocutionary force" o ang tunay na kahulugan sa likod ng mga salita. Halimbawa: Habang kumakain, sinabi ni Maria kay Juan, "Ang layo naman ng asin." Sa halip na sumagot si Juan ng "Oo nga," inabot niya ang asin kay Maria dahil naunawaan niyang ang pahayag ay isang pakiusap (request) at hindi lamang isang obserbasyon. **Mga Kahalagahan ng Kakayahang Komunikatibo** **Maiiwasan ang Hindi Pagkakaintindihan** ● Ayon kay Thomas (1983), ang pagkakaroon ng kakayahang pragmatiko ay kritikal upang maiwasan ang maling interpretasyon. Hindi sapat na tama ang gramatika; dapat ay makuha ng tagapakinig ang tamang "intent" ng nagsasalita.	kumakatawan sa magkakaibang panlipunang sektor upang pagtalunan ang isang napapanahong isyu gamit ang angkop na rehistro ng wika at papel sa komunikasyon. Sa pamamagitan nito, nahahasa ang kakayahang sosyolingguwistiko, diskorsal, at pragmatiko ng mga mag-aaral habang natututuhan nilang gumamit ng wika ayon sa kanilang tungkulin, layunin, at konteksto sa lipunan. Para sa Opsiyon A: **Wika-Lapat** Ang **Wika-Lapat** ay isang kritikal na pagsusuri ng mga tunay na social media posts na maaaring naglalaman ng maling impormasyon o lohikal na kamalian, kung saan sinusuri ng mga mag-aaral ang layunin, lohikal na daloy ng ideya, at angkop na paraan ng pagtugon sa impormasyon. Sa pamamagitan nito, nahahasa ang kanilang kakayahang pragmatiko, diskorsal, at estratehiko habang natututuhan nilang maging mapanuri sa nilalaman ng media at maingat sa paggamit ng

	• Binabawasan nito ang tensiyon sa pagitan ng mga tao dahil nauunawaan ang mga "implied meanings" o pahiwatig, lalo na sa kulturang Pilipino na mahilig sa *indirect communication.* **Pagpapataas ng "*Employability*** • Sa pag-aaral nina Bachman at Palmer (2010), ang *Language Ability* ay direktang may ugnayan sa tagumpay sa trabaho. Ang kakayahang diskorsal at sosyolingguwistiko ay mahalaga sa pagbuo ng mga ulat at pakikipagnegosasyon. • Ang isang empleyadong marunong makiangkop sa register ng wika (pormal vs. impormal) ay mas madaling nakakakuha ng tiwala ng kliyente at mga boss. **Kamalayang Kultural at Integrasyong Sosyal** • Batay sa *Common European Framework of Reference for Languages* (CEFR), ang kakayahang sosyolingguwistiko ay susi sa pakikihalubilo sa iba't ibang kultura. • Nagiging "culturally sensitive" ang isang tao. Alam niya ang mga taboo o bawal na salita sa isang lugar, kaya mas madali siyang tinatanggap sa isang bagong komunidad o bansa. **Pagkakaroon ng *Communicative Resilience*** • Ayon sa pananaliksik nina Canale at Swain (1980), ang kakayahang estratehiko ay nagsisilbing "safety net" o salbabida sa komunikasyon. • Hindi nawawalan ng tiwala sa sarili ang isang tao kapag nakalimutan niya ang isang salita. Nagagawa niyang ituloy ang daloy ng usapan gamit ang ibang paraan (paraphrasing o gestures), na mahalaga sa mga *emergency o high-pressure* na sitwasyon. **Pagpapaunlad ng Kritikal na Pag-iisip at Lohikal na Pagpapahayag**	wika sa pakikipag-ugnayan sa iba, lalo na sa sensitibong usaping panlipunan. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 2*

- Ang kakayahang diskorsal, ayon sa teorya ni Michael Halliday (1976), ay tumutulong sa isang tao na mag-organisa ng masalimuot na idea.

Nagiging mas malinaw at mapanghikayat (persuasive) ang isang tao sa pagpapahayag ng kaniyang opinyon. Ang lohikal na daloy ng mga pangungusap ay tanda ng isang organisadong pag-iisip, na mahalaga sa paggawa ng mga desisyon.

3. Paglinang ng Kabihasaan
Opsiyon A: Wika-Bihasa
Panuto:

1. Magtakda ng isang mainit na isyu (halimbawa: *Jeepney Modernization Program* o *Pagtaas ng Presyo ng Bilihin*).
2. Hatiin ang klase sa tatlong grupo na may magkakaibang tungkulin:
    - **Grupo A (Mga Driver/Magsasaka):** Gagamit ng wikang madaling intindihin, puno ng emosyon, at praktikal na karanasan.
    - **Grupo B (Mga Kinatawan ng Gobyerno):** Gagamit ng pormal na *register*, teknikal na termino (Linguistic), at lohikal na depensa (Discursive).
    - **Grupo C (Mga Moderator/Media):** Titiyak na maayos ang daloy ng usapan at magtatanong ng mga kritikal na tanong "**critical questions**" upang mailabas ang tunay na intensiyon (Pragmatic) ng magkabilang panig.

Pamprosesong Tanong:
Sa anong paraan nagbago ang iyong pananaw sa paggamit ng wika matapos mong makita ang epekto nito sa mga usaping panlipunan?
____
____
____
____
____

	Opsiyon B: Wika-Lapat **Panuto:** 1. Magpakita ng mga tunay na halimbawa ng "Social Media Posts" (maaaring mga balita, *memes*, o *quotes* mula sa mga politiko) na may halong maling impormasyon o *logical fallacies*. 2. Susuriin ng mga mag-aaral ang sumusunod: ● **Pragmatiko:** Ano ang tunay na layunin ng nag-post? (Mang-aliw? Manira? O maghasik ng takot?) ● **Diskorsal:** May lohikal ba ang pagkakasunod-sunod ng mga ebidensiya sa post? ● **Estratehiko:** Paano mo ipaliliwanag sa isang kamag-anak o kaibigan na "fake news" ang kanilang shinare sa paraang hindi sila mapapahiya o magagalit? (Gumamit ng *politeness strategies*). **Pamprosesong Tanong:** Sa anong paraan nagbago ang iyong pananaw sa paggamit ng wika matapos mong makita ang epekto nito sa mga usaping panlipunan? ____ ____ ____ ____ ____	
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: Infomercial Video – "Ating Wika, Ating Yaman"** *Panuto:* Pangkatin ang Klase, depende sa dami. **1. Pagbuo ng Grupo** Hatiin ang klase sa **4–5 mag-aaral bawat grupo**. Bawat grupo ay gagawa ng isang **infomercial video**. **2. Pagpaplano ng Konsepto**	Opsiyon A: **Infomercial Video – "Ating Wika, Ating Yaman"** Ang layunin ng gawain ay hikayatin ang mga mag-aaral na maipakita at mapahalagahan ang sariling wika habang pinapahusay ang kanilang kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng paggawa ng infomercial video. Naiuugnay

	Mag-isip ang grupo ng **tema o sitwasyon** na magpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng sariling wika. **Halimbawa ng ideya:** • Paggamit ng wikang Filipino sa social media • Pagpapahalaga sa katutubong wika sa komunidad • Kabataan na hinihikayat ang kapuwa kabataan na gamitin ang sariling wika • Pag-uusap ng pamilya tungkol sa kahalagahan ng wika **3. Pagbuo ng Script at Storyboard** Gumawa ng **maikling script at plano ng eksena** bago mag-video. **Halimbawa ng Storyboard:** **Eksena** — **Nilalaman** Eksena 1 — Magkaibigang nag-uusap tungkol sa paggamit ng ibang wika Eksena 2 — Ipinapaliwanag kung bakit mahalaga ang sariling wika Eksena 3 — Halimbawa ng paggamit ng sariling wika sa araw-araw Eksena 4 — Mensahe o slogan ng kampanya **4. Paglalapat ng Kakayahang Komunikatibo sa Video** Siguraduhing makikita sa video ang sumusunod: **Lingguwistiko** ✔ Wastong paggamit ng salita at balarila sa diyalogo. **Sosyolingguwistiko** ✔ Angkop ang pananalita sa kausap (hal. kabataan, guro, komunidad).	ito sa ADDIE Model dahil nagsisimula sa pagsusuri ng layunin at audience (Analysis), pagpaplano ng tema at storyboard (Design), paggawa ng script at video (Development), pagpapalabas ng infomercial (Implementation), at pagsusuri ng kakayahang komunikatibo sa video (Evaluation). Sa IDF, nakatuon ito sa engagement ng mag-aaral, malinaw na learning objectives, malikhaing instructional strategies, at assessment ng video bilang produkto ng natutuhan. *Dito matatamo ang Kasanayan 4: Nakalilikha ng isang infomercial/advocacy video hinggil sa paglinang ng ating mga sariling wika, na nagtataglay ng ilan sa mga kakahayang komunikatibo.* Opsiyon B: **Wikang Buhay: Kuwento sa Bawat Slide** Ang layunin ng gawain ay hikayatin ang mga mag-aaral na ipakita ang kahalagahan ng sariling wika sa pamamagitan ng malikhaing paraan gamit ang animated o slideshow advocacy video. Naiuugnay ito sa **ADDIE Model** dahil nagsisimula sa pagpaplano ng tema at target

	Pragmatiko ✔ May malinaw na layunin ang mensahe: **hikayatin ang paggamit ng sariling wika**. **Diskorsal** ✔ Organisado ang daloy ng mensahe mula **simula hanggang wakas**. **Estratehiko** ✔ Gumamit ng malikhaing paraan tulad ng: • slogan • tanong sa audience • dramatization • visual text o subtitle **5. Pagkuha ng Video** Maaaring gamitin ang: • cellphone • tablet • simpleng editing apps **Haba ng Video:** 1–2 minuto lamang. **6. Pagpapalabas ng Video** Ipalabas sa klase ang bawat infomercial video. Pagkatapos, tukuyin ng klase kung **anong kakayahang komunikatibo** ang nakita sa video. **Opsiyon B: Wikang Buhay: Kuwento sa Bawat Slide** *Panuto:* Pangkatin ang klase depende sa dami at gumawa ng Animated o *Slideshow Advocacy Video.* Narito ang isang halimbawa ng *Slideshow Advocacy Video.* https://www.youtube.com/shorts/_FDhLc-0_aU	audience (Analysis at Design), paggawa ng storyboard at slides (Development), pagdaragdag ng voice-over at animation (Implementation), at pagsusuri kung malinaw at epektibo ang mensahe bago ibahagi (Evaluation). Sa **IDF**, pinapalakas nito ang engagement ng mag-aaral, malinaw ang learning objectives, ginagamit ang angkop na instructional strategies tulad ng visuals at narration, at may assessment batay sa kalidad at bisa ng video bilang advocacy tool. Opsiyon A: **Sentence remix challenge** Ang layunin ng "Sentence Remix Challenge" ay paunlarin ang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtukoy at pagwawasto ng maling balarila upang maging malinaw at gramatikal ang pangungusap. Naiuugnay ito sa ADDIE Model dahil nagsisimula sa pagsusuri ng pangungusap (Analysis), pagpaplano ng wasto nitong estruktura (Design), aktuwal na pagwawasto (Development), pagpapakita at pagpapaliwanag ng

	Hakbang sa Paggawa ng Animated/Slideshow Advocacy Video
	
	1. Planuhin ang Video
	• **Tema/Mensahe:** Halimbawa, "Bakit mahalaga ang sariling wika?" o "Tips para gamitin at ipagmalaki ang sariling wika."
	• **Target Audience:** Kabataan, kaklase, o social media viewers.
	• **Content:** Gumawa ng listahan ng facts, slogans, o tips na gusto mong ipakita.
	2. Gumawa ng Storyboard (Simpleng Plano)
	• Hatiin ang video sa **3–5 slides**:
	  1. Simula – Ipakilala ang paksa.
	  2. Gitna – Ipakita ang facts o tips.
	  3. Wakas – Call-to-action o encouraging message.
	• Isulat sa bawat slide kung anong text, image, o animation ang ilalagay.
	3. Pumili ng Tool
	• **PowerPoint:** Madaling gumawa ng slides at mag-add ng animations.
	• **Canva:** May template na para sa animated videos, drag-and-drop lang.
	• **Kapwing:** Online tool para sa video/slideshow at voice-over.
	4. Gumawa ng Slides
	• **Text:** Gumamit ng malinaw at madaling basahin na font.
	• **Images/Graphics:** Puwede stock images o icons.
	• **Animation/Transition:** Ilagay sa bawat slide para mas engaging.
	5. Magdagdag ng Voice-over
	• I-record ang sarili mo habang nagbabasa o nagpapaliwanag ng text sa slides.
	• Puwede rin maglagay ng *background music* (soft lang para hindi makaistorbo sa narration).
	6. I-export ang Video
	• Sa PowerPoint: "Export → Create a Video."
	• Sa Canva/Kapwing: "Download → MP4 Video."
		pagbabago (Implementation), at pagsusuri sa bisa ng pagbabago gamit ang feedback (Evaluation).
		Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 3
		
		Opsiyon B: **Role-Play Text (Sosyolingguwistiko)**
		Ang layunin ng gawain na Role-Play Text (Sosyolingguwistiko) ay maipakita at mapraktis ng mga mag-aaral ang angkop na paggamit ng wika batay sa kausap, kabilang ang tono, salita, at pormalidad. Naiuugnay ito sa ADDIE Model dahil nagsisimula sa pagpili ng sitwasyon at pagsusuri kung sino ang kausap (Analysis), pagpaplano ng dialogue at estilo ng pananalita (Design), paggawa ng maikling chat para sa kaibigan at guro (Development), aktuwal na pagpresenta o pag-record ng dialogue (Implementation), at pagsusuri ng pagkakaiba sa tono, salita, at pormalidad upang matiyak ang wastong paggamit ng wika (Evaluation).
		
		Opsiyon A: **Ayusin ang Kuwento**

	• Target length: 1–2 minuto. **7. I-review at I-share** • Siguraduhin malinaw ang mensahe at madaling sundan. • Ipakita sa klase o i-upload online. 2. Paglalahat **Opsiyon A: Sentence remix challenge** *Panuto:* Magbibigay ang guro ng isang pangungusap na may halong tama at maling balarila. Ayusin ang pangungusap upang maging gramatikal at wasto, at ipaliwanag kung bakit mo ito binago. **Mga pangungusap na may maling balarila.** 1. Juan kumain ng saging habang naglalaro siya sa labas. 2. Ako gusto pumunta sa party bukas kung maaga. 3. Sina Ana at Maria nag-aral sa library pero sila nakalimutan ng libro nila. 4. Umiyak ang bata dahil sa nasira kanyang laruan at siya malungkot. 5. Naglakad kami sa parke pagkatapos ay bumili ng ice cream at kami masaya. **Halimbawa:** "Si Maria nagpunta sa mall kahapon siya masaya." **Sagot:** "Si Maria ay nagpunta sa mall kahapon at siya ay masaya." **Paliwanag:** Idinagdag ang *ay* at *at* upang maging tama ang estruktura at malinaw ang diwa. **Opsiyon B: Role-Play Text (Sosyolingguwistiko)** *Panuto:* Gumawa ng maikling dialogue (3–5 linya) na ipadadala sa isang kaibigan sa chat at isa sa guro. Tukuyin ang pagkakaiba sa **tono, salita**, at **pormalidad** batay sa kausap (informal vs. formal).	Ang gawain na "Ayusin ang Kuwento" ay naglalayong hasain ang kakayahang bumuo ng maayos at magkakaugnay na kuwento, pati na rin ang lohikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang gawain ay nauugnay sa IDF at ADDIE Model dahil sumusunod ito sa hakbang ng pagsusuri, pagdidisenyo, paggawa ng materyales, pagpapatupad, at ebalwasyon, upang matiyak na natututo ang mag-aaral sa tamang pagkakasunod-sunod ng pangyayari. Sa ganitong paraan, naipakikita ang kombinasyon ng diskorsal na kakayahan at kritikal na pag-iisip. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 4* Opsiyon B: **Tumpak o Sablay** Ang layunin ng gawain ay matutunan ng mga mag-aaral na kilalanin kung tama o mali ang isang pahayag sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbibigay ng tamang sagot. Naiuugnay ito sa ADDIE Model sa pamamagitan ng Analysis, kung saan tinutukoy ang pangangailangan ng mag-aaral; Design, sa pagbuo ng maayos na panuto at

	Hakbang sa paggawa 1. **Pumili ng sitwasyon** **Halimbawa**: Pag-anyaya sa pagtitipon, paghingi ng tulong sa project, o pagpapaliwanag sa dahilan ng hindi pagpasok. 2. **Gumawa ng dialogue para sa kaibigan (informal)** ○ Gamitin ang mga salita at tono na komportable sa kaibigan. ○ Maaaring gumamit ng slang o shortcut sa chat. **Halimbawa:** "Hoy! Tara sa park mamaya! Magdadala ako ng bola." 3. **Gumawa ng dialogue para sa guro (formal)** ○ Gamitin ang magalang at maayos na wika. ○ Iwasan ang slang o sobrang paikot-ikot na salita. **Halimbawa:** "Magandang hapon po, Ma'am. Maaari po ba akong sumali sa activity sa park mamaya?" 4. **Tukuyin ang pagkakaiba** ○ **Tono:** Mas casual sa kaibigan, mas magalang sa guro. ○ **Salita:** Mas maikli at simple sa kaibigan, mas kumpleto at pormal sa guro. ○ **Pormalidad:** Informal vs. formal, ayon sa relasyon sa kausap. 3. Pagtataya **Opsiyon A: Ayusin ang Kuwento** *Panuto:* Ang mga pangungusap sa ibaba ay hindi nakaayos. Ayusin ang mga ito upang makabuo ng maayos at magkakaugnay na kuwento. Isulat ang tamang pagkakasunod-sunod (1–10). **Mga Pangyayari** 1. Kinahapunan, sa kanilang klase sa Filipino, pinapagawa sila ng presentasyon tungkol sa isang isyu sa lipunan. Habang nasa unahan ng klase, nagsalita si Marco at	pahayag; Development, sa paggawa ng aktwal na gawain; Implementation, sa pagsasagawa ng pagsusulit; at Evaluation, sa pagtukoy kung natutunan ng mag-aaral ang konsepto sa pamamagitan ng tamang pagmarka ng "TUMPAK" o "SABLAY." *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 5* Opsiyon A: **Iisang Mensahe, Iba't Ibang Ka-usap** Ang layunin ng gawain ay matutuhan ng mag-aaral kung paano iangkop ang tono at salita depende sa kausap para sa epektibong komunikasyon. Naiuugnay ito sa ADDIE Model sa pamamagitan ng Analysis (tukoy ang pangangailangan), Design at Development (paghanda ng sitwasyon at halimbawa), Implementation (pagsagot ng mag-aaral), at Evaluation (pagtukoy kung tama ang napiling pahayag). *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 6* Opsiyon B: **Quick Fix Miscommunication**

	ipinaliwanag ang kanyang ideya tungkol sa responsableng paggamit ng social media. 2. Sa isang group chat ng kanilang barkada, nagpadala si Marco ng mensahe na nagdulot ng kalituhan dahil sa mahinang signal at hindi agad naintindihan ng iba ang kanyang ibig sabihin. 3. Sa umaga bago ang pagsusulit, kinausap ni Marco ang kanyang sarili upang palakasin ang loob at mag-focus sa pagre-review. 4. Nakasalubong ni Marco ang kaklase niyang si Liza na may tampo sa kanya dahil sa hindi pagkakaintindihan sa group project, kaya mahinahon niya itong kinausap upang ayusin ang kanilang problema. 5. Sa huli, pauwi na si Marco ay napaisip siya na mahalaga hindi lamang ang pagsasalita kundi ang tamang paraan, oras, at sitwasyon ng pakikipagkomunikasyon. **Wastong sagot:** 1. 3 2. 1 3. 4 4. 2 5. 5 **Opsiyon B: Tumpak o Sablay** *Panuto:* Basahin ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay tama at kung **MALI** naman isulat ang tamang salita sa tanong. 1. Ang kakayahang lingguwistiko ay tumutukoy sa wastong paggamit ng balarila, baybay, at estruktura ng pangungusap. 2. Bahagi ng kakayahang lingguwistiko ang paggamit ng angkop na tono kapag nakikipag-usap sa iba't ibang tao. 3. Iisang paraan lamang ang dapat gamitin sa pakikipag-usap kahit sino pa ang kausap.	Ang layunin ng gawain ay matutuhan ng mag-aaral na tukuyin at ayusin ang hindi pagkakaintindihan sa online na komunikasyon gamit ang angkop na estratehiya. Naiuugnay ito sa ADDIE Model sa pamamagitan ng Analysis (pagtukoy sa problemang komunikatibo), Design at Development (paghanda ng scenario at solusyon), Implementation (pagsasagawa ng gawain), at Evaluation (pagtukoy kung epektibo ang solusyon). Sa IDF (Instructional Design Framework), sinusuportahan nito ang learning outcome na pagpapalakas ng strategic at pragmatic communication skills, dahil natututo ang mag-aaral kung paano mag-react at mag-ayos ng miscommunication sa tunay na sitwasyon. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 7) Gawain Bilang 7*

	4. Ang paggamit ng “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa nakatatanda ay halimbawa ng sosyolingguwistikong kakayahan. 5. Ang kakayahang pragmatiko ay tumutukoy sa pag-unawa sa kahulugan ng mensahe batay sa konteksto ng sitwasyon. 6. Kapag sinabi ng guro na “Mukhang mainit dito sa silid,” maaaring ibig niyang ipahiwatig na buksan ang bintana o bentilador. 7. Ang kakayahang diskorsal ay tumutukoy sa pag-uugnay ng mga pangungusap upang makabuo ng malinaw at organisadong idea. 8. Hindi mahalaga ang pagkakasunod-sunod ng mga idea sa isang kuwento o talata. 9. Ang kakayahang estratehiko ay ginagamit kapag naghahanap ng paraan upang maipagpatuloy ang komunikasyon kahit may kahirapan o kakulangan sa salita. 10. Kapag nakalimutan ang isang salita, mas mabuting tumigil na lamang sa pagsasalita. **Sagot** 1. **Tama** **6. Tama** 2. **Mali** **7. Tama** 3. **Mali** **8. Mali** 4. **Tama** **9. Tama** 5. **Tama** **10. Mali** 4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: Iisang Mensahe, Iba’t Ibang Ka-usap** *Panuto:* Basahin ang sitwasyon. Isulat kung paano ka makikipag-usap gamit ang pormal at di-pormal na pahayag. **Halimbawa:** **Sitwasyon:** Hihingi ka ng pahintulot na lumabas. **Sa kaibigan (Di-pormal) :** Uy, tara, lumabas tayo mamaya, game ka?	

Sa magulang (Pormal): Ma, puwede po ba akong lumabas mamaya?

1. Sitwasyon: Hihiram ka ng ballpen.
Sa kaibigan (Di-pormal): ___________________________
Sa Kaklase (Pormal): __________________________
2. Sitwasyon: Magtatanong ka tungkol sa takdang-aralin.
Sa kaibigan (Di-pormal): ___________________________
Sa guro (Pormal): ___________________________
3. Sitwasyon: Nahuhuli ka sa pagdating.
Sa kaibigan: ___________________________
Sa magulang: ___________________________
4. Sitwasyon: Magpapasalamat ka sa tulong.
Sa kaibigan (Di-pormal): ___________________________
Sa nakatatanda (Pormal): ___________________________
5. Sitwasyon: Hihingi ka ng tulong sa paggawa ng proyekto.
Sa kaibigan (Di-pormal): ___________________________
Sa guro (Pormal): ___________________________

Opsiyon B: Quick Fix Miscommunication
Panuto:

1. Bigyan ng isang maikling online miscommunication scenario (hal. maling chat, vague email).
2. Magbigay ng 2–3 simpleng solusyon (clarify, repeat, polite phrasing).
3. Ipaliwanag kung bakit epektibo ang solusyon.

Halimbawa:
Sample Scenario:
Nakakuha ka ng chat mula sa kaklase:
"Sige, gawin mo na lang mamaya 🙄"
Hindi mo alam kung gusto niya talagang gawin mo ito mamaya, o parang naiinis siya.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Mga Simpleng Solusyon:
1. Clarification
o Mensahe: “P’wede mo bang linawin kung gusto mo talagang gawin ko ito mamaya?”
o Bakit epektibo: Malinaw ang intensiyon ng kausap at maiwasan ang maling akala.
2. Repetition / Paraphrasing
o Mensahe: “So gusto mo bang gawin ko ito mamaya, tama ba?”
o Bakit epektibo: Nakikita ng kausap na naiintindihan mo ang kaniyang sinabi at nagbibigay pagkakataon na itama ang anumang misunderstanding.
3. Polite Phrasing
o Mensahe: “Pasensiya na, gusto ko lang siguraduhin ang tama kong intindi. Gawin ko ba ito mamaya?”
o Bakit epektibo: Mananatiling magalang ang tono, kahit may hindi pagkakaintindihan.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT</td>
<td>Panuto: Piliin ang pinakamainam na sagot sa bawat tanong.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng wastong gamit ng balarila at estruktura ng pangungusap? (Lingguwistiko/Estruktural/Gramatikal)

A. Ako ay kumain na ng kanin kahapon.
B. Kanin ako kumain kahapon ng.
C. Kumain kahapon ng ako kanin.
D. Kumain kahapon kanin ako ng.

2. Kung ang isang kausap ay pormal at mas nakatatanda, alin ang pinakamainam na paraan ng pagbati? (Sosyolingguwistiko)
A. Hoy, kumusta?
B. Magandang hapon po, kumusta po kayo?
C. Yo, what’s up?
D. Hi, bro!</td>
<td>Mga Susing Sagot:

1. A

2. B

3. B

4. C

5. B

6. B

7. B

8. B</td>
</tr>
</table>

	3. Alin ang halimbawa ng paggamit ng wasto at maayos na pananalita upang humingi ng tulong? (Pragmatiko) A. Bigyan mo ako ng ballpen mo. B. Pahiram po ng ballpen ninyo, maaari ba? C. Ballpen mo, kailangan ko. D. Gusto ko ng ballpen mo. 4. Ano ang tawag sa kakayahang magkaayos ang daloy ng idea sa isang pag-uusap o teksto upang malinaw na maipahayag ang mensahe? (Diskorsal) A. Estratehiko B. Pragmatiko C. Diskorsal D. Lingguwistiko 5. Alin ang pinakamainam na estratehiya kapag may hindi pagkakaintindihan sa chat? (Estratehiko) A. Magpalagay ng mali ang kausap at huwag na lang ipaliwanag B. I-rephrase ang sinabi at magtanong ng klaripikasyon C. Ipadala muli ang parehong mensahe ng walang paliwanag D. I-ignore ang mensahe 6. Alin sa sumusunod ang tamang pangungusap? (Lingguwistiko/Estruktural/Gramatikal) A. Siya ay nag-aaral mabuti nang sa paaralan. B. Nag-aaral siya nang mabuti sa paaralan. C. Mabuti sa paaralan nang siya nag-aaral. D. Sa paaralan siya nang nag-aaral mabuti. 7. Kung nakikipag-usap sa kaklase na kaibigan, aling pahayag ang angkop? (Sosyolingguwistiko) A. Magandang araw po, kumusta ang araw ninyo? B. Hoy! Tara sa mall mamaya! C. Pakiusap po, maaari bang sumama sa inyo? D. Nais ko pong makipag-usap sa inyo tungkol sa proyekto.	**9. B** **10. B**

	8. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng epektibong paggamit ng wika upang manghikayat o mag-request nang maayos? (Pragmatiko) A. Bigyan mo ako ng pagkain mo. B. Puwede po ba akong makahingi ng pagkain mo? C. Kunin ko na lang ang pagkain mo. D. Hindi mo na kailangan ibigay sa akin ang pagkain mo. 9. Ano ang tawag sa paraan ng maayos na pag-uugnay ng idea at pagbuo ng pangungusap sa kuwento o talumpati? (Diskorsal) A. Estratehiko B. Diskorsal C. Pragmatiko D. Sosyolingguwistiko 10. Kung may hindi malinaw na pahayag ang kausap sa text, anong estratehiya ang pinakamainam? (Estratehiko) A. Magpadala ng ibang topic. B. Mag-rephrase at magtanong para linawin. C. Huwag pansinin at hintayin lang. D. Magpadala ng emoticon para ipakita ang sama ng loob.	
VII. PAGNINILAY	(see table below)	

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang gawain, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto?	
2. Anong mga estratehiya sa mga pagsusuri ng mga tekstong may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

	1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. ___ *2. Bilang ng mga mag-aaral na nangailangan[36.1] ng iba pang gawain para sa remediation.* ___ *3. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nauunawaan[37.1]ang aralin.* ___ *4. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.* ___ *5. Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong?* ___ *6. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?* ___

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't ibang Disiplina**	**Modelong Banghay-Aralin**	8
Manunulat	Jennifer V. Marangi / Hazel O. Malto / Niel Orven A. Talavera		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng kakayahang komunikatibo **LC 14: Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, at katangian ng akademikong Filipino** **LC 15: Naipaliliwanag ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina** **LC 16: Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa mga sulatin sa iba't ibang disiplina**
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Almario, Virgilio S. *Filipino ng mga Filipino: Mga Problema sa Ispeling, Retorika, at Pagpapayaman ng Wika*. Quezon City: Anvil Publishing, 2009. Constantino, Ernesto. *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2006. Flores, Patrick, at Cecilia Manguerra Brainard. The Philippines: *A Reader in Language and Culture*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2010. Gonzalez, Andrew. *Language and Nationalism: The Philippine Experience.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1998. Sibayan, Bonifacio P. *The Intellectualization of Filipino*. Manila: Linguistic Society of the Philippines, 1999. (PDF) Karanasan, Kasanayan, at Pananaw ng mga Mag-aaral ng HumSS sa MakaFilipinong Pananaliksik gamit ang Wikang Filipino Tekstong teknolohikal: mga katangian, halimbawa - Maestrovirtuale.com Wastong Nutrisyon Isang Pangunahing Pangangailangan

	OpenAI. (2026) ChatGPT (March 16 version). https://chatgpt.com/s/m_69b7db1bf7088191b833fa1b43bc0407 Used ChatGPT to generate an image for an activity that will helps make the concept more visual and easier to understand. Filipino Notes: Akademikong Diary - Presentation *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito:* https://drive.google.com/file/d/1HiCyZpnlRdIUnPEXEJMMJrH109njiVZE/view?usp=sharing
III. NILALAMAN	Ikaapat at Ikalimang Linggo **I. Akademikong Filipino** A. Kahulugan, Kahalagahan, at Katangian B. Pasalita at Pasulat na Tuntunin sa Paggamit ng Akademikong Filipino C. Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino (Pagsasakatutubo, Pagsasalin, Paglikha ng Terminong Teknikal) **II. Akademikong Filipino sa Iba't ibang Disiplina** A. Edukasyon B. Sining at Humanidades C. Agham at Teknolohiya D. Medisina at Kalusugan E. Agham Panlipunan F. Batas G. Inhenyeriya at ICT H. Negosyo at Kalakalan I. Teknikal-Propesyonal na Larang J. Iba Pa
IV. TUNGUHIN	**1. Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan at katangian ng akademikong Filipino** **2. Naipaliliwanag ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina** **3. Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa mga sulatin sa iba't ibang disiplina** a. Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. b. Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. c. Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa piling teksto mula sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto gamit ang gabay na tanong tungkol sa paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa. d. Napahahalagahan ang kahalagahan ng akademikong Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso sa lipunang Pilipino.

V. PAMAMARAAN		TALA SA GURO
A. Aktwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman	
	Opsiyon A: Ano Raw? *Panuto:* Gamit ang *digital poll* o *meta cards*, hulaan kung ano ang kahulugan at saan karaniwang ginagamit ang mga salitang madalas makita sa akademikong sulatin (hal. *pananaliksik, abstrak, metodolohiya, sanggunian*). Pagkatapos, iugnay ang mga salita sa konsepto ng akademikong Filipino sa isang *cloud map*. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3A*	Para sa Opsiyon A: **Ano Raw?** Ang gawaing *Ano Raw?* ay nakaangkla sa *Instructional Design Framework* dahil ito ay *learner-centered* at hinahango ang pagkatuto mula sa dating kaalaman ng mga mag-aaral. Gumagamit ito ng kontekstuwalisado at biswal na estratehiya (*cloud map*) upang maging organisado at makabuluhan ang pagbuo ng konsepto. Nakaayon din ang gawain sa layunin sapagkat pinauunlad nito ang pagsusuri at pag-uugnay ng mga terminong akademiko sa akademikong Filipino. *Tumutugon ito sa Indicator 3: Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills (1.5.2) dahil hinahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri, pag-uugnay, at pagbubuo ng konsepto.* Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: • *Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.*
	Opsiyon B: Sabi Mo Eh! *Panuto:* Magpapakita ang guro ng mga pahayag. Piliin ang *Agree* o *Disagree area* sa silid at ipaliliwanag ang kanilang panig. Ililista ng guro ang mahahalagang idea na lilinaw sa kahalagahan ng akademikong Filipino. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3B*	Para sa Opsiyon B: **Sabi Mo Eh!** Ang gawaing *Sabi Mo Eh!* ay nakaangkla sa *Instructional Design Framework* dahil ito ay *learner-centered* at nakabatay sa aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa talakayan. Iniuugnay nito ang aralin sa tunay na karanasan at pananaw ng mga mag-aaral kaya makabuluhan at kontekstuwalisado ang pagkatuto. Nakatutulong din ito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbibigay-katwiran sa mga idea.

		Tumutugon sa *PMES* ***Indicator 3 (1.5.2)*** – *Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills* ***Indicator 4 (2.3.2)*** – *Manage classroom structure to engage learners in meaningful exploration and interactive activities* Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa piling teksto mula sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto gamit ang gabay na tanong tungkol sa paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa.*
	2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: I-Konek** *Panuto:* Basahin at unawain ang mga layunin ng aralin na ipakikita ng guro. Gamit ang graphic organizer, iugnay ang bawat layunin sa mga sitwasyon kung saan ito maaaring magamit sa tunay na buhay. Isulat ang iyong sagot sa talahanayan at maging handa sa maikling pagbabahagi ng paliwanag. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3C*	Para sa Opsiyon A*:* **I-Konek** Malinaw nitong iniuugnay ang *learning goals* sa tunay na konteksto ng buhay ng mga mag-aaral. Pinauunlad nito ang makabuluhang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-uugnay ng layunin, gawain, at aplikasyon ng aralin. Dahil dito, nagiging malinaw ang direksiyon ng pagkatuto at napalalakas ang motibasyon ng mga mag-aaral. *Tumutugon ito sa Indicator 7: Plan, manage and implement developmentally sequenced teaching and learning process to meet curriculum requirements and varied teaching contexts (4.1.2) dahil ipinakikita ang malinaw na pag-uugnay ng layunin at aplikasyon ng aralin sa kontekstuwal na pagkatuto* *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.*

		Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 1
	Opsiyon B: *Why It Matters Wall* *Panuto:* Basahin ang tanong na nakapaskil. Mag-isip ng iyong sagot batay sa sariling karanasan at pananaw. Isulat ito sa sticky note at idikit sa pisara, pagkatapos ay maging handa sa maikling pagpapaliwanag ng inyong sagot. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3D*	Para sa Opsiyon A: ***Why It Matters Wall*** Ang gawaing *Why It Matters Wall* ay nakaangkla sa *Instructional Design Framework* ng *Department of Education* dahil ito ay *learner-centered* at nakatuon sa pagbibigay-kahulugan ng mga mag-aaral sa kabuluhan ng aralin. Iniuugnay nito ang pagkatuto sa tunay na karanasan at pananaw kaya nagiging makabuluhan at kontekstuwalisado ang talakayan. *Tumutugon ito sa Indicator 3: Apply a range of teaching strategies to develop critical and creative thinking, as well as other higher-order thinking skills (1.5.2) dahil hinahasa ang pagsusuri, pagninilay, at pagbibigay-katwiran ng mga mag-aaral tungkol sa kahalagahan ng aralin* *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: Natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino*
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A: Hula-Disiplina** *Panuto*: Basahin at suriin ang bawat terminong akademiko na ipakikita sa klase. Tukuyin kung saang disiplina o larangan ito karaniwang ginagamit. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3E*	Para sa Opsiyon A*:* **Hula-Disiplina** Ang gawaing Hula-Disiplina ay maaaring iugnay sa mga kasanayan sa *21st century learning* tulad ng *critical thinking, collaboration,* at *communication.* Sa gawaing ito, hinahamon ang mga mag-aaral na magbigay ng hula o prediksyon batay sa mga pahiwatig, larawan, o sitwasyon na inilahad ng guro, at pagkatapos ay ipaliliwanag ang kanilang sagot gamit ang lohikal na pangangatwiran. Halimbawa, maaaring gumamit ang guro ng mga *digital* na larawan, maikling bidyo, o *online polling* upang gawing mas interaktibo ang aktibidad at hikayatin ang mga mag-aaral na makipagbahaginan ng idea sa kanilang mga kaklase. Sa ganitong paraan, napauunlad hindi lamang ang pag-unawa sa paksa kundi pati ang kakayahan sa pagsusuri at pakikipagtalastasan na mahalaga sa ika-21 siglo. Sa

		instructional design framework, ang gawaing ito ay karaniwang kabilang sa *Engage stage* (o *Motivation/Introduction stage*) dahil layunin nitong pukawin ang interes ng mga mag-aaral, iugnay ang kanilang dating kaalaman, at ihanda sila sa mas malalim na pagkatuto sa susunod na bahagi ng aralin. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Napahahalagahan ang kahalagahan ng akademikong Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso sa lipunang Pilipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 2* **Susing sagot:** Agham o teknolohiya Agham panlipunan Literatura Agham panlipunan Medisina o Agham ICT Edukasyon Sining o Humanidades Agham Panlipunan Matematika
	Opsiyon B: Terminolohiya *Builder* *Panuto*: Isulat sa talahanayan ang katumbas na salitang Filipino ng mga terminong Ingles na ibibigay ng guro. Kung wala pang tiyak na salin, maaari kayong bumuo ng angkop na terminong Filipino. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3F*	Para sa Opsiyon B*:* **Terminolohiya *Builder*** Ang gawaing **Terminolohiya *Builder*** ay nakatuon sa paglinang ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbuo at paggamit ng mga terminong teknikal sa Filipino habang pinauunlad ang mga kasanayan sa 21st century skills tulad ng *critical thinking, collaboration, at communication*. Sa gawaing ito, binibigyan ang mga mag-aaral ng mga terminong Ingles at hinihikayat silang hanapin o bumuo ng katumbas na terminong Filipino sa pamamagitan ng pananaliksik, talakayan sa grupo, at pagbabahagi ng idea. Sa ganitong paraan, natututo silang

		magsuri ng kahulugan ng salita, gamitin ang teknolohiya bilang sanggunian, at makipagpalitan ng kaalaman sa kanilang mga kaklase. Nakatutulong din ito sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino sa mga akademikong larangan. Sa *instructional design framework*, ang gawaing ito ay maaaring ilagay sa Explore stage dahil dito aktibong naghahanap at natutuklasan ng mga mag-aaral ang kaalaman sa pamamagitan ng sariling pag-aaral at kolaboratibong gawain. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Napahahalagahan ang kahalagahan ng akademikong Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso sa lipunang Pilipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 3* **Susing sagot:** Komunikasyon/pakikipagtalastasan Impormasyon Kultura Pamahalaan Agham Kapaligiran Demokrasya Industriya Pag-unlad Tradisyon Teknolohiya Konstitusyon Ekonomiya Pagsusuri Edukasyon
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto	Sa bahagi ng pagtalakay ng bagong konsepto, tatalakayin ng guro ang **Kahulugan, Kahalagahan,**

	Akademikong Filipino *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3G*	**at Katangian ng Akademikong Filipino; Pasalita at Pasulat na Tuntunin sa Paggamit ng Akademikong Filipino; at Akademikong Filipino sa Iba't ibang Disiplina**. Maaari pang magdagdag ng input ang guro. Maaaring talakayin ang bagong konsepto sa iba't ibang kaparaanan. Ito ay maaaring sa isang laro. (Maaari ding gumamit ang guro ng ibang estratehiya na papasok sa kakayahan ng kaniyang mga mag-aaral upang maging buhay ang klase). *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Naipaliliwanag ang kahulugan ng akademikong Filipino at natutukoy ang kaibahan nito sa karaniwang gamit ng wika sa pang-araw-araw na komunikasyon.* *Naipaliliwanag ang kahalagahan ng akademikong Filipino sa larangan ng edukasyon, pananaliksik, at propesyon.* *Naipaliliwanag ang konsepto ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino at kung paano ito nagagamit bilang midyum ng pagtuturo sa iba't ibang disiplina (hal. Agham, Matematika, Agham Panlipunan).*
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: Peg Ko 'To! (Propesyon *Edition*)** *Panuto*: Pumili ng isang propesyon at gumawa ng maikling dayalogo na gumagamit ng terminong akademiko sa Filipino. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3H*	Para sa Opsiyon A: **Peg Ko 'To! (Propesyon *Edition*)** Ang gawaing **Peg Ko 'To!** (Propesyon *Edition*) ay isang makabagong paraan upang mapalalim ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong Filipino sa pamamagitan ng pagsasadula ng iba't ibang propesyon gamit ang mga tamang terminong pang-akademiko. Nakatuon ito sa mga kasanayan ng ika-21 siglo tulad ng *communication, collaboration,* at *critical thinking,* dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na magtrabaho nang sama-sama, magplano ng diyalogo, at malinaw na

		ipahayag ang kanilang mga idea sa harap ng klase. Bukod dito, pinapalakas nito ang kanilang kakayahang gumamit ng wikang Filipino sa kontekstong propesyonal, na mahalaga sa paghubog ng makabago at mapanuring mamamayan. Sa *instructional design framework*, kabilang ang gawaing ito sa Apply stage, kung saan ginagamit ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa praktikal at interaktibong paraan upang mas matibay ang pag-unawa at kasanayan. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa piling teksto mula sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto gamit ang gabay na tanong tungkol sa paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa.*
	Opsiyon B: Sulyap-Disiplina *Panuto*: Pumili ng isang disiplina at sagutin ang mga tanong tungkol sa pangunahing paksa, mga terminong akademiko, at kahalagahan ng akademikong Filipino. Ihanda ang inyong sagot sa anyo ng maikling ulat na tatagal ng 1–2 minuto. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3I*	Para sa Opsiyon B*:* **Sulyap-Disiplina** Ang gawaing **Sulyap-Disiplina** ay isang gawain na naglalayong ipakilala at ipakita sa mga mag-aaral ang pangunahing paksa, terminong akademiko, at kahalagahan ng akademikong Filipino sa isang partikular na disiplina. Nakatuon ito sa mga kasanayan ng ika-21 siglo tulad ng c*ritical thinking, communication, at information literacy* dahil hinihikayat ang mga mag-aaral na magsuri ng impormasyon, kilalanin ang mga terminong ginagamit sa larangan, at malinaw na maipahayag ang kanilang natutunan. Sa pamamagitan ng aktibidad na ito, napapalawak din ang kanilang bokabularyo sa akademikong Filipino at naihahanda sila sa mas malalim na pagkatuto. Sa *instructional design framework*, ang Sulyap-Disiplina ay kabilang sa *Engage stage*, dahil layunin nitong pukawin ang interes ng mga mag-aaral at ihanda sila para sa mas malalim na eksplorasyon at aplikasyon ng kaalaman sa susunod na bahagi ng aralin.

		Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang: *Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa piling teksto mula sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto gamit ang gabay na tanong tungkol sa paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa.*
C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: Teks*Mates*** Panuto: Hahatiin ng guro ang klase sa maliliit na pangkat na tatawaging *Home Group* na binubuo ng apat hanggang limang mag-aaral. Bawat miyembro ng pangkat ay bibigyan ng magkakaibang teksto mula sa iba't ibang disiplina tulad ng edukasyon, agham at teknolohiya, medisina o kalusugan, agham panlipunan, at negosyo o batas. Pagkatapos, ang mga mag-aaral na may magkakaparehong teksto ay magsasama-sama upang bumuo ng *Expert Group*. Sa bahaging ito, sama-sama nilang susuriin ang teksto gamit ang mga gabay na tanong tungkol sa paksa ng teksto, katangian ng wikang ginamit, target na mambabasa, at kung paano ipinapakita ng teksto ang paggamit ng akademikong Filipino sa nasabing disiplina. Matapos ang talakayan sa *Expert Group*, babalik ang bawat mag-aaral sa kanilang *Home Group*. Ipaliliwanag ng bawat miyembro ang kanilang sinuring teksto upang maibahagi sa kanilang mga kagrupo ang mahahalagang impormasyon at pagsusuri. Sa huling bahagi ng gawain, sama-samang bubuo ang bawat pangkat (*Home Group*) ng isang maikling buod o graphic	Para sa Opsiyon A: **Teks*Mates*** Ang gawaing ito ay nakaangkla sa *21st Century Skills s*apagkat nahahasa ang iba't ibang mahalagang kasanayan ng mga mag-aaral. Una, naipapakita ang *critical thinking* dahil sinusuri nila ang teksto mula sa iba't ibang disiplina at inaalam ang paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa. Ikalawa, nalilinang ang *communication skills* dahil ipinapaliwanag ng bawat mag-aaral sa kanilang *Home Group* ang kanilang naging pagsusuri sa teksto. Ikatlo, nahuhubog ang *collaboration* dahil nagtutulungan ang mga mag-aaral sa *Expert Group* at *Home Group* upang maunawaan ang teksto at maibahagi ang kaalaman sa kanilang pangkat. Dagdag pa rito, napauunlad ang *information and media literacy* dahil natututo silang magsuri at umunawa ng mga tekstong akademiko mula sa iba't ibang larangan. Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay maaaring ilagay sa *Application* o *Practice Stage.* Sa bahaging ito, inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan tungkol sa akademikong Filipino at paggamit nito sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga teksto at pagbabahagi ng kaalaman sa kanilang pangkat. Nagiging aktibo silang kalahok sa pagkatuto dahil hindi lamang sila nakikinig kundi aktuwal na ginagamit ang kanilang kaalaman sa isang kolaboratibong gawain.

	organizer na nagpapakita kung paano ginagamit ang akademikong Filipino sa iba't ibang disiplina. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3J*	*Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa piling teksto mula sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto gamit ang gabay na tanong tungkol sa paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa.*
	Opsiyon B: Akademikong Filipino *in Action* Panuto: Pumili ng alinman sa mga disiplina matapos ay sundin ang sumusunod na hakbang: *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3K*	Para sa Opsiyon B: ***Akademikong Filipino in Action*** Ang mga gawaing Akademikong Filipino in Action sa bahagi ng Paglalahat ay nakaangkla sa *21st Century Skills* dahil nahahasa ang *critical thinking, communication, creativity,* at *information literacy* ng mga mag-aaral. Sa paggawa ng proyekto tulad ng sanaysay, poster o, video, naipakikita nila ang kanilang kakayahang magsuri, gumamit ng pormal na wika, at magpahayag ng idea gamit ang akademikong Filipino. Sa bahagi naman ng talakayan at akademikong diary, naipahahayag nila ang kanilang repleksiyon tungkol sa kahalagahan ng Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso. Sa *Instructional Design Framework,* ang **Akademikong Filipino in Action** ay kabilang sa Application Stage dahil inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng paglikha ng awtput. Samantala, ang "Paglalahat" ay kabilang sa *Generalization* o *Reflection Stage* sapagkat dito nila pinagtitibay at binubuod ang mahahalagang konsepto mula sa aralin. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.*

		Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 4
	2. Paglalahat **Opsiyon A: TALAkayan** Panuto: Sa tulong ng *word wall* sasagutin ng mga mag-aaral ang mga tanong. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3L*	Para sa Opsiyon A: **TALAkayan** Ang gawaing ito ay nakaangkla sa *21st Century Skills* dahil nahahasa ang critical thinking at communication skills ng mga mag-aaral. Sa tulong ng *word wall*, sinusuri at pinag-iisipan nila ang kahalagahan ng sariling wika sa pag-aaral at pananaliksik. Naipahahayag din nila ang kanilang idea at opinyon sa talakayan tungkol sa kung paano nakatutulong ang Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman sa lipunan, tulad ng pagsasalin ng aklat, paggamit ng Filipino sa seminar, at paglikha ng lokal na pananaliksik. Sa ganitong paraan, nagiging aktibo silang kalahok sa pagbuo at pagbabahagi ng kaalaman. Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Generalization* o Paglalahat Stage sapagkat dito binubuod at pinagtitibay ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto mula sa aralin tungkol sa papel ng akademikong Filipino sa edukasyon at intelektuwal na diskurso. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Napahahalagahan ang kahalagahan ng akademikong Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso sa lipunang Pilipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 5*
	Opsiyon B: *Filipino Notes: Akademikong Diary* Panuto: Bumuo ng isang dyornal. Gamiting gabay ang mga sumusunod na hakbang at tanong:	Para sa Opsiyon B: ***Filipino Notes: Akademikong Diary*** Ang gawaing ***Filipino Notes: Akademikong Diary*** ay nakaangkla sa *21st Century Skills* dahil nahahasa ang *critical thinking, communication, creativity,* at *information literacy* ng mga mag-aaral. Sa paggawa ng proyekto tulad ng sanaysay, *poster,*

	Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3M	*video,* o *word wall,* naipakikita nila ang kanilang kakayahang sumuri, gumamit ng pormal na wika, at magpahayag ng idea gamit ang akademikong Filipino. Sa bahagi naman ng talakayan at akademikong diary, naipahahayag nila ang kanilang repleksiyon tungkol sa kahalagahan ng Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso. Sa *Instructional Design Framework* ay kabilang sa *Application Stage* dahil inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan sa pamamagitan ng paglikha ng awtput. Samantala, ang "Paglalahat" ay kabilang sa ***Generalization o Reflection Stage*** sapagkat dito nila pinagtitibay at binubuod ang mahahalagang konsepto mula sa aralin. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Napahahalagahan ang kahalagahan ng akademikong Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso sa lipunang Pilipino.* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 6*
	3. Pagtataya **Opsiyon A: Analohiya** Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pares ng salita o parirala. Tukuyin ang ugnayan ng unang pares at piliin sa mga pagpipilian ang salitang bubuo sa analohiya upang maging lohikal at tama ang relasyon ng mga idea. Isulat ang titik ng tamang sagot. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3N*	Para sa Opsiyon A*:* **Analohiya** Ang pagtatayang Analohiya ay nakaangkla sa *21st Century Skills*, lalo na sa *critical thinking* at *analytical* skills. Sa gawaing ito, sinusuri ng mga mag-aaral ang ugnayan ng mga konsepto at idea upang matukoy ang tamang sagot na bubuo sa lohikal na relasyon ng mga salita o parirala. Hindi lamang nila inaalala ang impormasyon, kundi ginagamit nila ang kanilang kakayahang maghambing, magsuri, at magpaliwanag ng koneksiyon ng mga konseptong may kaugnayan sa akademikong Filipino, pananaliksik, at wika. Sa ganitong paraan, nahahasa ang kanilang *higher-*

		order thinking skills na mahalaga sa makabagong pagkatuto. Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Evaluation* o *Assessment Stage*. Sa bahaging ito, sinusukat kung gaano naunawaan ng mga mag-aaral ang mahahalagang konsepto ng aralin tulad ng pananaliksik, intelektuwalisasyon ng wika, at wastong paggamit ng akademikong Filipino sa iba't ibang konteksto. Sa pamamagitan ng analohiya, natataya kung kaya nilang iugnay at ilapat ang kanilang natutuhan sa lohikal na paraan. ***Susi sa pagwawasto*** *1. D* *2. D* *3. D* *4. A* *5. D* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 7*
	Opsiyon B: Tama o Mali Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Kung sa tingin mo ay **tama**, isulat ang **Akademiko**. Kung mali, isulat ang **Filipino**. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3O*	Para sa Opsiyon B*:* **Tama o Mali** Ang pagtataya gamit ang **"Tama o Mali"** ay nakaangkla sa *21st Century Skills*, partikular sa *critical thinking* at *metacognitive skills*. Sa gawaing ito, sinusuri ng mga mag-aaral ang bawat pahayag at iniisip kung tama o mali batay sa kanilang pagkaunawa sa Akademikong Filipino. Hinihikayat silang mag-analisa, mag-reflect, at mag-apply ng kaalaman sa paghusay ng wika, intelektuwalisasyon, at paggamit sa iba't ibang disiplina. Sa ganitong paraan, natututo silang gumawa ng lohikal na paghusga at malinaw na pag-iisip—mga kasanayang mahalaga sa *21st century*. Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Evaluation o Assessment Stage*. Layunin nito na matasa ang antas ng pagkaunawa at aplikasyon ng mga mag-aaral sa mahahalagang

		konsepto ng Akademikong Filipino, tulad ng intelektuwalisasyon ng wika, pagsasakatutubo, pagsasalin, at tamang paggamit ng pormal at obhetibong wika sa akademikong konteksto. *susi sa pagwawasto* 1. *Filipino* 2. *akademiko* 3. *akademiko* 4. *Filipino* 5. *Filipino* 6. *akademiko* 7. *Filipino* 8. *akademiko* 9. *Filipino* 10. *akademiko* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 8) Gawain Bilang 8*
	4. Karagdagang Gawain **Opsiyon A: *Filipino News Segment*** **Panuto:** *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3P*	Para sa Opsiyon A: ***Filipino News Segment*** Ang gawain ng *Filipino News Segment* ay nakaangkla sa *21st Century Skills* sapagkat nahuhubog dito *ang communication, creativity, critical thinking,* at *collaboration skills.* Kailangan ng mga mag-aaral na sumuri at pumili ng akademikong paksa, bumuo ng malinaw at lohikal na *script* o *outline*, at maipahayag ito sa pormal at obhetibong Filipino sa pamamagitan ng video o live report. Nahahasa rin ang kanilang digital literacy kung gagamit sila ng visual aids o video recording, at natututo silang magpresenta at makipag-ugnayan sa kanilang audience. Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Application Stage*. Dito, inilalapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutuhan tungkol sa Akademikong Filipino sa isang aktuwal na konteksto—paglikha at paghahatid ng ulat o balita—upang maipakita ang pagpapalaganap ng kaalaman at intelektuwal na diskurso gamit ang sariling wika.
	Opsiyon B: TeknoTala: Glosari-Fil	Para sa Opsiyon B: ***TeknoTala: Glosari-Fil***

	Pamamaraan: *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3Q*	Ang gawaing ito ay nakaangkla sa *21st Century Skills* dahil hinahasa nito ang *critical thinking, creativity, communication,* at *information literacy*. Kailangan ng mga mag-aaral na magsuri ng terminolohiya sa napiling disiplina, mag-analisa kung paano isasalin o lilikhain ang katumbas sa Filipino, at maipaliwanag nang malinaw at pormal ang kahulugan ng bawat termino. Sa proseso, natututo rin silang gumamit ng mapanuring pag-iisip at malikhaing solusyon upang gawing mas aksesibol at intelektuwal ang wikang Filipino sa akademikong konteksto. Sa *Instructional Design Framework*, ang gawaing ito ay kabilang sa *Application Stage*. Dito, inalalapat ng mag-aaral ang natutuhan tungkol sa Akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wika sa aktuwal na gawain—pagsasalin o paglikha ng teknikal na terminong Filipino at pagbibigay ng malinaw na paliwanag, na nagpapakita ng praktikal na aplikasyon ng wika sa akademikong disiplina.
VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Opsiyon A: Obhetibong Pagtataya** *Panuto*: Basahin at unawain nang mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3R*	Para sa Opsiyon A**: Obhetibong Pagtataya** Ang pangyunit na pagtatayang ito ay nakatutok sa **Evaluation stage ng ADDIE**, kung saan sinusuri ang kaalaman at pag-unawa ng mag-aaral sa sanhi at bunga ng mga pangyayaring nakapagpaunlad sa wika, at sa kahalagahan ng angkop na paggamit ng wika sa iba't ibang sitwasyon. Naipakikita ang **4Cs**—*Critical Thinking* sa pagsusuri ng mga sitwasyon at sistema ng pagsulat, *Communication* sa malinaw na paglalahad ng sagot, at *Creativity* sa pagbibigay ng halimbawa o paglalarawan ng sitwasyon; ang **4Is**—Inquiry at Interpretation sa pag-unawa sa ugnayan ng wika, lipunan, at kasaysayan; at ang **4Es**—*Engage, Explore, at Evaluate* sa kabuoang proseso ng pagtataya. Sa kabuoan, layunin ng pagsusulit na masukat hindi lamang ang kaalaman kundi pati ang

		pagpapahalaga ng mag-aaral sa wikang Filipino at angkop na paggamit nito sa lipunan. **Susi sa Pagwawasto** 1. D 2. C 3. D 4. B 5. B 6. C 7. D 8. A 9. C 10. D 11. A 12. D 13. B 14. B 15. C 16. A 17. D 18. C 19. A 20. B
	Opsiyon B: Salamin sa Wika *Panuto:* Sumulat ng isang maikling talata sa iyong journal na nagpapaliwanag kung paano nakatutulong ang Akademikong Filipino sa pag-unlad ng iba't ibang propesyon sa Pilipinas. *Tingnan sa WKAF_LE3_Kalakip Blg. 3S*	Para sa Opsiyon B: **Salamin sa Wika!** Ang ***Salamin sa Wika*** ay isang replektibong gawain kung saan hinihikayat ang mga mag-aaral na suriin at ipahayag ang kanilang sariling pag-unawa sa kahalagahan ng Akademikong Filipino sa iba't ibang propesyon at larangan. Nakaangkla ito sa mga kasanayan ng ika-21 siglo tulad ng *critical thinking, communication,* at *self-reflection,* dahil pinagninilayan ng mga mag-aaral kung paano nagiging mahalagang daluyan ng kaalaman, pananaliksik, at propesyonal na komunikasyon ang wikang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsulat ng maikling journal, nahahasa ang kanilang kakayahan sa malinaw na pagpapahayag ng idea at paggamit ng pormal na wika sa akademikong konteksto. Sa *instructional design framework,* ang

		gawaing ito ay kabilang sa *Evaluate stage*, sapagkat dito nasusukat at naipapakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa at personal na pagninilay sa mga natutuhan tungkol sa Akademikong Filipino. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang:* *Naipaliliwanag ang kahulugan, kahalagahan, katangian ng akademikong Filipino at intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.* *Nasusuri ang paggamit ng akademikong Filipino sa piling teksto mula sa iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng pagsusuri ng teksto gamit ang gabay na tanong tungkol sa paksa, katangian ng wika, at target na mambabasa.*

VII. PAGNINILAY

Gabay na Tanong	Sagot
1. Sa mga isinagawang aktibidad, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konsepto at barayti ng wika?	
2. Anong estratehiya sa pagsusuri ng mga konsepto at barayti ng wika na may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**

   ____

   ____

2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**

   ____

   ____

	3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na nakauunawa sa aralin.** ____ ____ 4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** ____ ____ 5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** ____ ____ 6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** ____ ____

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng Diskurso**	**Modelong Banghay-Aralin**	9
Manunulat	Gloria C. Sabanal ‖ Aldimaer B. Uy		

I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*	
Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.
Pamantayan sa Pagganap	Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa kalikasan ng akademikong Filipino sa iba't ibang disiplina. Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang: 17. Natutukoy ang mga tuntunin at hakbang sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang mungkahing moda ng diskurso.
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	Aklat: Ampil, R. D., et. al. (2010). Akademikong Filipino sa Komunikasyong Global. Manila: UST Publishing House. Teorya: Halliday, M.A.K. (1973). Explorations in the Functions of Language. London: Edward Arnold. Multimedia: Mga video clip mula sa YouTube (hal. mga eksena mula sa MMFF films, dokumentaryong "I-Witness," o mga patalastas sa telebisyon) *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://drive.google.com/file/d/1N62DbX9e_8Nw2b9iD6mx5yrHZs1ZJThw/view?usp=sharing*
III. NILALAMAN	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)
IV. TUNGUHIN	**Natutukoy ang mga tuntunin at hakbang sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang mungkahing moda ng diskurso.**

<table>
<tr><td></td><td colspan="2">a. Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.
b. Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan sa pamamagitan ng pagsusuri ng iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, Forum, Debate, o Vlog.
c. Natatasa ang kahalagahan ng mga tuntunin at pamamaraan sa pagkamit ng maayos at makabuluhang pagpapalitan ng idea sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang halimbawang sitwasyon (video o tekstwal).</td></tr>
<tr><td colspan="2">V. PAMAMARAAN</td><td>TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman

Opsiyon A: Balik-Tanaw: Kilalanin ang Larangan

Panuto: Basahin ang bawat pahayag sa ibaba. Isulat sa iyong sagutang papel kung saang disiplina nabibilang ang bawat sitwasyon. Piliin ang sagot mula sa sumusunod:

A. Edukasyon
B. Sining at Humanidades
C. Agham at Teknolohiya
D. Medisina at Kalusugan
E. Agham Panlipunan
F. Batas
G. Inhenyeriya at ICT
H. Negosyo at Kalakalan
I. Teknikal-Propesyonal na Larang
J. Iba pa

____1. Paggawa ng lesson plan at pagsusuri ng kurikulum
____2. Pagsusuri ng isang nobela gamit ang teoryang Pampanitikan
____3. Pagbuo ng mobile application
____4. Pagsasagawa ng feasibility study para sa isang produkto</td><td>Opsiyon A: Balik-Tanaw: Kilalanin ang Larangan
Ang gawain na "Balik-Tanaw: Kilalanin ang Larangan" ay isang aktibidad na naglalayong suriin at palalimin ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa iba't ibang disiplina at propesyonal na larangan. Sa pamamagitan ng pagbasa at pagtukoy kung anong disiplina nabibilang ang bawat sitwasyon, natututo ang mga kalahok na i-analisa at i-kategorya ang mga gawain batay sa kanilang aplikasyon sa tunay na buhay. Ang gawaing ito ay lumilinang ng kritikal na pag-iisip, integrasyon ng impormasyon, at malikhaing ugnayan sa pagitan ng teorya at praktikal na aplikasyon. Bukod dito, puwede rin itong maiugnay sa ADDIE framework, kung saan nagsasagawa muna ng Analysis upang maintindihan ang konteksto ng bawat sitwasyon, sumusunod ang Design at Development sa paraan ng pagtatanong, at nagtatapos sa Evaluation sa pamamagitan ng tamang pagtukoy ng larangan. Sa parehong paraan, ang aktibidad</td></tr>
</table>

	____5. Paggamit ng diagnostic tools sa ospital ____6. Pagdidisenyo ng tulay at gusali ____7. Pagsasagawa ng survey sa kahirapan ng isang barangay ____8. Pag-oopera sa pasyenteng may appendicitis ____9. Paggawa ng kontrata ng dalawang kompanya ____10. Pag-aaral ng epekto ng climate change sa palay **Opsiyon B: Ako at ang Akademikong Filipino** **Pauto:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong: 1. Aling disiplina ang pinakanatatandaan mo sa nakaraang aralin? 2. Ano ang halimbawa ng tekstong akademiko na ginagamit sa larangang iyon? 3. Bakit mahalaga ang malinaw at wastong paggamit ng Filipino sa larangang iyong nabanggit? 4. Paano makatutulong ang kaalaman mo sa akademikong Filipino sa iyong propesyon sa hinaharap? 5. Ano ang hamong iyong nararanasan sa paggamit ng Filipino sa akademikong pagsulat? Paano mo ito malalampasan? 2. Paglalahad ng Layunin **Opsiyon A: Layunin sa Larawan: Suriin ang Talakayan** **Panuto:** Pagmasdan ang mga sitwasyong ipinapakita ng guro (debate, forum, FGD, o vlog). Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba sa iyong sagutang papel. **Sitwasyon (Babasahing Teksto ng Guro)** Isang klase sa Senior High School ang nagsagawa ng *Focus Group Discussion (FGD)* tungkol sa paksang: *“Epektibo ba ang modular learning sa mga mag-aaral?”* Bago nagsimula, sinabi ng guro ang mga tuntunin: • Igalang ang opinyon ng bawat isa.	ay sumusuporta sa mga prinsipyo ng **4I’s (Inquiry, Integration, Innovation, Impact), 4C’s (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity), at 4E’s (Engage, Explore, Explain, Evaluate)** sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa aktibong pagkatuto at pag-unlad ng kasanayan sa paghuhusga. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* **Natatasa ang kahalagahan ng mga tuntunin at hakbang sa pagkamit ng maayos at makabuluhang talakayan sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang halimbawang talakayan (video o tekstwal).* *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 1* **Opsiyon B: Ako at ang Akademikong Filipino** Ang gawain na “Ako at ang Akademikong Filipino” ay naglalayong palalimin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa akademikong konteksto. Sa pamamagitan ng pagtukoy ng disiplina na pinakanatatandaan mula sa nakaraang aralin, pagbibigay ng halimbawa ng tekstong akademiko na kaugnay nito, at pagpapaliwanag kung bakit mahalaga ang malinaw at wastong paggamit ng Filipino, nahuhubog

	- Gumamit ng halimbawa o ebidensiya sa pagbibigay ng pahayag. - Iwasan ang pagputol sa nagsasalita. - Ituon ang argumento sa paksa at hindi sa personalidad. Habang isinasagawa ang talakayan: - Unang nagbahagi si Ana ng kaniyang karanasan at nagbigay ng halimbawa kung bakit naging mahirap ang *modular learning*. - Sumunod si Ben at gumamit ng datos mula sa artikulong nabasa niya upang suportahan ang kaniyang pananaw na may mga benepisyo rin ito. - May isang mag-aaral na sumingit habang may nagsasalita, ngunit agad itong pinaalalahanan ng guro. - Sa huli, inilahad ng guro ang buod ng mga naging punto at nagbigay ng pangkalahatang kongklusyon batay sa mga nailahad na idea. **Sagutang Papel:** Pangalan: _______________________ Petsa: ______________ Baitang/Pangkat: _________________ Gawain: Layunin sa Larawan – Suriin ang Talakayan 1. Uri ng talakayan: __________________________________ 2. Mga kalahok at kanilang papel: ______________________________________ 3. Paksang tinalakay: _________________________________ 4. Halimbawa ng paggalang sa opinyon: ______________________________________ 5. Ebidensiyang ginamit: ______________________________ 6. Personal na pag-atake (ad hominem): ______________________________________ 7. Matagumpay ba ang talakayan? Bakit? ______________________________________	ang kasanayan sa **kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at integrasyon ng kaalaman**. Ang aktibidad na ito ay nagtuturo din ng disiplina sa wika, dahil pinapahalagahan ang tamang gramatika, bokabularyo, at estilo na naaangkop sa akademikong sulatin. Bukod dito, puwedeng maiugnay ang proseso sa mga prinsipyo ng **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** at **4E's (Engage, Explore, Explain, Evaluate)**, sapagkat hinihikayat nito ang mag-aaral na aktibong mag-analisa, magpaliwanag, at magsuri gamit ang Filipino bilang midyum ng pagkatuto. Sa kabuoan, ang aktibidad ay nagpapakita ng ugnayan ng wika at akademikong kasanayan sa pagpapalawak ng kaalaman at paghubog ng kakayahang makipagtalastasan sa iba't ibang larangan. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* **Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.* **Opsiyon A: Layunin sa Larawan: Suriin ang Talakayan** Ang aktibidad na ito ay naglalayong turuan ang mga mag-

Mga Tanong:

1. Ano-ano ang napansin mong tuntunin na sinusunod sa talakayan?
2. Ano-ano ang mga hakbang na ginawa bago at habang isinasagawa ang talakayan?
3. Sa iyong palagay, bakit mahalagang sundin ang mga tuntunin at hakbang na ito?

Rubric: Suriin ang Talakayan

Aspekto	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 – Kailangan ng Pagpapabuti
Pagkilala sa Tuntunin ng Talakayan	Naipakita ang lahat ng pangunahing tuntunin (paggalang, ebidensiya, hindi pagputol, pagtutok sa argumento) at naipaliwanag ang kahalagahan ng bawat isa.	Naipakita ang karamihan sa tuntunin at may paliwanag kung bakit mahalaga.	Naipakita lamang ang ilan sa tuntunin at limitado ang paliwanag.	Kaunti o walang naipakitang tuntunin at walang paliwanag.
Pagkilala sa Hakbang ng Talakayan	Naipakita ang lahat ng hakbang bago at habang talakayan (paghahanda, pagbabahagi ng opinyon, pagbuo ng konklusyon) nang malinaw at kumpleto.	Naipakita ang karamihan sa hakbang at may paliwanag.	Naipakita lamang ang ilan sa hakbang at limitado ang paliwanag.	Kaunti o walang naipakitang hakbang at paliwanag.
Pag-unawa sa Kahalagahan ng Tuntunin at Hakbang	Malinaw at komprehensibong naipaliwanag kung bakit mahalaga ang pagsunod sa tuntunin at hakbang sa talakayan, may halimbawa pa.	Naipaliwanag kung bakit mahalaga, ngunit hindi ganap na kumpleto.	May paliwanag ngunit hindi malinaw o limitado.	Walang malinaw na paliwanag kung bakit mahalaga.

aaral kung paano maisagawa ang maayos at makabuluhang talakayan. Sa pamamagitan ng **ADDIE**, malinaw ang paghahanda ng tuntunin (**Design**) at pagbubuod ng guro (**Evaluation**). Ang paggamit ng **IDF** at mga prinsipyo ng **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration)** ay nakatutulong upang maging organisado, maayos ang daloy ng idea, at aktibo ang partisipasyon ng bawat kalahok.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:
*Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, forum, debate, o vlog.

Opsiyon B: Handa Ka Na Ba?

Ang serye ng mga gawain ay naglalayong palakasin ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-unawa sa disiplina, pagsasagawa ng talakayan, at paggamit ng wikang Filipino sa akademikong konteksto. Sa **Paghango sa Dating Kaalaman** at "Balik-Tanaw: Kilalanin ang Larangan," maaaring gamitin ang **ADDIE** sa **Analysis** ng mga sitwasyon at sa **Evaluation** ng tamang pagtukoy sa larangan. Sa "Ako at ang Akademikong Filipino," nakatutulong ang **IDF** sa organisadong pagbuo ng sagot at malinaw na pagpapahayag,

Kalinawan at Organisasyon ng Sagot	Napakalinaw, organisado, at lohikal ang pagkakasagot; madaling sundan ang ideya.	Malinaw at organisado ang sagot, may kaunting kakulangan sa lohika.	Katamtaman ang kalinawan at organisasyon; medyo mahirap sundan.	Magulo o hindi lohikal ang sagot; mahirap intindihin.

Opsiyon B: Handa Ka Na Ba?

Panuto:Basahin ang bawat pahayag sa ibaba. Lagyan ng tsek (✓) ang kolum na tumutukoy sa iyong kasalukuyang kakayahan bago simulan ang aralin. Pagkatapos, sagutin ang tanong sa ibaba.

Mga Pahayag	Kaya Ko Na	Medyo	Hindi Pa
1. Natutukoy ko ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan			
2. Nailalarawan ko ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan.			
3. Natutukoy ko ang pagkakaiba ng iba't ibang moda ng diskurso			
4. Nasusuri ko ang isang halimbawa ng talakayan kung ito ay sumusunod sa mga tuntunin ng kritikal na talakayan.			
5. Naipaliliwanag ko ang kahalagahan ng magalang at kritikal na talakayan sa tunay na buhay.			

Gabay na Tanong:

1. Ano ang inaasahan mong matutuhan o malilinang sa araling ito?

habang ang **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** ay naaangkop sa pagsusuri at pag-uugnay ng kaalaman sa teksto at disiplina. Sa "Layunin sa Larawan: Suriin ang Talakayan" at "Handa Ka Na Ba?," ang **4E's (Engage, Explore, Explain, Evaluate)** ay nakatutulong sa aktibong partisipasyon at pagtatasa ng talakayan, habang pinapalakas ang kakayahang sundin ang tuntunin, magbigay ng ebidensiya, at magbuod ng idea. Sa kabuoan, ang paggamit ng mga elementong ito ay tumutulong sa sistematiko, kritikal, at integratibong pagkatuto sa iba't ibang akademikong gawain.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:
**Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan*
**Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, forum, debate, o vlog.*
**Natatasa ang kahalagahan ng mga tuntunin at hakbang sa pagkamit ng maayos at makabuluhang talakayan.*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 2

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
2. Sa iyong palagay, bakit mahalagang matutuhan ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan?
3. Paano mo magagamit ang kritikal na talakayan sa iyong pang-araw-araw na buhay — sa paaralan, sa bahay, o sa pakikipagkaibigan?
4. Alin sa mga moda ng diskurso (FGD, Forum, Debate, Vlog) ang pinaka interesado mong matutuhan? Bakit?
5. Ano ang maaari mong gawin upang maging handa sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan kasama ang iyong mga kamag-aral.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman</td>
<td>
1. Paglalahad ng Halimbawa

Opsiyon A: Tuntuning Pandetektib: Hanapin at Ilista

Panuto: Basahin nang mabuti ang nakalaang talakayan sa ibaba. Hanapin at tukuyin ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan na nasunod at hindi nasunod. Kopyahin ang talahanayan sa iyong sagutang papel at ilagay ang mga halimbawa mula sa talakayan sa angkop na kolum.

<table>
<tr><th>Nasunod</th><th>Hindi Nasunod</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>

Transcript ng Talakayan (Handa na)

Paksa: “Epektibo ba ang Modular Learning para sa mga Mag-aaral?”

Guro/Modereytor:
“Bago tayo magsimula, tandaan natin ang mga tuntunin:
</td>
<td>
Opsiyon A: Tuntunin Detective: Hanapin at Ilista
Ang aktibidad na “Tuntunin Detective” ay naglalayong sanayin ang mag-aaral sa pagtukoy at pagsusuri ng mga tuntunin sa kritikal na talakayan. Sa ADDIE framework, ginagamit ang Analysis sa paghahanap ng mga nasunod at hindi nasunod na tuntunin, habang ang Evaluation ay makikita sa paggawa ng kolum at pagbibigay ng halimbawa mula sa talakayan. Ang IDF ay nakatutulong sa organisadong presentasyon ng sagot, at ang paggamit ng 4I’s (Inquiry, Integration, Impact) at 4C’s (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity) ay malinaw sa pag-aanalisa ng bawat pahayag at ugnayan nito sa tuntunin. Ang 4E’s (Engage, Explore, Explain, Evaluate) ay naaangkop sa aktibong partisipasyon sa talakayan, pagsusuri ng mga datos, at pagbubuod ng natutuhan, kaya’t nahuhubog ang kakayahang obserbahan,
</td>
</tr>
</table>

	igalang ang opinyon ng bawat isa, gumamit ng ebidensiya, iwasan ang pag-atake sa personalidad, at magsalita lamang kapag binigyan ng pagkakataon." **Ana:** "Sa aking karanasan, medyo mahirap ang modular learning. Madalas, nalilito ako sa mga instructions at hindi agad nasasagot ang mga katanungan ko." **Ben:** "May punto si Ana, pero ayon sa artikulo ng Department of Education, nakatutulong ang modular learning sa pag-organisa ng oras ng mga estudyante, lalo na sa malalayong lugar." **Carla:** "Para sa akin, okay naman ang system, basta may tamang gabay at suporta mula sa guro. Sa tingin ko, mahalaga rin na may online feedback." **Daniel:** "Hindi tama na sabihing mali ang sistema dahil lang sa ilang karanasan. Kailangan natin tingnan ang kabuoang datos bago maghusga." **Guro/Moderator:** "Salamat sa inyong mga ibinahaging opinyon. Ngayon, nakitaan natin ng positibo at negatibong karanasan ang modular learning, at napag-usapan din natin ang kahalagahan ng tamang gabay." **Opsiyon B: Hakbang Master: Iayos ang Daloy ng Talakayan** Makikita mo sa ibinigay na listahan ang mga hakbang sa isang FGD, *forum*, o *vlog* na hindi nakaayos. Ang iyong gawain ay:	mag-analisa, at magpahayag nang sistematiko at kritikal. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* *Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal. paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 3* **Opsiyon B: Hakbang Master: Iayos ang Daloy ng Talakayan** Ang gawaing ito ay naglalayong turuan ang mag-aaral na maunawaan at maisaayos ang tamang daloy ng talakayan. Sa konteksto ng **ADDIE**, makikita ang **Design at Development** sa pag-aayos ng hakbang bago, habang, at pagkatapos ng talakayan, at ang **Evaluation** sa pagbibigay ng paliwanag kung bakit mahalaga ang bawat hakbang. Sa pamamagitan ng **IDF**, natutulungan ang mag-aaral na organisahin ang impormasyon at ilahad ito nang malinaw. Ang paggamit ng **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** ay nakatutulong sa pag-aanalisa ng hakbang at ugnayan nito sa layunin ng talakayan, habang ang **4E's**

1. Isaayos ang mga hakbang sa tamang pagkakasunod-sunod: bago, habang, at pagkatapos ng talakayan.
2. Sa bawat hakbang, maglagay ng maikling paliwanag (1–2 pangungusap) kung bakit mahalaga ang hakbang na iyon.
3. Pagkatapos, ibahagi ang iyong sagot sa guro o isumite sa inyong sagutang papel para sa feedback.

Mga Hakbang:

- Maglatag ng tuntunin
- Pagkilala sa paksa
- Magbahagi ng opinyon
- Magbigay ng buod
- Maghanda ng ebidensiya o halimbawa

Pagkasunod-sunod ng Hakbang	Paliwanag
1.	
2.	
3.	
4.	
5.	

2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto

Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na
Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng Diskurso
(hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)

1. Kahulugan ng Kritikal na Talakayan

Ang **kritikal na talakayan** ay isang organisadong interaksiyon kung saan ipinapahayag ng mga kalahok ang kanilang opinyon, idea, o pananaw tungkol sa isang paksa, gamit ang lohikal na ebidensiya at may paggalang sa opinyon ng iba. Ang layunin nito ay mapalalim ang pag-unawa at makabuo ng makabuluhang kongklusyon.

(Engage, Explore, Explain, Evaluate) ay sumusuporta sa aktibong partisipasyon at pagtatasa ng proseso. Sa kabuoan, ang gawain ay nagpapakita ng sistematikong paraan upang maayos, makabuluhan, at epektibong maisagawa ang talakayan.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:
**Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinion ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.*
**Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, forum, debate, o vlog.*

Opsiyon A: Mode Comparison Table

Ang gawaing ito ay naglalayong sanayin ang mag-aaral sa paghahambing ng mga hakbang at tuntunin sa kritikal na talakayan sa iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, blog, podcast, video conference, at vlog. Sa konteksto ng **ADDIE**, makikita ang **Analysis** sa pagsusuri ng bawat moda, at ang **Design at Development** sa paggawa ng table na malinaw ang pagkakaayos ng impormasyon.

	2. Mga Pangunahing Tuntunin Sa anumang moda ng diskurso, mahalagang sundin ang mga tuntunin upang maging maayos at produktibo ang talakayan: 1. **Paggalang sa Opinyon ng Kapuwa** – Huwag putulin o maliitin ang sinasabi ng iba. 2. **Paggamit ng Ebidensiya o Halimbawa** – Suportahan ang opinyon ng datos, karanasan, o pananaliksik. 3. **Pag-iwas sa Pag-atake sa Personalidad** – Ituon ang diskusyon sa paksa, hindi sa pagkatao ng iba. 4. **Magsalita Nang Maayos at May Kaayusan** – Magsalita lamang kapag binigyan ng pagkakataon at panatilihin ang tamang tono. 5. **Kalinawan at Kaayusan ng Talakayan** – Siguraduhing ang argumento ay malinaw, may lohika, at naaayon sa paksa. **3. Mga Hakbang sa Pagsasagawa ng Talakayan** **Bago ang Talakayan:** • **Pagkilala sa Paksa at Layunin** – Alam ng lahat ang paksa at layunin ng talakayan. • **Paglatag ng Tuntunin** – Ipaalam ang pamantayan o *code of conduct* para sa talakayan. • **Paghahanda ng Ebidensiya o Balangkas ng Pahayag** – Maghanda ng datos, halimbawa, o pangunahing punto para suportahan ang opinyon. **Habang Talakayan:** • **Maayos na Pagbabahagi ng Opinyon** – Ibahagi ang sariling pananaw nang malinaw at organisado. • **Pagbibigay ng Ebidensiya** – Suportahan ang argumento gamit ang datos o kongkretong halimbawa.	Ang **IDF** ay tumutulong sa organisadong presentasyon at lohikal na pagkakaugnay ng hakbang at tuntunin. Ang paggamit ng **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** ay makikita sa pagsusuri at pag-uugnay ng bawat hakbang at tuntunin sa partikular na moda, habang ang **4E's (Engage, Explore, Explain, Evaluate)** ay nagpapalakas sa aktibong partisipasyon at pagtatasa ng pagiging epektibo ng bawat diskurso. Sa kabuoan, ang aktibidad ay nagpapakita kung paano sistematikong mailalapat ang kritikal na pag-iisip at organisadong presentasyon sa iba't ibang uri ng talakayan. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* **Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.* **Opsiyon B: Talakayan Flow Map** Ang gawaing ito ay naglalayong gabayan ang mag-aaral sa visual na pagpapakita ng tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan bago, habang, at pagkatapos ng talakayan. Sa konteksto ng **ADDIE**, makikita ang **Design at**

- **Pakikinig sa Iba at Pagtugon Nang May Respeto** – Pakinggan ang pananaw ng iba at tumugon nang may maayos na diskusyon.

Pagkatapos ng Talakayan:

- **Pagbibigay ng Buod o Kongklusyon** – I-highlight ang mahahalagang punto ng diskusyon.
- **Pagsusuri sa Pagsunod sa Tuntunin** – Suriin kung nasunod ang mga patakaran at naging maayos ang talakayan.
- **Fidbak para sa Susunod na Talakayan** – Magbigay ng puna para mapabuti ang proseso sa susunod.

4. Mga Iba't Ibang Moda ng Diskurso at Kahalagahan ng Tuntunin at Hakbang

Moda ng Diskurso	Katangian	Bakit Mahalaga ang Tuntunin at Hakbang
FGD / Forum / Debate	Kadalasang live at interactive	Tinutulungan ang bawat kalahok na makapagbahagi nang maayos at makinig sa iba
Blog / Vlog / Podcast / Vodcast / Zine	Maaaring asynchronous, gumagamit ng multimedia	Mahalaga ang malinaw na pagpapahayag at lohikal na ebidensiya upang maintindihan ng audience
Mobile Journalism / Video Conference	Pinagsasama ang real-time interaction at multimedia	Pinapadali ang maayos na daloy ng diskurso kahit sa digital platform

5. Halaga ng Pagsunod sa Tuntunin at Hakbang

- Nakatutulong sa pagkakaroon ng **maayos at produktibong talakayan**.

Development sa pagbuo ng flow map at ang **Evaluation** sa pagsusuri kung malinaw at kumpleto ang presentasyon. Ang **IDF** ay tumutulong sa organisadong layout at lohikal na daloy ng impormasyon. Ang paggamit ng **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** ay nakatutulong sa pagsusuri at pagpaplano ng talakayan, habang ang **4E's (Engage, Explore, Explain, Evaluate)** ay sumusuporta sa aktibong partisipasyon at pagtatasa ng proseso sa napiling moda ng diskurso. Sa kabuoan, ang flow map ay nagpapakita ng sistematikong paraan upang maisaayos at maipatupad ang talakayan nang malinaw at epektibo.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:
**Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 4

Opsiyon A: Pagkilala sa Mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan

- Pinapalakas ang **kritikal na pag-iisip at analytical skills** ng kalahok.
- Tinitiyak ang **respeto at inklusibong partisipasyon** ng lahat.
- Nagbibigay daan sa **makabuluhang kongklusyon o desisyon** na batay sa ebidensiya.

Opsiyon A: Mode Comparison Table

Panuto:Gumawa ng talahanayan na ihahambing ang mga tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan sa iba't ibang moda ng diskurso. Pumili ng moda ng diskurso sa ibaba:

a. FGD
b. Blog
c. Podcast
d. Video Conference
e. Vlog

Moda ng Diskurso	Halimbawa ng Hakbang	Halimbawa ng Tuntunin

Opsiyon B: Talakayan Flow Map

Panuto: Gagawa ka ng isang *visual map* o *diagram* na nagpapakita ng tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan bago, habang, at pagkatapos ng talakayan. Ipakita rin kung paano ito maisasagawa sa isa sa mga mungkahing moda ng diskurso (hal., FGD, forum, vlog).

Ang aktibidad na ito ay naglalayong turuan ang mag-aaral na **kilalanin at suriin ang mga tuntunin sa kritikal na talakayan** sa pamamagitan ng pagmamasid sa isang panel discussion. Sa konteksto ng **ADDIE**, makikita ang **Analysis** sa pag-obserba sa mga pahayag at **Evaluation** sa pag-identify ng tamang halimbawa ng paggalang, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa personal na pag-atake. Ang **IDF** ay tumutulong sa organisadong pagsulat at sistematikong presentasyon ng mga natukoy na tuntunin. Ang paggamit ng **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** ay makikita sa aktibong pagsusuri ng pahayag ng bawat panelist at pag-uugnay nito sa tamang tuntunin, habang ang **4E's (Engage, Explore, Explain, Evaluate)** ay sumusuporta sa aktibong partisipasyon at malinaw na pagpapaliwanag ng mga natutuhan. Sa kabuuan, pinapakita ng gawain kung paano maisasabuhay ang kritikal at sistematikong pag-aanalisa ng talakayan sa isang kongkretong halimbawa.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:
**Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa*



Rubric: Talakayan Flow Map

Aspekto	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 – Kailangan ng Pagpapabuti
Kompletong Representasyon ng Tuntunin	Naipakita ang lahat ng pangunahing tuntunin (paggalang, ebidensiya, hindi pagputol, pagtutok sa argumento) nang malinaw sa visual map.	Naipakita ang karamihan sa tuntunin sa visual map.	Naipakita lamang ang ilan sa tuntunin at medyo limitado ang representasyon.	Kaunti o walang naipakitang tuntunin sa visual map.
Kompletong Representasyon ng Hakbang ng Talakayan	Naipakita nang malinaw ang lahat ng hakbang bago, habang, at pagkatapos ng talakayan.	Naipakita ang karamihan sa hakbang ngunit may kaunting kakulangan.	Naipakita lamang ang ilan sa hakbang, kulang sa detalye.	Kaunti o walang naipakitang hakbang sa flow map.

personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.
Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, forum, debate, o vlog.

Opsiyon B: Pagsasagawa at Pagsusuri ng Kritikal na Talakayan gamit ang Vlog

Ang gawaing ito ay naglalayong sanayin ang mag-aaral sa aktibong pagsasagawa at pagsusuri ng talakayan gamit ang vlog bilang moda ng diskurso. Sa konteksto ng **ADDIE**, makikita ang **Design at Development** sa paghahanda ng paksa, layunin, at ebidensiya, habang ang **Evaluation** ay makikita sa pagbubuod at pagsusuri kung paano nasunod ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan. Ang **IDF** ay tumutulong sa organisadong presentasyon ng idea sa vlog, at ang paggamit ng **4I's (Inquiry, Integration, Impact)** at **4C's (Critical Thinking, Communication, Collaboration, Creativity)** ay malinaw sa pagbibigay ng opinyon at ebidensiya at sa pag-uugnay nito sa layunin ng talakayan. Ang **4E's (Engage, Explore, Explain, Evaluate)** ay sumusuporta sa aktibong partisipasyon, malinaw na pagpapaliwanag, at kritikal na pagsusuri sa buong proseso. Sa kabuoan, pinapakita ng gawain kung paano maisasabuhay ang sistematiko at integratibong

Koneksyon sa Mungkahing Moda ng Diskurso	Malinaw na ipinakita kung paano maisasagawa ang talakayan sa napiling moda (FGD, forum, vlog) at naaangkop ang flow sa konteksto.	Naipakita ang koneksiyon sa moda ngunit may kaunting kakulangan sa detalye o aplikasyon.	May limitadong koneksiyon sa napiling moda; hindi ganap na malinaw.	Walang malinaw na koneksiyon sa napiling moda ng diskurso.
Kalinawan at Organisasyon ng Visual Map	Ang visual map ay napakalinaw, organisado, at madaling sundan; may lohikal na daloy ng ideya.	Malinaw at organisado ang visual map, may kaunting kakulangan sa lohika o presentasyon.	Katamtaman ang kalinawan at organisasyon; medyo mahirap sundan.	Magulo o hindi lohikal ang flow ng visual map; mahirap intindihin.
Malikhain at Estetika	Napakamalikhain at kaakit-akit ang visual map; epektibong naipakikita ang impormasyon.	May creativity at maayos ang presentasyon, kaakit-akit sa mata.	Limitado ang creativity; basic ang presentasyon at kaunting visual appeal.	Walang creativity; mahirap intindihin o hindi kaakit-akit.

3. Paglinang ng Kabihasaan

Opsiyon A: Pagkilala sa Mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan

Panuto:

1. Panoorin ang *video ng panel discussion* / talakayan:

   Link: https://www.youtube.com/watch?v=iPeSIwWvGDk

   - Ito ay isang serye ng video gaya ng isang *panel discussion* na nagpapakita kung paano magtalakay at magbigay ng opinyon sa isang isyu.
2. Sagutin ang sumusunod:
   - Ano-ano ang mga tuntuning napansin mo habang nagaganap ang talakayan?

pagkatuto sa pamamagitan ng makabagong moda ng diskurso.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:
**Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.*
**Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, Forum, Debate, o Vlog.*
**Natatasa ang kahalagahan ng mga tuntunin at hakbang sa pagkamit ng maayos at makabuluhang talakayan sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang halimbawang diskusyon (video o tekstuwal).*

- Magbigay ng *isang partikular na halimbawa mula sa video* na nagpapakita ng:
    - Paggalang sa opinyon ng kapuwa
    - Paggamit ng ebidensiya
    - Pag-iwas sa pag-atake sa personalidad

3. Isulat ang sagot: (maaaring 1–2 paragraphs)
    - Halimbawa: *"Sa minuto 2:30, ang isang panelist ay sumagot sa tanong nang may paggalang at ginamit ang datos mula sa survey…"*

Rubric: Pagkilala sa Mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan

Aspekto	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 – Kailangan ng Pagpapabuti
Pagkilala sa Tuntunin ng Talakayan	Naipakita at nailarawan ang lahat ng pangunahing tuntunin (paggalang, ebidensiya, pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) nang malinaw at may detalyadong halimbawa mula sa video.	Naipakita ang karamihan sa tuntunin at may halimbawa, ngunit may kaunting kulang sa detalye o paglalarawan.	Naipakita lamang ang ilan sa tuntunin at limitado ang halimbawa o paliwanag.	Kaunti o walang naipakitang tuntunin at walang halimbawa o paliwanag.
Pagbibigay ng Partikular na Halimbawa	Nagbigay ng malinaw at eksaktong minuto o sitwasyon sa video bilang halimbawa ng bawat tuntunin; madaling masundan ang koneksiyon sa talakayan.	Nagbigay ng halimbawa sa video ngunit hindi ganap na malinaw o kulang sa detalye.	May halimbawa ngunit medyo malabo o hindi tiyak ang koneksiyon sa tuntunin.	Walang malinaw na halimbawa mula sa video; mahirap makita ang koneksiyon sa tuntunin.

Kalinawan at Organisasyon ng Sagot	Ang sagot ay napakalinaw, organisado, at lohikal; madaling sundan ang idea sa 1–2 talata.	Malinaw at organisado ang sagot, may kaunting kakulangan sa lohika o daloy.	Katamtaman ang kalinawan at organisasyon; medyo mahirap sundan ang idea.	Magulo o hindi lohikal ang sagot; mahirap intindihin.
Lalim ng Pag-unawa at Repleksiyon	Naipakita ang malalim na pag-unawa sa kahalagahan ng bawat tuntunin at kung paano ito nakaaapekto sa talakayan.	Naipakita ang pag-unawa sa tuntunin ngunit limitado ang paliwanag o repleksiyon.	May pangkalahatang pag-unawa ngunit hindi malinaw ang koneksiyon sa kahalagahan ng tuntunin.	Walang malinaw na pag-unawa o repleksiyon sa kahalagahan ng tuntunin.

Opsiyon B: Pagsasagawa at Pagsusuri ng Kritikal na Talakayan gamit ang Vlog

Panuto: Manood ng halimbawang vlog tungkol sa epekto ng AI sa edukasyon. Pagkatapos, gumawa ng sariling 2-3 minutong mini-vlog kung saan magbibigay ka ng opinyon at ebidensiya habang sinusunod ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan. Sundin ang tatlong bahagi: Bago (paksa at layunin), Habang (opinyon at ebidensiya), at Pagkatapos (buod at pagsusuri ng iyong pagsunod sa tuntunin). Sagutin ang tatlong tanong ng pagninilay at ipasa ang vlog kasama ang iyong mga sagot.

🔗 Link: https://www.youtube.com/shorts/nblthkQsJ94

📌 *Ang video ay isang maikling talakayan (vlog) tungkol sa epekto ng AI sa edukasyon. Pakinggan kung paano nagbigay ng opinyon ang mga nagsalita.*

Gabay na Tanong:

1. Paano mo ipinakita ang paggalang sa opinyon ng iba sa iyong vlog?
2. Ano ang ebidensiyang ginamit mo sa iyong vlog?

3. Ano ang hamon na iyong naranasan sa pagsunod sa mga tuntunin habang nagtalakay?

Rubrik: Pagsasagawa at Pagsusuri gamit ang Vlog

Aspekto	4 – Napakahusay	3 – Mahusay	2 – Katamtaman	1 – Kailangan ng Pagpapabuti
Pagsunod sa Hakbang (Bago, Habang, Pagkatapos)	Lahat ng hakbang ay malinaw at kumpleto na naipakita sa vlog.	Karamihan sa hakbang ay naipakita ngunit may kaunting na kakulangan.	Ilan lamang sa hakbang ang naipakita; kulang sa detalye.	Kaunti o walang naipakitang hakbang; hindi malinaw.
Pagpapakita ng Tuntunin	Naipakita at nasunod ang lahat ng tuntunin sa talakayan (paggalang, ebidensiya, hindi pag-atake sa personalidad).	Naipakita ang karamihan sa tuntunin, may kaunting kakulangan.	Ilan lamang ang naipakita; hindi ganap na malinaw.	Walang malinaw na pagsunod sa tuntunin.
Pagbibigay ng Ebidensiya	Gumamit ng malinaw at lohikal na ebidensiya upang suportahan ang argumento.	Gumamit ng ebidensiya ngunit limitado o hindi ganap malinaw.	Limitado ang ebidensiya o hindi malinaw ang koneksiyon sa argumento.	Walang ebidensiya o hindi suportado ang argumento.
Repleksiyon / Kabatiran	Malinaw at komprehensibong repleksiyon tungkol sa pagsunod sa tuntunin at epekto nito sa talakayan.	Naipakita ang repleksiyon ngunit may kakulangan sa detalye.	Limitado ang repleksiyon; hindi malinaw ang insight.	Walang malinaw na repleksiyon o kabatiran.
Kalinawan at Organisasyon ng Vlog	Malinaw, organisado, lohikal, at madaling sundan.	Malinaw at organisado, may kaunting kakulangan.	Katamtaman ang kalinawan at organisasyon.	Magulo, hindi lohikal, mahirap sundan.

4. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan

1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon

Opsiyon A: Talakayan sa Tunay na Buhay: Pagtukoy ng mga Sitwasyon sa Paaralan

Panuto: Maglista ng tatlong sitwasyon sa paaralan gamit ang tatlong kolum: SITWASYON, TAONG KASAMA, at PAANO GAGAMITIN ANG KRITIKAL NA TALAKAYAN. Ipaliwanag sa 2-3 pangungusap kung bakit angkop ang kritikal na talakayan sa bawat sitwasyon at tukuyin ang mga tuntuning dapat ilapat. Ibahagi sa katabi ang isang sitwasyon at tumanggap ng komento. Gamitin ang talahanayan na nasa ibaba.

SITWASYON LISTAHAN: KRITIKAL NA TALAKAYAN SA PAARALAN

SITWASYON	TAONG KASAMA	PAANO GAGAMITIN ANG KRITIKAL NA TALAKAYAN?

Mga Gabay na Tanong:

1. Sa anong mga pagkakataon kayo nagkakaroon ng mainit na usapan sa loob ng klase?

Opsiyon A: Takayan sa Tunay na Buhay: Pagtukoy ng mga Sitwasyon sa Paaralan

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng Paglipat dahil hinihingi nito sa mag-aaral na gamitin ang mga natutuhang konsepto (tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan) at ilapat ito sa mga bagong sitwasyon o konteksto—sa pagkakataong ito, sa tunay na mga pangyayari sa loob ng paaralan. Hindi lamang pagsasaulo ng tuntunin ang layunin kundi ang kakayahang makita kung saan at paano ito magagamit sa totoong buhay. Nakatuon ang gawaing ito sa Pagkilos dahil hinahasa nito ang kakayahan ng mag-aaral na kumilos nang may kaalaman at pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga sitwasyon, naihahanda ang mag-aaral na aktuwal na gamitin ang kritikal na talakayan sa mga pagkakataong makaharap nila ito. Ang pag-iisip ng gamit ng aralin ay unang hakbang tungo sa aktuwal na pagsasagawa.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 5

Opsiyon B: Vlog Concept: Wika ng Kabataan Ngayon

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng Paglipat dahil hinihingi nito sa mag-aaral na gamitin ang mga natutuhang konsepto tungkol sa kritikal na talakayan at ilapat ito sa isang makabagong midyum (vlog) na bahagi na ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Hindi

2. Kailan kayo huling nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan ng iyong kamag-aral? Paano ninyo ito nalutas?
3. Sa anong mga gawain sa paaralan kailangan ang malalim na pag-iisip at pagpapalitan ng idea?
4. Paano makatutulong ang kritikal na talakayan sa inyong mga proyekto o pangkatang gawain?

Rubrik sa Pagwawasto:

Pamantayan	**Napakahusay (10)**	**Mahusay (8)**	**Katamtaman (6)**	**Nangangailangan ng Pag-unlad (4)**
Bilang ng Sitwasyon	Nakapaglista ng 3 angkop na sitwasyon	Nakapaglista ng 2 angkop na sitwasyon	Nakapaglista ng 1 angkop na sitwasyon	Walang naisulat o hindi angkop ang sitwasyon
Kaangkupan ng Sitwasyon	Lahat ng sitwasyon ay tunay na nangyayari sa paaralan at angkop sa kritikal na talakayan	2 sa 3 sitwasyon ay angkop at makatotohanan	1 sa 3 sitwasyon ay angkop at makatotohanan	Hindi angkop ang mga sitwasyon
Paliwanag at Koneksiyon sa Tuntunin	Malinaw na naipaliwanag kung paano gagamitin ang mga tuntunin sa bawat sitwasyon	May paliwanag ngunit hindi lubos na nakakonekta sa tuntunin	May paliwanag ngunit hindi tiyak kung anong tuntunin ang gagamitin	Walang malinaw na paliwanag
Pagninilay	Napakahusay at malalim ang pagmumuni sa kahalagahan ng gawain	May pagninilay ngunit hindi gaanong malalim	May pagtatangkang magmuni ngunit mababaw	Walang pagninilay

lamang pagsasaulo ng tuntunin ang layunin kundi ang kakayahang lumikha ng isang produkto gamit ang makabagong teknolohiya. Nakatuon ang gawaing ito sa pagkilos dahil hinahasa nito ang kakayahan ng mag-aaral na bumuo ng isang malikhaing presentasyon na maaari nilang aktuwal na isagawa sa hinaharap. Ang pagbuo ng konsepto ay unang hakbang tungo sa aktuwal na paggawa ng vlog.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:

**Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, forum, debate, o vlog.*

Opsiyon A: Exit Ticket: Ang Aking Natutuhan Sa Araw na Ito

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng Paglipat dahil hinihingi nito sa mag-aaral na magbuod ng kanilang pagkatuto at mag-isip kung paano ito ililipat o gagamitin sa ibang konteksto (tunay na buhay). Hindi lamang pagsasaulo ng impormasyon ang layunin kundi ang kakayahang makita ang kaugnayan at gamit ng aralin sa sariling buhay. Nakatuon ang gawaing ito sa Pagkatao dahil hinihikayat nito ang mag-aaral na magnilay sa sariling pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagsagot sa

Opsiyon B: Vlog Concept: Wika ng Kabataan Ngayon

Panuto: Pumili ng isang tiyak na paksa tungkol sa "Wika ng Kabataan Ngayon" na gagawing tema ng iyong vlog concept. Gamit ang template sa ibaba, buoin ang konsepto ng iyong vlog. Tiyaking maisasama mo ang mga elemento ng kritikal na talakayan sa iyong plano.Maaaring pumili mula sa mga sumusunod:

Mungkahing Paksa

- "Bekimon: Bahagi ba ng Wika o Balbal Lamang?"
- "Code-Switching: Bakit tayo naghahalo ng Ingles at Filipino?"
- "Social Media Jargon: Nagpapayaman ba o Sumisira ng Wika?"
- "Jejemon noon, Conyo ngayon: Ebolusyon ng Wika ng Kabataan"
- Sariling paksa: ______________________________

Larawan na nabuo ng AI

mga tanong, natutukoy ng mag-aaral ang kaniyang mga natutuhan, kahinaan, at mga tanong na nais pang linawin—isang mahalagang kasanayan tungo sa pagiging mapanuring nilalang.

Opsiyon B: Slogan Making:" Magalang na Talakayan, Susi sa Kaunlaran"

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng paglipat dahil hinihingi nito sa mag-aaral na magpahayag ng pagpapahalaga sa pamamagitan ng malikhaing awtput. Hindi lamang pagsasaulo ng tuntunin ang layunin kundi ang kakayahang lumikha ng isang produkto na naglalaman ng kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa magalang na talakayan. Nakatuon ang gawaing ito sa pagkatao dahil hinihikayat nito ang mag-aaral na ipakita ang kanilang pagpapahalaga sa magalang na usapan. Sa pagbuo ng slogan, naipahahayag nila ang kanilang sariling paninindigan at pagpapahalaga bilang isang indibidwal.

Opsiyon A: Video Analysis: Pagsusuri sa Talakayan batay sa mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng **paglipat** dahil hinihingi nito sa mag-aaral na suriin ang isang tunay na halimbawa ng talakayan gamit ang mga natutuhang konsepto. Hindi lamang pagsasaulo ng tuntunin ang layunin kundi ang kakayahang

Rubrik sa Pagwawasto:

Pamantayan	Napakahusay (10)	Mahusay (8)	Katamtaman (6)	Nangangailangan ng Pag-unlad (4)
Orihinalidad at Pagkamalikhain	Natatangi at malikhain ang konsepto; makatawag-pansin ang pamagat at tagline	Malikhain ngunit may pagkakahawig sa karaniwang vlog	May ilang elemento ng pagkamalikhain ngunit hindi gaanong orihinal	Walang ipinakitang pagka-malikhain
Lalim ng Paksa	Malalim at makabuluhan ang napiling paksa; may malinaw na argumento	May lalim ngunit hindi gaanong nabigyang-diin ang argumento	Mababaw ang pagtalakay sa paksa	Hindi malinaw ang paksa
Paglalapat ng Kritikal na Talakayan	Malinaw na naipakita ang paggalang sa opinyon, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa personalan	Dalawa sa tatlong elemento ang malinaw na naipakita	Isa sa tatlong elemento ang malinaw na naipakita	Walang elemento ng kritikal na talakayan
Organisasyon ng Konsepto	Maayos at lohikal ang daloy ng outline; kompleto ang mga elemento	Maayos ngunit may isang elementong kulang	Hindi gaanong maayos ang dalawang elemento	Magulo at hindi kumpleto

2. Paglalahat

Opsiyon A: Exit Ticket: Ang Aking Natutuhan Sa Araw na Ito

Panuto: Sagutan ang Exit Ticket na template na nasa ibaba. Maglalagay ng isang kahon, envelope o basket na may label na "EXIT TICKET" malapit sa pinto o sa isang bahagi ng silid na

makita ang mga ito sa aktuwal na sitwasyon at suriin kung paano ito inilapat o nilabag. Nakatuon ang gawaing ito sa **kahusayan** dahil hinahasa nito ang kakayahan ng mag-aaral na iangkop ang kanilang natutuhan sa pagsusuri. Sa pamamagitan ng paglalapat ng teorya sa praktikal na halimbawa, napatitibay ang kanilang pag-unawa at nagkakaroon ng mas malalim na kasanayan.

Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:

**Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinyon ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.*

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 6

Opsiyon B: Direkta at Porma

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng Paglipat dahil hinihingi nito sa mag-aaral na magpahayag ng sariling pananaw tungkol sa isang konseptong natutuhan. Hindi lamang pagsasaulo ng kahulugan ng ad hominem ang layunin kundi ang kakayahang bumuo ng sariling argumento at ipaliwanag ito nang malinaw batay sa personal na pag-unawa. Nakatuon ang gawaing ito sa

madadaanan ng mga mag-aaral habang lumalabas. Maglalaan ng 10-12 minuto sa huling bahagi ng klase para sa gawaing ito.

Opsiyon B: *Slogan Making: "Magalang na Talakayan, Susi sa Kaunlaran"*

Panuto: Gumawa ng isang orihinal na slogan tungkol sa temang "Magalang na Talakayan, Susi sa Kaunlaran." Maikli, makabuluhan, at madaling tandaan. Isulat sa bond paper, lagyan ng disenyo o kulay kung nais at ipasa sa itinakdang araw.

Gabay sa Pagbuo ng Slogan:

1. Ano ang mensaheng nais mong iparating?
2. Paano mo iuugnay ang magalang na talakayan sa kaunlaran?
3. Ano-ano ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan ang nais mong bigyang-diin?

Rubrik sa Pagwawasto:

Pamantayan	**Napakahusay (15)**	**Mahusay (12)**	**Katamtaman (9)**	**Nangangailangan ng Pag-unlad (6)**
Kaangkupan sa Tema	Lubos na naipahayag ang temang "Magalang na Talakayan, Susi sa Kaunlaran"	Naipahayag ang tema ngunit may bahagyang pagkaligaw	Hindi gaanong naipakita ang tema	Walang kaugnayan sa tema
Kalinawan ng Mensahe	Malinaw at madaling maunawaan ang mensahe	Malinaw ngunit may kaunting kalituhan	Hindi gaanong malinaw ang mensahe	Hindi maunawaan ang mensahe
Orihinalidad at Pagkamalikhain	Natatangi at malikhain; may mahusay na paggamit ng salita	May pagkamalikhain ngunit hindi gaanong orihinal	May pagkakahawig sa karaniwang slogan	Hindi kinakitaan ng pagiging malikhain

kahusayan dahil hinahasa nito ang kakayahan ng mag-aaral na ipaliwanag ang konsepto nang malalim at may sariling perspektiba. Sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay, nasusukat kung gaano nila naunawaan ang paksa at kung kaya nilang gamitin ito sa pagbuo ng makabuluhang diskurso.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 9) Gawain Bilang 7

Opsiyon A: Vlog: Igagalang ang Opinyon, Uunlad ang Diskusyon

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng Paglipat dahil hinihingi nito sa mag-aaral na gumamit ng teknolohiya upang ipahayag ang kanilang pag-unawa at pagpapahalaga sa isang konsepto. Hindi lamang pagsasaulo ng kahalagahan ng paggalang sa opinyon ang layunin kundi ang kakayahang lumikha ng isang produktong multimedia na maaaring magbahagi nito sa mas malaking audience. Nakatuon ang gawaing ito sa pagkilos dahil hinihikayat nito ang mag-aaral na kumilos gamit ang teknolohiya upang palaganapin ang mahalagang mensahe. Ang paggawa ng vlog ay isang kongkretong aksiyon na nagpapakita ng kanilang paninindigan at kakayahang mag-ambag sa diskurso gamit ang makabagong midyum.

Opsiyon B: Kuwentong Buhay: Ang Aming Maikling Usapan

Disenyo at Presentasyon	Maayos, malinis, at kaakit-akit ang kabuoang anyo	Maayos ngunit simple ang disenyo	May konting ayos ngunit hindi kaakit-akit	Magulo at hindi maayos

3. Pagtataya

Opsiyon A: ***Video Analysis: Pagsusuri ng Talakayan batay sa mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan***

Panuto: Manood ng isang video ng talakayan mula sa ibibigay na listahan ng guro o mula sa iyong sariling pagsasaliksik (na may pahintulot ng guro). Habang nanonood, magtala ng mahahalagang obserbasyon gamit ang talahanayan sa ibaba.



VIDEO ANALYSIS

Pagsusuri ng Talakayan batay sa mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan

PANGALAN

MODA NG DISKURSO

ASPEKTO NG TALAKAYAN	IYONG OBSERBASYON
Paksa ng Talakayan	Ano ang pinag-uusapan?
Mga Kalahok	Sino-sino ang nagsasalita? Ilan sila? Ano ang papel ng bawat isa?
Tagal	Gaano kahaba ang video?
Moda ng Diskurso	Anong uri ng talakayan ito? (FGD, Debate, Forum, Vlog, iba pa)
Paggamit ng Ebidensiya	Gumamit ba sila ng ebidensiya? Anong uri? (statistika, eksperto, personal na karanasan, atbp.)
Paggalang sa Opinyon	Ipinakita ba nila ang paggalang sa isa't isa? Paano?
Pag-iwas sa Personalan	May ad hominem ba o personal na pag-atake? Kung meron, magkano at paano?
Pagsunod sa Hakbang	May malinaw ba na simula, gitna, at wakas ang talakayan? May moderator ba?

Larawan na nabuo ng AI

Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng **paglipat** dahil hinihingi nito sa mag-aaral na iugnay ang kanilang natutuhan sa kanilang pamilya. Hindi lamang sa loob ng klasrum ginagamit ang kritikal na talakayan kundi maging sa tahanan—sa pakikipag-usap sa mga magulang at nakatatanda. Ito ay isang kongkretong hakbang upang maging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay ang mga konseptong natutuhan sa paaralan. Nakatuon ang gawaing ito sa **pagkatao** dahil hinihikayat nito ang mag-aaral na pahalagahan ang kanilang pamilya at ang komunikasyon sa loob nito. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa magulang, natutuklasan nila ang halaga ng paggalang sa nakatatanda, ang kahalagahan ng pakikinig, at ang lalim ng ugnayang pampamilya na naipapakita sa pamamagitan ng maayos na talakayan.

Pumili ng isang video ng talakayan mula sa mga sumusunod na mungkahi:

MODA NG DISKURSO	MUNGKAHING VIDEO
FGD (Focus Group Discussion)	Dokumentaryong "K-to12: Sang-ayon ka ba?" mula sa YouTube
Debate	"PiliPinas Debates 2022" (bahagi ng pangulong debate)
Forum	"Senate Hearing on ABS-CBN Franchise"
Vlog	"Kuwentong Wika: Dapat bang Ipanukala ang Filipino bilang Wika ng SY 2020-2021?"
Panel Discussion	"Talakayan: Mental Health Awareness sa Paaralan"

Opsiyon B: Direkta at Porma
Panuto: Sumulat ng isang maikling sanaysay na may 150-200 salita tungkol sa kahalagahan ng pag-iwas sa ad hominem sa talakayan. Ang iyong sanaysay ay dapat na nagpapakita ng malalim na pag-unawa sa konseptong ito at kung paano ito nakaapekto sa kalidad ng ating pakikipagtalastasan. Isulat ito sa malinis na papel o dokumento at ipasa sa itinakdang araw.

Gamit ang iyong balangkas, simulan nang isulat ang iyong sanaysay. Tandaan ang mga sumusunod na gabay na tanong habang sumusulat:
Para sa Panimula:
- Ano ang ad hominem sa sarili mong pag-unawa?
- Bakit ito ang karaniwang ginagawa ng nakararami?
- Ano ang mangyayari sa isang usapan kapag nagkaroon ng personalan?

Para sa Katawan:
- Paano nasisira ng ad hominem ang maayos na talakayan?
- Ano ang epekto nito sa taong inaatake?

- Ano ang epekto nito sa ibang nakikinig o nakikiisa sa usapan?
- Paano naiiba ang pag-atake sa tao sa pag-atake sa idea?
- Ano ang mas magandang kahihinatnan kapag iniiwasan ang personalan?

Para sa Wakas:

- Ano ang nais mong maunawaan ng mambabasa tungkol sa paksang ito?
- Paano natin maisasabuhay ang pag-iwas sa ad hominem sa araw-araw?

Rubrik sa Pagwawasto:

Pamantayan	**Napakahusay (5)**	**Mahusay (4)**	**Katamtaman (3)**	**Nangangaila-ngan ng Pag-unlad (2)**
Pag-unawa sa Konsepto	Malinaw at malalim ang pagpapaliwanag sa kahulugan at kahalagahan ng pag-iwas sa ad hominem	Naipaliwanag ang konsepto ngunit may bahagyang kalituhan	May pagtatangkang ipaliwanag ngunit hindi gaanong malinaw	Hindi naipaliwanag nang maayos ang konsepto
Paggamit ng Halimbawa	May kongkretong halimbawa na lubos na nagpapalinaw sa argumento	May halimbawa ngunit hindi gaanong kongkretong	May binanggit na halimbawa ngunit hindi kaugnay	Walang ibinigay na halimbawa
Organisasyon ng Idea	Lohikal at maayos ang daloy ng panimula, katawan, at wakas	Maayos ang daloy ngunit may bahagyang hindi pagkakaugnay	Hindi gaanong maayos ang organisasyon	Magulo at walang malinaw na daloy
Wika at Gramatika	Wasto ang gramatika,	May 1-2 pagkakamali	May 3-4 na pagkakamali	Maraming pagkakamali

	baybay, at bantas; angkop ang gamit na salita	sa gramatika o baybay		sa gramatika at baybay
Orihinalidad at Sariling Pananaw	Lubos na naipahayag ang sariling pananaw; orihinal ang pagkakasulat	May sariling pananaw ngunit may pagkakahawig sa karaniwang idea	May bahagyang sariling pananaw	Walang sariling pananaw; puro hango sa iba

2. Karagdagang Gawain

Opsiyon A: Vlog: Igalang ang Opinyon, Uunlad ang Diskusyon
Panuto: Gumawa ng 2-3 minutong vlog tungkol sa kahalagahan ng paggalang sa opinyon ng iba. Maaaring mag-isa ka lamang sa vlog, o kaya ay may kausap kang ibang tao (kaibigan, kamag-anak, o kaklase). Ipasa ang iyong vlog sa itinakdang paraan at petsa.

Rubrik sa Pagwawasto:

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	Nangangaila-ngan ng Pag-unlad (2)
Nilalaman at Mensahe	Malinaw at malalim ang pagpapaliwanag sa kahalagahan ng paggalang sa opinyon; may kongkretong halimbawa	Naipaliwanag ang mensahe ngunit may bahagyang kalituhan	May mensahe ngunit hindi gaanong malinaw	Walang malinaw na mensahe
Orihinalidad at Pagkamalikhain	Natatangi at malikhain ang pagkakagawa; may personal	May pagkamalikhain ngunit hindi gaanong	May ilang elemento ng pagiging malikhain	Walang ipinakitang pagiging malikhain

	na kaugnayan	orihinal		
Teknikal na Aspeto	Malinaw ang video at audio; maayos ang editing at lighting	May kaunting teknikal na isyu ngunit hindi nakaapekto sa panonood	May ilang teknikal na problema na nakaapekto sa panonood	Hindi maganda ang kalidad; mahirap panoorin
Epekto at Mensahe	Nakapag-iwan ng malakas na impresyon; nakapupukaw ng pag-iisip	May epekto ngunit hindi gaanong malakas	May kaunting epekto	Walang ipinakitang epekto

Opsiyon B: Kuwentong Bahay: Ang Aming Maikling Usapan

Panuto: Makipag-usap sa iyong magulang, guardian, o nakatatandang kaanak tungkol sa isang napapanahong isyu na pareho kayong interesado o may kinalaman sa inyong pamilya. Pagkatapos ng inyong usapan, sumulat ng isang sanaysay o repleksiyon tungkol sa iyong naging pagninilay. Ipasa ito sa itinakdang araw.

Mungkahing Paksa na Pag- uusapan:

Kategorya	Halimbawa ng Isyu
Edukasyon	Face-to-face classes vs. online learning / Ang bagong curriculum / Mga proyekto sa paaralan
Teknolohiya	Paggamit ng cellphone / Oras sa social media / Online safety
Pamilya at Tahanan	Alituntunin sa bahay / Baon / Mga gawaing bahay
Panlipunan	Halalan / Balita sa telebisyon / Presyo ng bilihin
Kalusugan	Bakuna / Masustansiyang pagkain / Ehersisyo

	 Larawan na nabuo ng AI	

VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Panuto:** Basahin at unawain nang mabuti ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot. 1. Ano ang pangunahing layunin ng kritikal na talakayan? a. Makabuo ng makabuluhang kongklusyon gamit ang lohikal na ebidensiya at paggalang sa opinyon ng iba b. Maipakita ang sariling opinyon nang walang ebidensiya c. Magkaroon ng mabilis na desisyon sa lahat ng paksa d. Maipilit ang sariling idea sa lahat ng kalahok 2. Alin sa sumusunod ang halimbawa ang pagsunod sa tuntunin ng talakayan? a. Paghinto sa pakikinig sa iba, pag-atake sa personal na pagkatao ng iba b. Pagsuporta sa opinyon gamit ang ebidensiya c. Pagbibigay ng opinyon nang walang organisasyon d. Pag-atake sa personal na pagkatao ng iba 3. Ano ang tamang hakbang bago magsimula ang talakayan? a. Ihanda ang ebidensiya o balangkas ng pahayag at ipaalam ang tuntunin sa lahat ng kalahok b. Tapusin ang diskusyon nang walang paghahanda c. Magbigay ng buod ng talakayan d. Tumigil sa pakikinig sa iba 4. Sa isang debate, napansin mong may kalahok na hindi pinapakinggan ang opinyon ng iba. Ano ang nilalabag niya? a. Kalinawan at kaayusan ng talakayan b. Maayos na pagbabahagi ng opinyon c. Paggalang sa opinyon ng kapuwa d. Pagbibigay ng ebidensiya 5. Mahalaga ang feedback pagkatapos ng talakayan para; a. tapusin agad ang diskusyon b. mas mabilis matapos ang klase c. mapagsabihan ang maling opinyon d. mapabuti ang susunod na talakayan at mas maintindihan ang mga hakbang at tuntunin 6. Sa isang blog o vlog, mahalaga ang malinaw at lohikal na ebidensiya para mas a. maganda ang disenyo	**PAGTATAYANG PANGYUNIT** Susi sa Pagwawasto: 1.A 2.B 3.A 4.C 5.D 6.D 7.A 8.A 9.A 10.A Ang gawaing ito ay naglalayong maunawaan at mailapat ng mga mag-aaral ang mga pangunahing tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sitwasyon at pagpili ng tamang sagot. Nakaangkla ito sa **ADDIE Framework**, kung saan malinaw ang implementasyon at pagtataya sa pamamagitan ng structured na multiple-choice questions. Kaugnay nito, sinusuportahan ang **IDF ng MATATAG Curriculum** gamit ang 4Is (Introduction, Interaction, Integration, Insight), kung saan ipinapakilala ang paksa at tuntunin, nakikipag-ugnayan sa iba sa pamamagitan ng talakayan o klaripikasyon ng sagot, naiaangkop ang natutuhan sa praktikal na konteksto, at nagkakaroon ng pagninilay sa kahalagahan ng bawat hakbang. Nalilinang dito ang **critical thinking, communication, collaboration, at creativity**, habang pinapakita kung paano nagiging maayos, makabuluhan, at epektibo ang talakayan sa iba't ibang sitwasyon, kabilang ang

	b. mabilis matapos ang talakayan c. maipakita lamang ang sariling opinyon d. maintindihan ng audience ang argumento kahit asynchronous ang talakayan 7. Alin sa sumusunod ang tamang hakbang habang isinasagawa ang talakayan? a. Pakikinig sa iba at pagbibigay ng ebidensiya sa sariling argumento b. Pagtigil sa pakikinig at pag-atake sa personalidad c. Paglabas sa silid habang may talakayan d. Pagbibigay agad ng buod 8. Ano ang pangunahing benepisyo ng pagsunod sa mga tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan? a. Nakakatulong sa maayos, produktibo, at makabuluhang talakayan b. Nakakatulong sa pagiging dominante ng kalahok c. Hindi mahalaga kung may ebidensiya d. Nakapagpapabilis lamang ng diskusyon 9. Sa video conference, ang isang kalahok ay malinaw at organisado ang pagbabahagi ng opinyon at may ebidensiya. Ano ang ipinapakita nito? a. Maayos na pagsunod sa tuntunin at hakbang b. Hindi kaugnay sa talakayan c. Paglabag sa tuntunin d. Pag-atake sa iba 10. Para mapalakas ang kritikal na pag-iisip ng lahat sa isang talakayan, alin ang pinakamainam gawin? a. Hikayatin ang lahat na magbigay ng ebidensiya at respetuhin ang opinyon ng iba b. Hayaan ang iisang kalahok na palaging mangibabaw c. Ipataw ang sariling idea sa lahat ng oras d. Huwag pansinin ang opinyon ng iba	face-to-face at asynchronous na diskusyon. *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* **Natutukoy ang mga pangunahing tuntunin sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan (hal., paggalang sa opinion ng kapuwa, paggamit ng ebidensiya, at pag-iwas sa pag-atake sa personalidad) mula sa mga binasang gabay o napanood na halimbawa.* **Natutukoy ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan gamit ang iba't ibang moda ng diskurso tulad ng FGD, forum, debate, o vlog.* **Natatasa ang kahalagahan ng mga tuntunin at hakbang sa pagkamit ng maayos at makabuluhang talakayan sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang halimbawang diskusyon (video o tekstwal).*

<table>
<tr>
<td>VII. PAGNINILAY</td>
<td>

<table>
<tr><th>Gabay na Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>1. Sa mga isinagawang gawain, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba’t ibang uri ng teksto?</td><td></td></tr>
<tr><td>2. Anong mga estratehiya sa pagsusuri ng mga tekstong may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?</td><td></td></tr>
<tr><td>3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?</td><td></td></tr>
<tr><td>4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?</td><td></td></tr>
</table>

1. Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.
____
____
____
2. Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.
____
____
____
3. Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan ang aralin.
____
____
____
</td>
<td>Ang gawaing ito ay naglalayong masuri at mapabuti ng guro ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng structured na gabay na tanong at dokumentasyon ng pagtataya. Nakaangkla ito sa ADDIE Framework, kung saan malinaw ang pagtukoy sa mga natutuhan, kahinaan, at estratehiyang epektibo sa pagtuturo, pati na rin ang pagplano ng remedial at follow-up interventions. Sinusuportahan din nito ang IDF ng MATATAG Curriculum gamit ang 4Is (Introduction, Interaction, Integration, Insight), dahil ipinapakita nito ang pag-intindi sa antas ng pagkatuto ng bawat mag-aaral, ang pagtukoy sa mga suliranin sa pag-unawa sa tekstong kultural, ang integrasyon ng epektibong estratehiya, at ang pagninilay sa mga hakbang na makapagpapabuti ng pakikilahok at pag-unawa sa susunod na aralin. Nalilinang dito ang reflective practice, data-driven decision making, at instructional planning skills ng guro, habang direktang nasusuri ang epekto ng pagtuturo, remedial interventions, at suporta mula sa punongguro o superbisor sa pag-unlad ng mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

	4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** ________________________________ ________________________________ ________________________________ 5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** ________________________________ ________________________________ ________________________________ 6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** ________________________________ ________________________________ ________________________________	

MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT			
Aralin	**Kritikal na Pagtalakay Sa mga Napapanahong Isyung Panlipunan**	**Modelong Banghay-Aralin**	10
Manunulat	Ignacio L. Jubahib Jr.		

I. LAYUNIN ***(Pagtukoy sa mga Layunin)***	
Pamantayang Pangnilalaman	*Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kritikal na pag-unawa sa wika at sa mga wika ng Pilipinas tungo sa pagpapahalaga sa Filipino bilang wikang pambansa, gayundin ang mga batayang kaalaman sa komunikasyon at kasanayan sa akademikong Filipino sa pagsusuri ng mga teksto mula sa iba't ibang disiplina, tungo sa mabisang pakikipagdiskurso.*
Pamantayan sa Pagganap	*Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa lipunang Pilipino at nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan hinggil sa mga napapanahong usaping panlipunan.*
Mga Kasanayang Pampagkatuto	Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na Sa pagtatapos ng mga gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang: ● Nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan
II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO	*Department of Education. Filipino 10: Modyul para sa Mag-aaral. DepEd Learning Resources Management and Development System, 2016.* *Department of Education. K to 12 Gabay Pangkurikulum: Filipino. DepEd, 2016.* *Facione, Peter A. Critical Thinking: What It Is and Why It Counts. Insight Assessment, 2015.* *Paul, Richard, and Linda Elder. Critical Thinking: Tools for Taking Charge of Your Learning and Your Life. 3rd ed., Foundation for Critical Thinking, 2014.* *UNESCO. Media and Information Literacy Curriculum for Teachers. UNESCO Publishing, 2011.* *Para sa mga kalakip at dagdag na impormasyon sa ibang gawain, hanapin sa link na ito: https://docs.google.com/document/d/18wYnbjvgQrcs84U-*

	sSW8hzheELwO6ynl/edit?usp=sharing&ouid=112908784282981729496&rtpof=true&sd=true	
III. NILALAMAN	**Kritikal na Pagtalakay Sa mga Napapanahong Isyung Panlipunan**	
IV. TUNGUHIN	**Nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan** a. Natitiyak ang kahulugan at konteksto ng isang napapanahong isyung panlipunan b. Naipakikita ang pagiging bukas ang isipan sa iba't ibang pananaw c. Nakagagamit ng ebidensiya at datos upang suportahan ang argumento.	
V. PAMAMARAAN		**TALA SA GURO**
A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman	1. Paghango sa Dating Kaalaman **Opsiyon A: Alam Ko Ba 'To? Salita Ko, Kahulugan Ko** **KAHIRAPAN** | **GIYERA SA GITNANG SILANGAN** | **COVID-19 PANDEMIC** Anong masasabi mo hinggil sa mga salitang nasa loob ng kahon?	**Opsiyon A: Alam Ko Ba 'To? Salita Ko, Kahulugan Ko:** Para sa gawaing ito, hahayaan ng guro ang lahat ng gustong sumagot upang makuha ang idea ng mga mag-aaral.
	Opsiyon B: Opinyon Mo, Iangat Mo Basahin ang pahayag na ito mula sa isang kilalang personalidad. Kung kayo ay sumasang-ayon sa kaniyang pahayag, itaas ang kanang kamay at kung hindi naman sang-ayon, itaas ang kaliwang kamay.	**Opsiyon B: Opinyon Mo, Iangat Mo**: Para sa gawaing ito, pipili ang guro ng ilang mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

“Kailangan nating gamitin ang teknolohiya upang makatulong sa sangkatauhan, hindi upang makapagdulot ng panganib dito.”
— Elon Musk

Pipili ang guro ng ilang mag-aaral upang ipaliwanag ang kanilang sagot.

</td>
<td>

sagot. Maaari ding pumili ng ibang pahayag ang guro na sa palagay niya ay aakma sa kanyang klase.

</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>

2. Paglalahad ng Layunin
Opsiyon A: Suriin ang Isyu (Think–Pair–Share)
Suriin ang isyung makikita sa poster. Sumulat ng isang reaksiyon hinggil dito.

Binuo mula sa : https://chatgpt.com/

</td>
<td>

Opsiyon A: Suriin ang Isyu (Think–Pair–Share)

Ang gawaing ito ay makikita sa LAS

Sa pamamagitan ng Think–Pair–Share, nalilinang ang **mapanuring pag-iisip, mabisang komunikasyon, pakikipagtulungan, at paggalang sa iba’t ibang pananaw**, na mga mahahalagang kasanayan sa **Senior High School Instructional Framework**.

Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 1

</td>
</tr>
</table>

	Opsiyon B: Mini Forum ng Kabataan ***(Pangkatang Gawain)*** Panuto: Talakayin sa inyong grupo ang mga isyung panlipunang makikita sa ibaba. Sagutin ang tanong na: **“Ano ang dapat gawin ng kabataan upang makatulong sa isyung ito?”** 1. paggamit ng social media ng kabataan 2. mental health awareness 3. pangangalaga sa kalikasan	**Opsiyon B: Mini Forum ng Kabataan** ***(Pangkatang Gawain:*** Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng manila paper na gagamitin sa pagbuo ng mga sagot. Magpagamit ng graphic organizer para sa kanilang gawain.
B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman	1. Paglalahad ng Halimbawa **Opsiyon A:** ***Caterpillar Technique*** **(Pangkatang Gawain)** Panuto: Gamit ang *Caterpillar diagram,* ang mga mag-aaral ay bubunot ng isang isyung panlipunan na nasa kahon. Aalamin kung ano ang sanhi, bunga, at solusyon nito.	**Opsiyon A: Caterpillar Technique** ***(Pangkatang Gawain:*** Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng manila paper na gagamitin sa pagbuo ng mga sagot.

	Upang mapadali ang gawain, maglalahad ang guro ng mga hakbang sa pagtukoy ng sanhi at bunga. ***1. Unawain ang Isyu*** Basahing mabuti ang nabunot na isyung panlipunan. Tukuyin kung ano ang pangunahing problema. **2.** ***Tukuyin ang Sanhi*** Sagutin ang tanong: "Bakit nangyayari ang isyung ito?" Isulat ang isa o higit pang dahilan. ***3. Tukuyin ang Bunga*** Sagutin ang tanong: "Ano ang epekto nito sa tao, komunidad, o bansa?" Ilahad ang mga posibleng resulta o epekto. ***4. Magbigay ng Solusyon*** Sagutin ang tanong: "Paano ito masosolusyunan?" Magmungkahi ng praktikal at makatotohanang paraan. **5.** ***Ilagay sa Caterpillar Diagram*** Isulat sa bawat bahagi ng diagram ang: Ulo: Usaping Panlipunan Katawan: Sanhi at Bunga Buntot: Solusyon	

	 Diskriminasyon sa Kasarian Polusyon Pagtaas ng presyo ng Gasolina Korapsyon Nagbabagong klima	
	Opsiyon B: ***Venn Diagram (Pangkatang Gawain)*** Panuto: Punan ang Venn Diagram gamit ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang usaping panlipunan: *Kahirapan at Kakulangan sa Edukasyon*. Ilahad ang inyong nabuong awtput sa klase at magkakaroon ng pagpapalitan ng kuro-kuro.	**Opsiyon A: Venn Diagram *(Pangkatang Gawain:*** Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng manila paper at panulat na gagamitin sa pagbuo ng

		mga sagot. Gamitin ang *venn diagram* para sa kanilang gawaing ito.
	2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto **Kritikal na Pagtalakay sa mga Napapanahong Usaping Panlipunan** ➢ Ang pagtalakay sa mga napapanahong usaping panlipunan ay isang mahalagang gawain upang masuri at maintindihan ang kalagayan ng lipunan sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng kritikal na pag-iisip, nagkakaroon ng kakayahan ang mga indibidwal na tuklasin ang mga ugat, sanhi, at epekto ng mga usaping panlipunan tulad ng kahirapan, diskriminasyon, at krimen. Hindi lamang ito simpleng paglalahad ng problema kundi masusing pagsusuri na nakabatay sa ebidensiya, obserbasyon, at datos. ➢ Sa kritikal na talakayan, hinahamon ang mga kalahok na hindi agad maniwala sa nakikita o naririnig, kundi suriin ang bawat aspeto ng isyu o usapin. Halimbawa, sa isyu ng paggamit ng social media, tinitingnan hindi lamang ang positibong epekto nito sa komunikasyon, kundi pati ang implikasyon sa mental health at maling impormasyon. Sa	Upang mas epektibong maipaliwanag ang talakayan, maaaring gumamit ang guro ng diskusyon na nakatuon sa problema at solusyon ***(problem-solving discussion).*** Sa pamamagitan nito, nahihikayat ang mga mag-aaral na sumuri sa mga usapin/isyu, matukoy ang sanhi at epekto, at magbigay ng sariling solusyon. Bukod dito, maaari ding gamitin ang ***case study o scenario-based***

	ganitong paraan, nagiging mas mapanuri ang bawat isa at nakagagawa ng mas makabuluhang solusyon. ➢ Bukod dito, ang kritikal na pagtatalakay ay naglalayong linangin ang responsableng pakikilahok sa lipunan. Kapag naiintindihan ang sanhi at epekto ng isang usapin, mas nagiging epektibo ang aksyon ng bawat isa—mula sa simpleng impormasyon sa kapuwa, hanggang sa pagsuporta sa mga programang panlipunan. Halimbawa, sa problemang polusyon, maaaring magsagawa ng mga kampanya sa tamang pagtatapon ng basura o pagtatanim ng puno bilang solusyon.	***approach***, kung saan bibigyan ang mga mag-aaral ng mga totoong halimbawa ng usaping sa lipunan.
	3. Paglinang ng Kabihasaan **Opsiyon A: Mind Map *(Pangkatang Gawain)*** Panuto: Gumawa ng mind map gamit ang papel patungkol sa mga napapanahong usapin sa lipunan. Ilahad sa klase ang nabuong gawain.  	**Opsiyon A: Mind Map *(Pangkatang Gawain:*** Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng manila paper at panulat na gagamitin sa pagbuo ng mga sagot. Gagamitin ang *mind map* para sa gawaing ito. *Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 2*

	Opsiyon B: *Slogan* Panuto: Gumawa ng slogan na naglalarawan ng usaping panlipunan na nararanasan sa kasalukuyan. Ilahad sa klase ang nabuong islogan	**Opsiyon B: Slogan *(Pangkatang Gawain:*** Bibigyan ng guro ang bawat pangkat ng manila paper at panulat na gagamitin sa pagbuo ng mga sagot. Gagamit ng *slogan* para sa gawaing ito.

Pamantayan	4	3	2	1
Nilalaman / Mensahe	Malinaw at lubos na kaugnay sa paksa ang mensahe ng slogan.	Kaugnay sa paksa ngunit may kaunting kakulangan sa linaw.	Bahagyang kaugnay sa paksa.	Hindi kaugnay at hindi malinaw ang mensahe.
Pagkamalikhain	Napakamalikhain at kapansin-pansin ang pagkakabuo ng slogan.	Malikhaing pagkakabuo.	May kaunting pagkamalikhain.	Halos walang pagkamalikhain.
Kalinawan ng Pahayag	Maikli, malinaw, at madaling maunawaan ang slogan.	Medyo malinaw at madaling maunawaan.	Medyo mahirap unawain.	Hindi malinaw ang pahayag.
Kaayusan / Presentasyon	Napakalinis at maayos ang pagkakagawa.	Maayos ang pagkakagawa.	May kaunting kakulangan sa ayos.	Magulo at hindi maayos ang presentasyon.

C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan	1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon **Opsiyon A: Suriin at Magpahayag ng Opinyon (Indibidwal na gawain)** Basahin ang sanaysay hinggil sa kahirapan sa Pilipinas. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba upang mailahad ang kritikal na pag-unawa. *Ang kahirapan ay nananatiling isa sa pinakamalaking hamon na kinahaharap ng Pilipinas sa kasalukuyan. Sa kabila ng pag-unlad ng ekonomiya, marami pa ring Pilipino ang hindi nakikinabang dito. Ang kakulangan sa sapat na oportunidad sa trabaho, mababang sahod, at hindi pantay na distribusyon ng yaman ay ilan lamang sa mga pangunahing sanhi ng patuloy na paglaganap ng kahirapan sa bansa.* *Malaki ang epekto ng kahirapan sa iba't ibang aspeto ng lipunan. Maraming kabataan ang napipilitang tumigil sa pag-aaral upang makatulong sa kanilang pamilya, na nagiging hadlang sa kanilang personal na pag-unlad. Bukod dito, nagdudulot din ito ng iba pang suliranin tulad ng malnutrisyon, kakulangan sa serbisyong pangkalusugan, at pagtaas ng antas ng kriminalidad. Dahil dito, lalo pang nahihirapan ang bansa na makamit ang pangmatagalang kaunlaran.* *Upang masolusyunan ang kahirapan, kinakailangan ang komprehensibong aksiyon mula sa pamahalaan at mamamayan. Mahalaga ang pagpapatupad ng mga programang lilikha ng mas maraming trabaho, pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon, at pagsuporta sa maliliit na negosyo. Sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at responsableng pamamahala, may pag-asa ang Pilipinas na mabawasan ang kahirapan at makamit ang mas inklusibong pag-unlad.* *Halaw mula sa*	**Opsiyon A: Suriin at Magpahayag ng Opinyon *(Indibidwal na Gawain:*** Bibigyan ng pagkakataon ng guro ang mga mag-aaral para sumuri tungkol sa napapanahong usapin sa lipunan at batay sa katanungang nakahanda.

	Mga Tanong: 1. Paano nagkakaroon ng ugnayan ang kakulangan sa trabaho, mababang sahod, at hindi pantay na distribusyon ng yaman sa patuloy na paglala ng kahirapan sa Pilipinas? 2. Sa iyong palagay, alin sa mga epekto ng kahirapan ang may pinakamalaking impluwensiya sa pag-unlad ng bansa? Ipaliwanag ang iyong sagot. 3. Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa pagbawas ng epekto ng kahirapan sa iyong komunidad? 4. Magdisenyo ng isang programa na maaaring ipatupad ng pamahalaan o paaralan upang makatulong sa kabataang apektado ng kahirapan. 5.Sa tingin mo, gaano kahalaga ang papel ng edukasyon sa paglutas ng kahirapan kumpara sa pagbibigay ng trabaho? Ipaliwanag ang iyong pananaw.	

	Opsiyon B: Paglinang sa Kasanayan at Kamalayan: Mga Gawain Batay sa Multiple Intelligences sa Pag-aaral ng mga Usaping Panlipunan *1. Linguistic Intelligence (Word Smart)* Gawain: Sanaysay o Editoryal Sumulat ng isang maikling sanaysay o editoryal tungkol sa napiling usaping panlipunan (hal. cyberbullying). Ipaliwanag ang sanhi, epekto, at posibleng solusyon nito. *2. Logical-Mathematical Intelligence (Number/Logic Smart)* Gawain: Data Analysis Chart Mangalap ng simpleng datos (maaaring galing sa klase o obserbasyon) tungkol sa isyu tulad ng diskriminasyon. Gumawa ng graph o tsart at suriin ang mga resulta. *3. Visual-Spatial Intelligence (Picture Smart)* Gawain: Poster Making Gumawa ng poster campaign na nagpapakita ng kamalayan at solusyon sa usapin/isyu (hal. anti-cyberbullying o environmental protection). *4. Bodily-Kinesthetic Intelligence (Body Smart)* Gawain: Role Play o Dula-dulaan Ipakita sa pamamagitan ng maikling dula ang sitwasyon ng diskriminasyon o cyberbullying at kung paano ito maiiwasan o malulutas. *5. Musical Intelligence (Music Smart)* Gawain: Awit o Jingle Gumawa ng isang maikling awit o jingle na nagpapakita ng mensahe laban sa cyberbullying o para sa pangangalaga ng kalikasan.	**Opsiyon B: Paglinang sa Kasanayan at Kamalayan: Mga Gawain Batay sa Multiple Intelligences sa Pag-aaral ng mga Usaping Panlipunan** Malaya ang guro na pumili ng ilanmang gawain para sa kaniyang klase. Sa pamamagitan ng paggamit ng Multiple Intelligences, ang mga mag-aaral ay nabibigyan ng pagkakataong matuto sa paraang angkop sa kanilang natatanging estilo ng pagkatuto—maaaring sa pamamagitan ng pagsusulat, pag-aanalisa ng datos, paglikha ng sining, pag-arte, musika, pakikipagtalakayan, personal na repleksiyon, at pangangalaga sa kalikasan. Sa ganitong paraan, mas nagiging malalim ang kanilang pag-unawa sa mga usaping panlipunan tulad ng diskriminasyon,

	6. *Interpersonal Intelligence (People Smart)* Gawain: Group Discussion / Forum Magkaroon ng talakayan sa grupo tungkol sa mga epekto ng isyung panlipunan at magmungkahi ng kolektibong solusyon. *7. Intrapersonal Intelligence (Self Smart)* Gawain: Reflective Journal Sumulat ng repleksyon kung paano ka mismo makatutulong upang maiwasan o masolusyunan ang napiling isyu.	cyberbullying, at mga suliraning pangkapaligiran. Layunin din ng mga gawaing ito na hubugin ang kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, pakikipagkapuwa, at responsibilidad ng mga mag-aaral upang maging aktibong mamamayan na may malasakit sa lipunan. Sa kabuoan, ang disenyo ay nakatuon sa holistikong pagkatuto na nag-uugnay sa akademikong kaalaman at tunay na karanasan sa lipunan.

PANGKALAHATANG RUBRIK SA PAGMAMARKA:

Pamantayan	***Napakahusay (4)***	***Mahusay (3)***	***Katamtaman (2)***	***Nangangailangan pa ng Pag-unlad (1)***
Nilalaman (Content)	Lubos na malinaw, kumpleto, at tama ang paliwanag ng usaping panlipunan at mga solusyon.	Malinaw at tama ang nilalaman, ngunit may kaunting kakulangan sa detalye.	May limitadong paliwanag at hindi gaanong malinaw ang ilang bahagi.	Kulang ang nilalaman at hindi malinaw ang idea ng isyu.
Kaugnayan sa Isyu (Relevance)	Ang gawain ay tuwirang tumutugon at napakaangkop sa napiling usaping panlipunan.	Karamihan ng nilalaman ay may kaugnayan sa usapin.	May ilang bahagi lamang na may kaugnayan sa isyu.	Hindi gaanong nauugnay ang gawain sa paksa.
Pagkamalikhain (Creativity)	Napakamalikhain, orihinal, at epektibong naipahayag ang idea gamit ang napiling gawain.	Malikhain at maayos ang presentasyon ng idea.	May kaunting pagkamalikhain, ngunit karaniwan lamang ang presentasyon.	Kulang sa pagkamalikhain at hindi kapansin-pansin ang presentasyon.
Organisasyon (Organization)	Maayos, malinaw, at lohikal ang pagkakasunod-sunod ng ideya.	Maayos ngunit may ilang bahagi na hindi ganap na malinaw.	Medyo magulo ang presentasyon ng idea.	Hindi maayos at mahirap sundan ang idea.

Kooperasyon (para sa group work)	Lahat ng kasapi ay aktibong nakilahok at nag-ambag.	Karamihan ay nakilahok sa gawain.	Kaunti lamang ang aktibong nakilahok.	Hindi nagpakita ng kooperasyon ang grupo.

2. Paglalahat

Opsiyon A: TULA (Indibidwal na Gawain)

Panuto: Sumulat ng isang tula tungkol sa isang usaping panlipunan. May kalayaan ang mag-aaral na pumili ng anumang estilo sa pagbuo ng tula: malayang taludturan (free verse) o tradisyonal na tula (may sukat at may tugma) .

Pamantayan	4	3	2	1
Nilalaman / Mensahe	Malinaw, makabuluhan, at kawili-wili ang tema ng tula.	Maayos ang tema ngunit may kaunting kakulangan sa lalim o kahulugan.	Bahagya ng malinaw ang tema.	Hindi malinaw o walang kaugnayan ang tema.
Pagkamalikhain	Napakamalikhain at kapansin-pansin ang paggamit ng mga salita at imahen.	Malikhain ng paggamit ng salita ngunit hindi lubos na kapansin-pansin.	Karaniwan lamang ang paggamit ng salita.	Halos walang pagkamalikhain sa tula.

Opsiyon A: TULA (Indibidwal na Gawain)*:* Bibigyan ng pagkakataon ng guro ang mga mag-aaral para sumulat ng isang tula tungkol sa isang usaping panglipunan.

Kaayusan at Organisasyon	Maayos at magkakaugnay ang daloy ng mga taludtod.	Medyo maayos ang daloy ng mga taludtod.	Hindi gaanong maayos ang daloy ng tula.	Magulo at hindi organisado ang tula.
Gramatika at Wastong Gamit ng Wika	Halos walang mali sa baybay, bantas, at gramatika.	May ilang mali ngunit hindi nakakaapekto sa pag-unawa.	Maraming mali na bahagyang nakakaapekto sa pag-unawa.	Napakaraming mali na nagpapahirap sa pag-unawa.

Opsiyon B: Pagsulat ng Sanaysay

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa napapanahong usaping panlipunan. Kinakailangan na may simula, katawan at wakas.

Bago sumulat ng sanaysay, mahalagang maunawaan muna ang tamang bahagi at daloy nito upang maging maayos, malinaw, at organisado ang idea.
Ang sanaysay ay binubuo ng tatlong pangunahing bahagi: simula, katawan, at wakas.

1. Sa *simula* (introduksiyon), dito ipinapakilala ang paksa o isyu/usaping tatalakayin. Dapat nitong makuha ang atensiyon ng mambabasa at magbigay ng maikling idea kung tungkol saan ang sanaysay.
2. Sa *katawan* (body), dito inilalahad ang mga pangunahing idea. Kabilang dito ang paliwanag sa sanhi, epekto, at iba pang mahahalagang detalye ng paksa. Dapat malinaw at may

Opsiyon B: Pagsulat ng Sanaysay *(Indibidwal na Gawain:* Bibigyan ng pagkakataon ng guro ang mga mag-aaral para sumulat ng isang sanaysay tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan.

lohikal na pagkakasunod-sunod ang mga pangungusap upang madaling maunawaan ng mambabasa.

3. Sa *wakas* (conclusion), dito binubuod ang buong idea ng sanaysay. Maaaring magbigay ng sariling pananaw, kongklusyon, o mungkahing solusyon sa isyu/usaping tinalakay.

Sa pamamagitan ng tamang pagsunod sa tatlong bahaging ito, mas nagiging malinaw, maayos, at epektibo ang pagsulat ng isang sanaysay.

Pamantayan	**4**	**3**	**2**	**1**
Nilalaman at Kaugnayan sa Paksa	Malinaw, makabuluhan, at lubos na kaugnay sa paksa ang mga idea sa sanaysay.	Kaugnay sa paksa ngunit may kaunting kakulangan sa pagpapaliwanag.	Bahagyang kaugnay sa paksa ang nilalaman.	Hindi malinaw at hindi kaugnay sa paksa ang mga idea.
Organisasyon ng Ideya	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng idea (may panimula, gitna, at wakas).	Medyo maayos ang daloy ng idea.	Hindi gaanong maayos ang pagkakaayos ng idea.	Magulo at walang malinaw na organisasyon.
Gramatika at Wastong Gamit ng Wika	Halos walang mali sa gramatika, baybay, at bantas.	May ilang mali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	Maraming mali na bahagyang nakaaapekto sa pag-unawa.	Napakaraming mali na nagpapahirap sa pag-unawa.
Pagkamalikhain at Estilo	Malikhain at kawili-wili ang paraan ng pagpapahayag.	Maayos ang pagpapahayag ngunit hindi gaanong malikhain.	Karaniwan lamang ang pagpapahayag.	Halos walang pagkamalikhain sa pagpapahayag.

	3. Pagtataya **Opsiyon A: Maikling Pagsusulit** Panuto: Basahin at unawain nang mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot. 1. Ano ang layunin ng kritikal na pag-iisip sa pagsusuri ng usaping panlipunan? a. Tuklasin ang ugat, sanhi, at epekto ng problema b. Paniwalaan agad ang lahat ng impormasyon c. Iwasan ang pakikilahok sa lipunan d. Magpalaganap ng tsismis at maling impormasyon 2. Ano ang maaaring epekto ng hindi kritikal na pagsusuri sa social media? a. Pagkalat ng maling impormasyon at negatibong implikasyon sa mental health b. Paglinaw ng mahahalagang impormasyon c. Pagpapalawak ng tama at beripikadong balita d. Pagiging mas responsable sa paggamit ng teknolohiya 3. Paano hinahamon ng kritikal na talakayan ang mga kalahok? a. Suriin ang bawat aspeto ng usapin bago maniwala b. Tanggapin agad ang nakikita at naririnig c. Ipagwalang-bahala ang mga datos d. Magpokus lamang sa sariling opinyon 4. Bakit mahalaga ang pagtalakay sa mga napapanahong isyung panlipunan? a. Upang masuri at maintindihan ang kalagayan ng lipunan b. Upang makagawa ng sariling libangan c. Upang makalimot sa mga problema d. Upang makipagpaligsahan sa debate 5. Bakit hindi sapat ang simpleng paglalahad ng problema sa lipunan? a. Kailangan ng masusing pagsusuri batay sa ebidensiya b. Mas maganda kung puro opinyon lamang c. Hindi mahalaga ang sanhi at epekto d. Mas mabilis matapos ang talakayan kung walang pagsusuri	**Opsiyon A: Maikling Pagsusulit** *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* Ang pagtatayang ito ay nakatuon sa pagsusuri kung gaano kahusay na nauunawaan ng mga mag-aaral ang **"Kritikal na Pagtalakay sa mga Napapanahong Usaping Panlipunan"**

6. Paano nagiging mas mapanuri ang mga kalahok sa kritikal na talakayan?
    a. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mabuti at masamang epekto ng isang isyu
    b. Sa pamamagitan ng pagtanggap sa lahat ng opinyon nang walang tanong
    c. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa anumang diskusyon
    d. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng hindi beripikadong impormasyon
7. Bakit mahalaga ang pag-unawa sa sanhi at epekto ng isang usapin?
    a. Upang maging epektibo ang aksiyon sa paglutas ng problema
    b. Upang makaiwas sa anumang responsibilidad
    c. Upang magpalaganap ng personal na opinyon lamang
    d. Upang manahimik sa harap ng problema
8. Ano ang layunin ng kritikal na pagtatalakay sa lipunan?
    a. Linangin ang responsableng pakikilahok sa lipunan
    b. Iwasan ang pakikilahok sa mga problema
    c. Palakihin lamang ang debate at pagtatalo
    d. Magpalaganap ng personal na agenda
9. Paano maaaring tumulong ang bawat isa sa paglutas ng problemang polusyon?
    a. Pagsasagawa ng kampanya sa tamang pagtatapon ng basura at pagtatanim ng puno
    b. Pagwawalang-bahala sa kalikasan
    c. Pagsusunog ng basura sa paligid
    d. Pagpapalawak ng polusyon sa komunidad
10. Ano ang epekto ng kritikal na pagtatalakay sa mga indibidwal?
    a. Nagiging mapanuri, responsable, at aktibong mamamayan
    b. Nagiging ignorante sa mga usaping panlipunan
    c. Nagiging mas *passive* sa lipunan
    d. Nagiging mabilis maniwala sa tsismis

	Opsiyon B: Repleksiyon Panuto: Sumulat nang maikling repleksiyon tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan (halimbawa: kahirapan, polusyon, *fake news*, diskriminasyon, o cyberbullying). Ibahagi sa iyong repleksiyon ang sariling pananaw, damdamin, at mga natutuhan mula sa ito, gayundin ang mga paraan kung paano ka makatutulong bilang isang mag-aaral sa paglutas o pagpapabuti ng sitwasyon. Hindi dapat bumaba sa 150 na mga salita ang isusulat na repleksiyon.	**Opsiyon B: Repleksiyon** *Tumutugon ito sa pagtatamo ng hinimay na kasanayang pampagkatuto na:* Ang pagtatayang ito ay nakatuon sa pagsusuri kung gaano kahusay na nauunawaan ng mga mag-aaral ang **"Kritikal na Pagtalakay sa mga Napapanahong Usaping Panlipunan"** ***Tingnan sa LAS (Para sa Modelong Banghay Aralin 10) Gawain Bilang 3***

Pamantayan	4	3	2	1
Kaugnayan sa Paksa	Lubos na malinaw ang kaugnayan ng repleksiyon sa usaping panlipunan at naipaliwanag nang mabuti ang idea.	May malinaw na kaugnayan sa paksa ngunit may kaunting kakulangan sa pagpapaliwanag.	Bahagyang may kaugnayan sa paksa.	Hindi malinaw ang kaugnayan sa paksa.
Lalim ng Pagmumuni-muni	Malalim at makabuluhan ang sariling pananaw at damdamin tungkol sa usapin.	May malinaw na pananaw ngunit kulang sa lalim.	May kaunting pagpapahayag ng pananaw.	Halos walang sariling pagninilay o pananaw.

	Gramatika at Wastong Gamit ng Wika	Halos walang mali sa gramatika, baybay, at bantas.	May ilang mali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	Maraming mali na bahagyang nakaaapekto sa pag-unawa.	Napakaraming mali sa gramatika na nagpapahirap sa pag-unawa.	
	Kaayusan at Organisasyon ng Idea	Maayos, malinaw, at magkakaugnay ang mga idea.	Medyo maayos ang daloy ng idea.	Hindi gaanong maayos ang pagkakaayos ng idea.	Magulo at hindi organisado ang mga idea.	

1. Karagdagang Gawain:

Opsiyon A: Pagsusuri ng Datos at Pagbuo ng Argumento

Panuto:Tukuyin ang dalawang mahalagang datos o ebidensiya mula sa ibinigay na impormasyon. Gumawa ng isang maikling argumento (3–4 pangungusap) tungkol sa paksa.

> "Batay sa datos, 70% ng kabataan ay gumagamit ng cellphone nang higit sa limang oras kada araw, malinaw na malaki ang impluwensiya nito sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Ipinapakita rin ng datos na bumababa ang oras sa pag-aaral kapag tumataas ang oras sa social media. Samakatuwid, mahalagang magkaroon ng wastong limitasyon sa paggamit ng cellphone."

	Opsiyon B:Mini-Debate Gamit ang Ebidensya Panuto: Magsagawa ng isang maikling debate hinggil sa sumusunod na usapin: *"Dapat bang limitahan ang paggamit ng cellphone ng mga mag-aaral sa paaralan?"* 1. Hahatiin ang klase sa dalawang pangkat: Pangkat A (Sang-ayon) Pangkat B (Tutol) 2. Bawat pangkat ay kailangang: 2.1Magbigay ng hindi bababa sa tatlong (3) ebidensiya o datos mula sa mapagkakatiwalaang sanggunian (artikulo, sarbey, o ibinigay na teksto) 2.2 Maglahad ng malinaw na argumento upang ipagtanggol ang kanilang panig 3. Daloy ng Debate: 3.1. Pagbubukas ng argumento (Opening statement) 3.2. Paglalahad ng mga ebidensiya 3.3. Pagsagot o Rebuttal sa kabilang panig 3.4. Pangwakas na pahayag (Closing statement) 4. Ang bawat mag-aaral ay inaasahang makibahagi sa talakayan at magpakita ng kritikal na pag-iisip, paggalang sa opinyon ng iba, at malinaw na pagpapahayag ng idea.	

VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT	**Obhetibong Pagtataya** ***A. Social Media at Impormasyon*** 1. Napansin ni Ana na maraming kaklase niya ang agad nagbabahagi ng balita sa social media kahit hindi pa ito nasusuri kung totoo. Ano ang pinakamainam na gawin ni Ana upang makatulong sa responsableng paggamit ng social media ? A. Sabayan na lamang ang pagbabahagi ng balita B. Suriin muna ang pinagmulan ng impormasyon bago ito paniwalaan o ibahagi C. Huwag nang gumamit ng social media D. Balewalain ang mga balita sa internet 2. May kumalat na video tungkol sa isang isyu sa komunidad. Maraming tao ang agad na na nagbigay ng opinyon kahit kulang ang detalye. Alin ang nagpapakita ng kritikal na pag-iisip? A. Maniwala agad sa video B. Makisali sa komentaryo kahit hindi sigurado C. Alamin muna ang buong konteksto at ibang pananaw bago magbigay ng opinyon D. I-share agad ang video **B. Kalikasan at Responsibilidad ng Mamamayan** 3. Ang isang barangay ay may problema sa basura sa ilog. Nagkaroon sila ng pulong upang pag-usapan ito. Alin ang pinakamainam na ambag ng isang mamamayan sa talakayan? A. Sisihin ang ibang tao B. Magmungkahi ng konkretong solusyon	Ang **Pagtatayang Pangyunit** na ito ay nakatuon sa kritikal na talakayan ng napapanahong usaping panlipunan at naka-align sa Instructional Design Framework ng SHS dahil: 1. Higher Order Thinking Skills (HOTS) – Sinusukat ang pagsusuri, pag-evaluate, at aplikasyon ng kaalaman sa totoong sitwasyon. 2. Kontekstuwalisadon g Pagkatuto – Nakatuon sa social media, kalikasan, mental health, at community issues na malapit sa karanasan ng mag-aaral. 3. Paglinang ng Kritikal na Talakayan – Hinahasa ang kakayahang makinig, magbigay ng opinyon, at gumamit ng

	C. Huwag makialam sa usapan D. Magreklamo lamang 4. Sa isang paaralan, may mungkahi na ipagbawal ang paggamit ng plastik sa kantina. May ilang mag-aaral na tutol dito. Ano ang pinakamainam na paraan upang magkaroon ng makabuluhang talakayan? A. Ipilit ang isang opinyon lamang B. Makinig sa magkabilang panig C. Iwasan ang pag-uusap tungkol dito D. Sumunod na lamang sa opinyon ng karamihan **C. Usaping Pangkomunidad** 5. May plano ang lokal na pamahalaan na magtayo ng bagong parke ngunit may ilang residente na nag-aalala sa gastos nito. Ano ang pinakamainam na hakbang upang masuri nang maayos ang isyu? A. Tutulan agad ang proyekto B. Suriin ang benepisyo at gastos C. Huwag nang makialam D. Sundin lamang ang desisyon ng iba 6. Sa isang talakayan tungkol sa trapiko sa lungsod, may mga taong nagkakaiba ang opinyon. Ano ang nagpapakita ng tamang pakikilahok sa diskusyon? A. Putulin ang pagsasalita ng iba B. Magbigay ng opinyon na may paliwanag C. Magalit sa mga hindi sumasang-ayon D. Umalis sa talakayan	ebidensiya sa argumentasyon. 21st Century Skills – Pinapaunlad ang critical thinking, problem solving, communication, at responsableng paggamit ng impormasyon. PISA-Type Approach – Gumagamit ng real-life scenarios upang masukat ang analytical thinking at application ng kaalaman. Kongklusyon: Ang pagtataya ay naghahanda sa mga mag-aaral na maging mapanuri, responsable, at aktibong mamamayan sa lipunan. *Susing Kasagutan:*

	D. Kabataan at Panlipunang Isyu 7. May programa ang paaralan tungkol sa mental health awareness. Bakit mahalagang pag-usapan ito nang kritikal? A. Upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa B. Para magkaroon lamang ng aktibidad sa paaralan C. Dahil uso ang paksa D. Para makaiwas sa pag-aaral 8. Napansin ng mga mag-aaral na kakaunti ang puno sa kanilang komunidad. Ano ang pinakamainam na hakbang upang matugunan ito? A. Magreklamo lamang sa social media B. Magmungkahi sa barangay tungkol sa tree Planting C. Balewalain ang problema D. Hayaang ang ibang tao ang gumawa ng solusyon **E. Kritikal na Pagpapasya** 9. Kapag may magkakaibang opinyon sa isang usaping panlipunan, ano ang pinakamahalagang gawin upang magkaroon ng maayos na talakayan? A. Ipahayag ang opinyon nang walang pakikinig sa iba B. Igalang ang iba't ibang pananaw C. Iwasan ang paksa D. Sundin ang opinyon ng karamihan	1.B 2.C 3.B 4.B 5.B 6.B 7.A 8.B 9.B 10.A 11.B 12.B 13.B 14.B 15.B

	10. Bakit mahalaga ang paggamit ng ebidensya sa pagtalakay ng mga isyung panlipunan? A. Upang maging mas kapani-paniwala at makatotohanan ang argumento B. Upang mas humaba ang talakayan ng mga ebidensiya sa argumento C. Upang makipagtalo lamang D. Upang ipilit ang sariling opinyon **F. Case Analysis** 11. May proyekto ang paaralan na "Plastic-Free Campus." May ilang mag-aaral na nagsasabing mahirap itong ipatupad. Ano ang pinakamainam na paraan upang masuri ang usapin? A. Itigil agad ang proyekto B. Pag-aralan ang pagpapatupad C. Huwag pansinin ang opinyon ng iba D. Magreklamo sa social media 12. Sa isang debate tungkol sa online learning, may mga mag-aaral na nagsasabing mas maganda ito habang ang iba ay hindi sang-ayon. Alin ang nagpapakita ng kritikal na pag-iisip? A. Pumili agad ng panig B. Suriin ang mga benepisyo at hamon ng online learning C. Manahimik na lamang D. Sumunod sa opinyon ng kaibigan	

13. Isang komunidad ang nagbabalak magpatupad ng curfew para sa kabataan. Ano ang pinakamainam na tanong upang masuri ang mungkahing ito?

A. Sino ang may ideya nito?
B. Ano ang magiging epekto nito?
C. Sino ang tutol dito?
D. Kailan ito ipapatupad?

14. Kung may isang kaklase na nagbibigay ng opinyon ngunit kulang sa impormasyon, ano ang pinakamainam na gawin?

A. Tawanan siya
B. Iwasto siya nang may respeto
C. Balewalain siya
D. Makipagtalo agad

15. Ano ang pangunahing layunin ng kritikal na talakayan tungkol sa mga napapanahong isyu?

A. Makipagtalo sa ibang tao
B. Makahanap ng posibleng solusyon sa problema
C. Magpakitang-gilas sa diskusyon
D. Iwasan ang pakikilahok sa komunidad

VII. PAGNINILAY	(see nested table and items below)	

Gabay na Tanong	**Sagot**
1. Sa mga isinagawang gawain, paano ko nakita ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa iba't ibang uri ng teksto?	
2. Anong mga estratehiya sa mga pagsusuri ng mga tekstong may kultural na kaugnayan ang nahirapan silang unawain? Paano ko ito matutugunan?	
3. Aling bahagi ng pagtuturo ang epektibo? Alin ang nangangailangan pa ng pagsasaayos?	
4. Anong interbensiyon o pagbabago ang maaari kong gawin sa susunod upang mas mapaunlad ang kanilang pakikilahok at pang-unawa?	

1. **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.**

   ____

   ____

2. **Bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation.**

   ____

   ____

3. **Nakatutulong ba ang remediation? Bilang ng mga mag-aaral na naunawaan ang aralin.**

   ____

   ____

	4. **Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** ____ ______________________________________ 5. **Alin sa mga estratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** ____ ______________________________________ 6. **Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punongguro at superbisor?** ____ ______________________________________	